
# Pagbasa Sa Isipan Ng Isang Muslim




## Mga Mensahe Sa Isip Ng Muslim

SA PAMAMAGITAN NG: DR. HASSAN HATHOUT
ANG AKLAT NA ITO AY ISINULAT AT ISINUMITE NI
DR. MUSTAFA MAHMOUD

# ***Pagbasa Sa Isipan Ng Isang Muslim***

Ang Aklat na ito ay isinulat at Isinumite ni
Dr Mustafa Mahmoud

*Paunang Salita*

*O Allah gabayan ninyo at patnubayan ninyo po kami*

*O Allah pahintulutan ninyo po kami upang manatili sa mundong ito*

*At gawing pinakamaganda sa amin ang Araw*

*ng pagpupulong sa Inyo*

*Ang inyong Mahirap na Tagapaglingkod*

*Hassan Hathout*

***Pagbasa Sa Isipan Ng Isang Muslim***

Talaan Ng Mga Nilalam

Paunang Salita ………………………………………. 1

Panimula ……………………………………….. 5

Unang Kabanata – Ang Diyos……………………….. 8

Ikalawang Kabanata – Kaya Ano? Ay Ano Ngayon?

Ang Diyos Ay ……………………………….. 14

Ikatatlong Kabanata – Ang Islam At Iba Pa ………. 27

Ang Pangkat ng Angkan ng Kasulatan – Ang Hudyo

At Kristiyano …………………………………… 29

Pagkakaiba Ng Doktrina ……………………………… 34

Ang Mga Hudyo ………………………………………… 38

Ang Mga Kristiyano ………………………………………… 53

Ika-apat Na Kabanata ………………………………… 83

Ang Pangkalahatang Ayos – Ang Pinagkukunan ng

Shari'ah …………………………………............. 84

Ang Layuning Ng Shari'ah - Ang Buhay …………... 89/90

Ang Isip …………………………………............. 91

Ang Relihiyon ……………………………............. 92

Pagmamay-ari At Ang Mga Ari-arian................. 93

Pagkakaroon Ng Anak at Pangangalaga

Ng Mga Lahi ……………………………... 94

Simbahan At Ang Estado …………………………….. 96

Demokrasya ………………………………………… 107

Ang Sariling Kalooban ……………………………… 122

Limang Haligi ng Islam (Shahadah, Pagdarasal, Zakat,

Pag-aayuno at Hajj (Pereggrino)………………….. 128-136

Moralidad Sa Islam ………………………………………… 143

Ang Qur'an At Ang Propeta Ay Nagsalita …………….. 146-162

Ikalimang Kabanata …………………………….................. 170

Ang Bagong Kaayusang Pandaigdig …………………. 172

Ang Pamilya at Sekwal na Rebolusyon ……………… 203

Ang Euthanasia ……………………………………… 219

Ang Buhay Ng Tao ………………………………… 220

May Karapatan Bang Magpakamatay?.. ………….. 222

Euthanasia - Pagpatay Dahil Sa Awa ……………. 223

Ang Pinansiyal Na Mga Dahilan………………….. 226

Ang Klinikal Na Kalagayan ……………………… 228

Komentaryo ………………………………………… 231

Jihad - Magsumikap Upang Makamit Ang Mabuti ...... 233

Ang Bio-medikal na Etika……………………….. 238

I Reproduktib Na Mga Isyu ……………………… 238

Regulasyon ng Pagkamayabong Kontraseptibo

(pagpipigil sa pagbubuntis)………………………. 238

Pagpapasuso …………………………………… 241

Ang Intra-Uterine Na Aparatu……………………. 242

Pagpapalaglag …………………………………… 243

Paggamot sa kawalan ………………………… 248

Artipisyal na Pagpapabinhi …………………… 248

Ang In-vitro Pagpapabunga (IVF) …………….. 248

Ang Pangalawa Na Pagiging Ina…………………. 249

II Ang Pagbigay ng Organ at Paglipat …………….. 250

Paglipat ng Nerbiyos (Kabado) na

Tissue ………………………………….. 251

Ang Anencephalic ng Isang Sanggol………. 252

Paglipat ng mga Glandula ng Kasarian ….. 253

III Ang Kahulugan ng Kamatayan …………………… 253

IV Ang Genetik Engineering ………………….............255

Panghuling Salita ……………………………………… 260

*Panimula:-*

Ako ay isinilang sa pamayanan ng Ehipto sa panahon ng pananakop ng Britanya. Malaki ang naging bahagi nito sa aking buhay. Yamang ang pinakamaagang ala-ala mula pagkabata ay ang paghihirap nang aking ina. Pagkalipas ng panahon lagi niyang sinasabi nang ikaw ay aking dinadala naipanata (naipangako) ko na tatawagin kang Hassan at italaga ka upang patalsikin ang Britanya mula sa Ehipto. Nakatatak ito sa akin nang malakas. At ang kinaratnan ay walang layang kabataan at hindi bulakbol o delikuwenteng pagbibinata. Nagkaroon ako ng

panuto at layunin sa buhay. Ang aking henerasyon ay sumunod sa yapak ng mga nakaraang henerasyon sa pagsugpo sa pananakop ng Britanya sa anumang paraan kinakailangan. Sa mga Britanya at ang kanilang kahaliling pamahalaan ng Ehipto, kami ay mga terorista nguni't sa buong bansa ng Ehipto at sa mundo kami ay mga manlalaban para sa kalayaan. Kami ay mapalad at nakita ang katapusan nang pananakop ng Britanya.

Nang ako ay mamuhay kalaonan sa Britanya upang ipagpatuloy ang aking pag-aaral, natunan kong mahalin at humanga sa mga taong Briton. Napagtanto ko rin na ang tao ay kakaiba mula sa patakarang panlabas ng kanilang mga pulitiko at estadista. Nangyari rin sa akin nang maglaon ng ako ay dumating sa Amerika upang doon na mamalagi at gawin itong aking tahanan. Ang *katinuan* at paninindigan ang nagpalakas nang aking buhay eskolastiko. Natamo ko ang pinakamataas na katangian sa klinikal (pagsusuri), sa larangan ng karunungan sa pagpapa-anak at ginekolohiya, at upang matiyak ang matatag na katangiang pang-akademiko, natanggap ko ang aking Pagkaduktor sa Pilosopiya (Ph.D) mula sa Pamantasan ng Edinburg, Scotland. Ang aking sanaysay ay " Pag – aaral Sa

Karaniwang at Di Pangkaranawinang Embryogenesis ng Tao." Laking tuwa ko nang makamit ko ang matimtim kong pinangarap sa buhay na maging isang propesor sa pamantasan, tagapangulo ng aking kagawaran, tagasuri (clinician), siyentipiko at guro at narating ko na rin ang mataas na katayuan sa pangkat ng mga propesyonal sa buong bansa, pampook (rehiyonal) at pandaigdig.

Subalit, ang lahat ng ito, *ay isa lamang sa aking dalawang baga kung saan huminga*. Ang aking iba pang pag-ibig ay ang pag-aaral ng relihiyon lalo na sa sarili ko ngunit mayroon din kaibahan. Ang aking pagbabasa ay hindi kasing lawak o lalim ng mga pormal na mag-aaral ng relihiyon, subalit ang aking kaalamang at karanasan sa agham at sa panggagamot (medisina) ang nagbigay nang mahalagang kasangkapan kung saan aking naiisip pag-aralan ang aking relihiyon, unawain at maipaliwanag ito. Sa pagiging **bicultural at bilingual**, napagtanto ko na ang Islam ay higit na kilala sa kanluran ngunit sa maling pagkaka-unawa at di nararapat, (naramdaman ko rin minsan na ang mga Muslim mismo ay dapat makibahagi sa paninisi at paghuhusga sa Islam). Ang patuloy at walang tigil na

paninirang-puri at pagbatikos sa Islam ay naging sadya at karera ng ilang lipon ng pulitika, pahayagan at sa larangan ng aliwan. Lubos ang aking pananalig na isang pangunahin karapatang pantao ay nang makilala kung sino at ano siya (ang kanyang pagkatao). Ganap rin akong naniniwala na ang kapayapaan, pagkakaisa at kabutihang-loob sa pagitan ng mga tao ay maaring makamtan batay sa tamang pag-unawa at ito ay hindi lamang alamat, gawa-gawa o kasinungalingan. Nang sa gayon, ang mga tao ay magkaroon ng kaalaman at kamalayan sa kanilang pagkakatulad at pagkakaiba at ina-asahang igagalang ng isa't isa ang kanilang pagkakaiba at sila ay magparaya't magka-isa at ng mamuhay nang matiwasay at magkakasama-sama.

Ang aklat na ito ay mapagkumbabang kontribusyon sa ngalan ng relihiyong Islam, ang sinasampalataya ng isang bilyong mga tao sa karatig pamayanan ng mundong ito. Aking inilahad o ipinapakita alang alang sa pag-ibig. Ang Pag-ibig ay nanggagaling sa Diyos at ang pagkapoot o pagkamuhi ay mula sa diyablo

***Unang Kabanata : Ang Diyos***

Tinanong ko ang aking apong babae, "Naniniwala ka ba sa Diyos? pabiglang sumagot "Oo naman, at pagkatapos, nakahalina ang kanyang hininga, idinagdag niya " yan ang sabi nang Mama!" Pagkatapos ay dinampot ko ang isa sa kanyang mga aklat at tinanong ko siya "Sino ang nagsulat ng aklat na ito?", agad niyang binasa ang pangalan nang may-akda ng aklat. Patuloy ang aming pagtatalo at sinabi ko na "Ipagpalagay na pupunitin ko ang unang pahina nitong aklat na may pangalan ng may-akda at imungkahi ko sa iyo na ang aklat na ito mismo ang sariling nagsulat, samakatuwid walang manunulat, ano ang iyong masasabi? "*Siyempre*, isang malinaw na "hindi mangyayari! Ang natitirang bahagi ng talakayan ay naging maayos at makatuwiran na ang aklat ay patunay nga ng isang manunulat at katulad din na ang paglikha ay patunay ng Tagalikha. Tuwiran at madali subali't ito ang sentral na pananaw sa pag-iisip ng isang Muslim. Ito marahil ay katulad ng intelektuwal na pamamaraan na humantong sa Patriyarka Abraham (kinikilala rin sa Islam na "Ama ng mga Propeta) upang hanapin ang Diyos. Di siya makapaniwala sa mga idolo na gawa o inukit at sinasamba ng kanyang mga tao. Sinimulaan niyang isaalang –alang ang mga bagay (artikulo) ng kalikasan

upang maging diyus- diyosan tulad ng mga bituin, buwan, at araw, bagkus nakita niya na ang lahat ng mga ito ay sumusunod lamang sa ilang mga batas at alituntunin kaya siya ay nag-isip kung sino ang nagtakda sa mg batas na iyon. Ang may katuturan at nauugnay na ulat sa banal na Qur'an ay magtatgpuan sa Kabanata - ***Ang Bakahan (An – Am) (6) talata*** : 75 -78 kung saan ito ay nasaad na:

*"Sa ganito, Aming ipinamalas kay Abraham ang kaharian ng mga kalangitan at kalupaan upang siya ay mabilang sa mga may tiyak na pananalig. Nang ang kadiliman ng gabi ay lumambong sa kanya, siya ay nakamalas ng isang bituin. Siya ay nagsabi : Ito ang aking Panginoon." Datapuwa't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: Hindi ko naibigan yaong lumubog.*

*Nang mapagmasdan niya ang buwan na sumikat, siya nagsabi : Ito ang aking Panginoon." Subali't nang ito ay lumubog, siya ay nagwika: kung ako ay hindi papatnubayan ng aking Panginoon, katiyakang ako ay mapabilang sa lipon ng mga tao na naliligaw sa kamalian."*

*Nang makita niya ang araw na sumisikat: Siya ay nagsabi: "Ito ang aking Panginoon. Ito ay higit na dakila. Subali't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: " O aking pamayanan! Katotohan ako ay Malaya sa lahat ng mga iniaakibat ninyo na katambal sa pagsamba kay Allah."*

Gayunpaman ang kuro-kuro na ang Diyos ay hindi kasing tanyag kagaya ng ating iniisip o guni-gunihan. Namangka ako ng makita ko na ang karamihan sa aking mga kasama sa siyentipiko, sa lupon ng akademiko kasali ang Europa at Amerika at hindi lamang sa datihang lupon ng komunista ay hindi rin naniniwala sa Diyos (atiesta). Ako mismo ay nagsumikap na mapabilang sa kanila sa isang yugto ng aking buhay. Ito ay bantog at isang magandang pagkakataon pagkatapos ng ikalawang digmaan pandaigdig. Sa gitna ng mga mag-aaral sa pamantasan ng aking inang Bayan ng Ehipto, ninais kong mapabilang sa aking mga katulad sa katayuan subali't hindi ko maatim na ilagay ( o hanay) ang aking sarili sa pananalig nang kawalang diyos sa Sansinukuban. Ang paksang ito ay nahinto isang gabi nang buklatin ko ang diksyunaryo upang tingnan ang kahulugan ng katagang iyon nang umusbong

ang isang kaisipan o pananaw, ipagpalagay nating may isang taong iminungkahi na ang walang kamalian pagsasa-ayos ng mga salita sa diksiyunaryo at sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga alpabetiko ay ang kinalabasan ng pagsabog ng isang tindahan naglilimbag na naging sanhi na ang mga pangunahin titik ay sumambulat sa hangin at nang mahulog, natagpuan ng gayon lamang, nai-ayos ng maayos, gaya ng nasa diksyunaryo. Hindi ito matanggap ng aking isipan. Kung Siya nga ang Tunay na TagapagLikha, mangyari lamang na wala ng maaring hihigit pa kaysa Kanya sa anumang paraan o kungdi kaya ay magkakaroon ng “kakulangan”. Magkakaroon Siya ng hangganan at ito ay hindi magkatugma sa pagiging Iisa Niya o ang Pagiging Pangunahing Dahilan na tinutukoy sa pilosopiya na ito. Ang sukat sa lahat ng Kanyang mga katangian ay maaaring ipahayag sa mga tuntunin ng kawalang-hanggan. Sabagay, hindi natin talastas o maunawaan kung ano talaga ang kahulugan ng kawalang hangganan, datapuwa’t dapat natin alamin at kilalanin na ito ay likas dahil tayo ay may katapusan at nang mauunawaan na may wakas ang walang hangganan, Katunayan ang agham ng matematika ay kinikilala ang kawalang-hanggan bilang isang katotohanang matematikal at

nagpahayag ito ng isang natatangi o pasadya na tanda, **“”** sa pangkaraniwang paggamit ng aming matematika. Katotohanan ang Diyos ay walang Hangganan. Ang Diyos ay kaya Niya tayong unawain, dahil sa ating kakulangang o pagkatao ay hindi natin abot ang Kanyang Kakayahan at nababatid natin Siya sa pamamagitan ng Kanyang mga palatadaan at pagpapahayag at sa pamamagitan ng Kanyang mga **Nilikha**. At marahil sa kawalang-hangganan hindi ito maaring mahati ng dalawa o tatlo o humigit pa, samakatuwid walang Diyos na nauukol lamang sa mga Hudyo, iba pa para sa mga Kristiyano, sa mga Muslims, sa mga *Hindi* at isa sa mga walang pinapaniwalaan atbp. Ang Diyos ay iisa. At dahil ang tunay na Diyos ay Nag-iisa, ay siyang ugat ng Pananampalataya sa Islam at nang paniniwala ng mga Muslim. Kapag ang panghalip na “Siya” ay ginamit patungkol sa Diyos, ito ay hindi nangangahulugan may kasarian, Ang Diyos ay higit pa sa pang-uri at ang tanong ay isa sa mga paggamit ng linguistika na kapwa may takda at *di **makatwiran***. Kapag ang mga wika ang pinag uusapan, kapansin pansin na ang ibang mga salita (kasama na ang English) ay di nagtaglay kahit isang kataga na nagpapahiwatig ng Isang Pinakamataas na Lumikha at pinalaki ang salitang Diyos upang

magkaroon ng pagkakaiba o mabukod sa mga diyos diyosan na may isang maliit na titik na "g" Ang iba pang mga wika ay nagtaglay ng espesyal o tanging pangalan nauukol lamang sa Kanya, ito ay Allah sa wikang Arabik. Kung mayroon isang nagbasa ng Diyos (sa English) Dieu (sa Franka), Adonis (sa Hebrew), o Allah (sa Arabik), hindi dapat malito. Kadalasan ang palaging katanungan galing sa mga nakikinig tuwing ako ay may panayam o nagsasalita sa *karamihan ng tao "kung ako ba raw ay sumasamba sa Diyos, kung gayon sino si Allah?"*

Sa ibang mga pagkakataon ang pagkabanggit **o** patungkol ay hindi ganoon ka-inosente (kasuwato) dahil ang ibang mga iskolar/dalubhasa sa tape o kasulatan ay nagsasabi na ang mga Muslim ay hindi sumasamba sa Diyos at mayroon silang hiwalay na diyos na kanilang tinawag na Allah.

## ***Ikalawang Kabanata: Kaya Ano? Ano Ngayon? Ang Diyos Ay:-***

Halimbawa kung may taong magtatanong? "Ano Kaya? Nararapat ba tayong mag-abala kung ang ***Diyos ay hindi*** na, o ang katanungan ay pang-akademiko lamang maakit ang interes ng mga Teolohiyan at mga pilosopiko ng teoretiko? Ano ang

kaugnayan ng pag-iral o hindi pag-iral at ano ang *praktikal* na kahitnan sa ating tunay na buhay bilang isang Lipunan ng Tao?

Ipagpalagay na ang Diyos ay nag-Iisa at Siya lamang ang Pawang Tagalikha, Pinag-aaralan o Sinaliksik ang Kanyang Nilikha at agad natuklasan na malinaw ang pagkakaiba ng mga tao sa iba pang mga nilalang na napag-aralan. Magmula sa atom hanggang sa kalawakan ang lahat ay sunud-sunuran sa mga batas at alituntunin na namamahala sa kanila. Ang mga sangkap ng atomiko at molekula ay magkatulad sa kalikasan at ang ating (mga niloloob) sa katawan ay sumusunod sa magkatulad na batas. Habang nagiging mahirap o komplikado at bumuo ng nucleic acid (ang makukulay na molekula sa ating katawan kung saan ito ay ang pangunahing sangkap ng buhay) ang kimika ay humalo sa biyolohi at sumunod din sa mga batas biyolohiya. Sa kadahilanang ito, malaki ang aming pagkagulat na tayo ay kasintulad ng mga mas mataas na hayop. Noong ako ay nasa mababang paaralan, kami ay tinuruan na ang tao (pangkaraniwang tawag sa kalalakihan at kababaihan) ay nangungulo sa kaharian ng mga hayop. Gayunpaman, hindi natin kinikilala ang ating sarili bilang isang hayop. Bagama't

magkabagi tayo ng biyolohi sa mga hayop sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga sistema ng sirkulasyon, hininga, pantunaw, metabolismo, kaligtasan sa sakit, pag-iisip, pang-amoy, pagpaparami at atbp, alam din natin na hindi ang ating biyolohi ang sanhi ng ating pagkatao. Sa *kalagitnaan ....o sa lahat ng sari na aming pinag-aralan tayo ang may mga kasarian na* humigit pa sa biyolohiya, Ang pagkatao natin ay binubuo ng suprabiyolohiya kung saan ang biyolohiya ay hindi tunay na gabay ng ating pag-uugali. May angkin tayong magkatulad na kutob *(o pakiramdam*) at *layunin subali't* ang mga hayop ay tutugon lamang sa isang simpleng paraan, at ang sagot natin ay sang ayon sa isang masalimuot (mahirap unawain) na makanismo na humigit sa likas na na pagprogram o programing. Dahil sa biyolohiya ng mga hayop, humigit kami hanggang sa mundo ng pinahalagahan, mga alituntunin at espiritual. Sa katunayan, tama ang sinasabi na tayo ay spiritual na nilalang isinilid sa biyolohikal na lalagyan na ang ating katawan. Kung sino sa atin ang magkakaroon ng kinalaman sa buhay ay tutugon sa mga pangangailan (at kasakiman) biyolohikal na mga bahagi at nagkukulang sa espiritual, ay maaring ilarawan bilang mga hayop kahit papaano (pasimbulo).

Sa pananaliksik o pag–aaral sa tao, napagtanto namin na biniyayaan tayo ng Diyos ng apat (4) na mahalagang katangian na nabubukod tangi sa ating kabalat o kauri.

(1) Karunungan o Kaalaman :-

Lahat ay may pagtangkilik sa kaalaman. Hinahanap, Naghahangad at Nagsusumikap na makamtan ito ng lubos. Ang ating utak ay may kakayahan magmasid o tumalima, mag-isip, mangatwiran, magsuri, mag-eksperimento at magtapos. Nais nating malaman ang nakaraan at ang hinaharap at unawain ang kalikasan at ang kapaligiran natin, at ating itala at ipahayag ang ating kaalaman sa iba't ibang pamamaraan.

(2) Ang Pagkaunawa (Konsepto) ng Mabuti at Masama.

Ito ay magiging madali o payak kung aasahan na ang ***Kabutihan*** ay laging kaakit-akit at ang ***Kasamaan*** ay kasuklam-suklam. Ang pagiging magulo ng buhay ng tao at ang pagmungkahi sa isip ng tao at ang pagkahilig mangatuwiran, at sa katunayan na ang kasamaan ay maaaring maging kaakit-akit, tiyak na maaaring malito, nguni't ang konsepto ay laging naroroon.

(3) Kalayaang pumili.

Ang kalayaan mamili o pumili ay nanggaling sa awtonomiya (kalayaan) na ipinagkaloob ng Dakilang Lumikha sa mga kasarihan. Malinaw na ang kalayaang ito ay hindi ganap at sumasakop lamang sa puwang na higit kung saan ito ay tumigil sa paggana. Gayonman, sa loob ng katayuan na ito, ang kalayaan ay mahalaga at may saysay at may pinakamataas na kahalagahan sa buhay ng tao.

(4) Ang kalayaang ito ang saligan ng pananagutan ng tao.

Likas na sa atin na pananagutan at pasanin ang tungkulin kinahatnan ng ating pagpili. Ito ay hindi gawa-gawa o imbento ng relihiyon, kahit pa sa lipunan ng mga hindi nananalig sa Diyos (atiesta) kapag lumabag ka sa batas gaya ng ilaw trapiko, ikaw ay managot at pagmumultahin. Sa larangan ng relihiyon, nangangahulugan na maliban kung ikaw ay malaya ay hindi mahahatulan o haharap sa araw ng paglilitis. Samakatuwid ang kalayaan ay ang pinakagitna (o pangunahing) at kakanyahan ng pagiging tao, kahit titingnan mo mula sa pananaw ng relihiyon o sa sekular na papanaw.

Nilikha ng Diyos ang isang kasarian upang managot sa kanilang mga gawain; Kung kaya't ang Diyos ay lumikha ng mga uri ng hayop na ang Tanda ay Kalayaan. Kung ang mga kaganapan o pangyayari ay higit pa sa larangan ng pagpipili o kakayahan upang makapagbago o makahikayat o maka-impluwensya ay bahagi ng kapalaran, at hindi tayo dapat managot sa kanila. Kung kaya't tayo ay mga uri ng nilikha na humantong sa isang buhay na patuloy sa sariling pakikipagtalo at walang tigil na rin na paggawa ng kapasiyahan. Kadalasan nararamdaman natin ang pag-aatubili sa pagitan ng alam natin ay tama o ang alam natin na mali at kailangan nating gamitin ang kakayahan o lakas ng ating kalooban at kakayahan natin sa pagpipigil sa sarili kapag ipinahiwatig, o kung hindi ay mapabilang tayo sa mga nagkakamali at dapat na harapin o managot sa mga kahihitnan ng ating mga gawain. Ang mga hayop ay malaya o hindi kasali mula sa patuloy na pakipaglaban sa ating sarili; mananagot o tutugon lang sila sa anumang gusto nilang gawin nang walang masisisi. Sinabi sa banal na kasulatan na ang mga anghel ay gumagawa nang pawang kabutihan sa lahat ng oras sapagkat hindi nila talastas kung ano ang kasamaan. Ang iba naman ay tumutugon na lamang sa pagpapaprogram sa kanila, at tayo ay

tumugon sa pagpipipili. Tunay na ito ang kadakilaan ng sangkatauhan. Ipinaliliwanag nito kung bakit ang Diyos alinsunod sa mga banal kasulatan, ay nag-atas o nag-utos na ang mga anghel ay yumuko kay Adam kahit na ang mga anghel ay ligtas o malaya sa pagkakasala at si Adam ay hindi, ay sinunod nila Siya, maliban kay Satanas na tumanggi dahil sa pagmamataas at naging kaaway ng Diyos at tao. Lumihis tayo ng kaunti at tingnan ang dalawang punto: nakatitiyak na ang layunin ng isa ay ang sansinukob at ang iba ay nakatutok (nakatuon ang pansin) sa tao. Ang higit na pag-aaral pang-agham sa sansinukob, lalong napagtanto na naninirahan tayo sa sandaigdig ng mga ekwasyon na may pinakamaayos o may pinakapinong timbang na ang pinakamaliit na kawalan ng timbang ay hahantong sa malaking kapinsalaan. Ngayon titingnan natin ang mga lipunan pangtao at makikita natin na ang mga tao ay buong buhay silang namumuhay sa kung tawagin ay pagkakamali, kasamaan o kasalanan, at tila tinatasama nila ito ng lubusan at sa wakas sila ay mamamatay. Kabaligtaran nito, ang iba, ay gumugugol ng kanilang buhay na nakikipagpunyagi dahil sa katotohanan, lumalaban para sa katarungan at nagdurusa o naghihirap sanhi ng kanilang mga

mithiin, at sa katapusan sila ay mamamatay. Maaari bang iyon na lamang lahat? Maaari bang ang kamatayan ang magiging wakas ng magkakatulad na uri ng buhay? Isang bagay na pakiramdan namin ay hindi makayanang tanggapin ng aming kalooban. Kung sa gayon nasaan nakasalalay ang pananagutan? Kung ang katapausan ng kuwento ay ang kamatayan, ito ay malinaw na salungat sa ***maselan na pagtimbang*** na lumaganap sa buong sansinukob. Yamang ang tanging pangwakas kung ganoon ay ang kamatayan at hindi isang katapusan. Ang kamatayan ay hindi maaaring masundan ng walang katuturan kundi sa pamamagitan ng isa pang buhay upang sundin kung saan ang timbang (balanse) ay naibalik sa dati at ang pananagutan ay nagampanan o naisakatuparan. Ito ay ang kabilang buhay na sinasabi ng mga relihiyon kung saan ang mga tao ay hahatulan ng Diyos, ang Pinakamatuwid na Hukom sa Araw ng Paglilitis. Tayo ay pinagkalooban ng Diyos ng kalayaan at tayo ay mananagot sa ating mga gawain o pananagutan. Hindi tayo uliran na nilalang, ni hindi naman tayo sinadya (na walang kapintas-pintas). Kinakailangan naming gawin ang aming makakaya sa harap nang kahirapan, at tukso at malimit na ang aming pinakamahusay ay hindi sa walang palya.

Kami ay nagsusumikap at ang aming buhay ay isang walang katapusan o panghabang panahon na labanan o pagbabaka. Kaya makatuwiran lamang na kilalanin ng Diyos ang ating pagsusumikap, pahalagahan ang ating pagsisikap at mamahalin tayo bilang pinaka-dakila Niyang nilalang. Tiyak na malugod Niya tayong makita na papasa sa pagsubok hinggil sa pananagutan, sa kabila ng ating kalayaang mamili. Ang pinakamainam na paraan upang ipaala-ala sa atin na Siya ang Pinakawakas na *Dulugan* at Panginoon, ng mabuti at masama, habang inilalarawan Niya ito sa atin, at ang di maiiwasang Araw ng Paghuhukom nang tayo ay mananagot ng ganap (sa ating mga pananagutan). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng pagpili ng iilang kasapi ng mga angkan ng tao, nakikipag-ugnay sa kanila sa Kanyang Sariling pamamaraan (halimbawa, tuwiran pag-usap, **tablet** na nakasulat, pahayag o pagbibigay-sigla, pagpapadala ng anghel) at ang pagbibigay sa kanila ng tungkuling (o takdang gawain) bilang sugo at tagapaghatid ng Kanyang mensahe sa mga kapwa tao o mamamayan: Sumamba sa Diyos at ang Diyos lamang, gumawa ng kabutihan at pigilin ang kasamaan at tandaan lagi na ang hindi maiiwasang pananagutan sa Kanya sa di-maiiwasang Araw ng Paghahatol.

Ito ang konsepto o pagkakaunawa sa pagiging Sugo at sa buong kasaysayan ng sangkatauhan ay tumanggap ng maraming bilang ng mga propeta at sugo. Sa mahabang tanikalang ito ang iilan ay binanggit sa pangalan sa mga banal na kasulatan, at ang iilan ay binigyan o nakatanggap ng mga banal na pahayag mula sa Diyos, at ang iba ay binigyan ng kapangyarihan mula sa Diyos upang magsagawa ng ilang mga himala. Ang tatlong pinakahuli sa tanikala o talaan ng mga propeta ang mga punong personalidad na naniniwala sa iisang Diyos ng relihiyong Abrahamiko - ang Hudaismo, Kristiyano at Islam. Ang tatlong mga personalidad na ito ay nanggaling lahat sa angkan ni Patriyarkang Abraham, si Muhammad sa pamamagitan ni Ismail at sila Moises at Hesus naman ay galing kay Ishak o Isaak. Sila Ismail at Ishak ay ang dalawang anak na lalaki ni Abraham. Gayunpaman, naaangkop sa pagkakataong ito, na ituro sa mga Hudyo na ang hanay ng mga propeta ay hindi tumigil o huminto sa Hudaismo. Sa kanila ay hindi si Hesus ang Mesiyas, ni hindi ang kanyang ina, si Maria (Maryam), ang Malinis na babae ayon sa kanyang pag-aangkin. Naghihintay pa rin sila sa Mesiyas at itinanggi na ang Kristiyano bilang banal na relihiyon. Sa mga Kristiyano ang hanay o linya ay nagtapos sa Kristiyanismo.

Kinikilala o tinatanggap nila ang Hudaismo bilang isang banal na relihiyon ng walang kapalit/katumbas sa mga Hudyo. Samantala, kapuwa kinikilala ng Islam ang Hudaismo at Kristiyano bilang mga relihiyong isinugo (ipinadala) ng Diyos sa kabila ng katotohanan na hindi naniniwala ang mga Hudyo o ang mga Kristiyano na ang Islam ay gayon din, o si Muhammad ay isang tunay na propeta at sugo ng Diyos. Ito ay bahagi ng pananampalataya ng bawa't Muslim (ang taong nagpapahayag ng Islam) upang maniwala kay Moises at sa Torah at kay Hesus at sa Ebanghelyo at sa naunang hanay ng mga propeta. Sa katunayan sa Qur'an, ang banal na kasulatan na ang mga Muslim ay naniniwala na ito nga ay tunay na mga salita ng Diyos, sila (ang mga Muslims) ay nagbabasa at matatagpuan sa Kabanata - Ang Pagsasanggunian (S. As-Shura) (42) : 13 kung saan sinabi na:

*"Siya (Allah) ang nagtakda sa inyo ng gayon ding Pananalig (Islam) na Kanyang itinakda (ipinag utos) kay Noah, at gayundin and Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) at gayundin kay Abraham, Moises at Hesus, na nagsabi (nagsasabi na) kayo ay manatiling matimtiman sa Pananalig at huwag*

*kayong gumawa ng pagkabahagi bahagi rito sa Pananampalataya.*

Ang isang maikling paglalahad hinggil sa banal na Qur'an ay makakatulong upang maunawaan ng mga mambabasa na hindi sumasampalataya sa relihiyong Islam (hindi mga Muslim), (bago tayo pumunta sa mga sumusunod na pahina). Ang mga mananampalataya o ang mga Muslim ay ganap na naniniwala na ang Qur'an ay salita mismo ng Allah, *salita sa salita at titik sa titik*, at ito ay ipinahayag kay Propeta Muhammad ni Anghel Gabriel. Sa pagkabuo nito, ito ay isang aklat na kasing sukat ng Bibliya, ngunit hindi ipinahayag ng magkasabay-sabay. Ipinahayag ito sa mga maiikling talata na tumutugon sa iba't ibang mga paksa o pamumuna sa mga suliranin (o isyu) at mga pangyayari at ang pagpapahayag nito ay natapos sa loob ng dalawampu't tatlong taon. Tuwing nakatatanggap ng bahagi nang pahayag ng banal na Qur'an ang Propeta Muhammad (nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay sumasakanya) at ibig niyang ipaabot ito sa kanyang mga tagasunod, kanyang lalagyan ng tanda na katumbas ng " sa una at sasabihin na ang "Allah ay nagwika na: " at sa katapusan

naman ay sasabihing niyang ang "Allah ay nagsabi ng Katotohanan." Ang naturang pahayag ay agad-agad isinasaulo ng mga tao at isinulat din sa anumang kagamitan mayroon na maaring mapagsusulatan. Nang mabuo ang pagsusulat ng banal na Qur'an, ito ay inilagay ng Propeta Muhammad sa wastong pagsasa-ayos (hindi na-aayon sa magkasunod-sunod na hanay subali't ito ay sang-ayon sa banal na kautusan o tagubilin). At magmula noon, ito ay iningatan mabuti upang mapanatili sa kanyang orihinal o likas na wika, anyo o ayos, salita sa salita at titik sa titik. Bilang isang banal na kasulatan, ang Qur'an ay nabubukod-tangi sa anyo at ayos. Kapag naisalin na ito sa ibang wika, ay hindi na ito tinatawag na Qur'an kundi pagsasalin na lamang o ang mga kahulugan na lamang sapagkat ito ay nagiging wika ng mga tao at hindi na sa kanyang orihinal na salitang banal.

Wikang Arabik ang wika ng Qur'an kung saan itinuturing na isang walang kasintulad o kapantay sa pampanitikang himala. Naging hamon sa mga Arabo noong panahon ng propeta upang tularan o gayahin ito nguni't sila ay napahanga rito kahit na malaki ang pagpapahalaga sa kanilang sarili o kapalaluan dahil

sa taglay nilang galing sa karunungan pampanitikan o karunungan sa pagbabasa't pagsusulat. Iilan sa mga malalakas na katunggali ng Islam ay nagpasakop o tumalima ng Islam sa pakikinig lamang ng sipi o talata buhat sa banal na Qur'an.

## *Ikatlong Kabanata - Ang Islam at Iba Pa*

Ipinaliwanag na natin sa nakaraang kabanata ang katayugan o kamaharlikaan ng Sangkatauhan at ang pagiging karapat-dapat sa paglingap o paboritong nilalang sa mata ng Diyos. Ayon sa banal na Qur'an ang bawa't tao ay pinarangalan lamang sa pamamagitan ng pagiging makatao bago pa sila (ang mga taong bayan), pinag- uri-uri ayon sa kanilang pananalig o pananampalataya at lahi. Binalangkas sa kabanata - *Ang Gabing Paglalakbay* (Al Isra') (17) Talata 70 na :

*"At Katotothanang Aming ginawaran ng karangalan ang mga anak ni Adan, at Aming ginawaran sila (ng masasakyan) sa kalupaan at karagatan, at aming tinustusan sila ng Attayibat (mga pinahihintulutan na mabubuting bagay {Halal}), at Aming itinampok sila nang higit sa karamihan sa Aming mga nilikha."*

Binigyang-diin at kahalagahan ng Islam ang pagkakaisa ng Sangkatauhan bilang isang pamilya. Ito ay ipinahayag sa

Kabanata – Ang Kababaihan (an Nisa) (4) Talata : 1 kung saan ay sinabi na :

*"O Sangkatauhan! Pangambahan (ninyo) ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao (Adan), at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa (Eba), at mula sa kanilang dalawa ay nilikha Niya ang maraming lalaki at babae;"*

Ang lahat ng tao ay pantay-pantay at karapat-dapat sa mga (pangunahing) karapatang pantao, kabilang na ang karapatan na mayroon layang pumili ng relihiyon ng walang pamimilit sapagkat sa Islam ang espasyo ng iba pa ay pinapangalagaan at pinag-iingatan ng mabuti. Ang Islam ay hindi isang eksklusibong relihiyon sa halip ito ay pangkalahatang relihiyon, walang tao, klero o pastor, o kung hindi man (sa ibang pagkakataon), ay pinahihintulutan na magtakda ng hangganan sa awa at kapatawaran ng Poong Maykapal (Diyos) o magsalita sa Kanyang ngalan sa pagtatalaga ng mga gantimpala o kaparusahan. Ang tunay na tagahatol o tagahukom ay ang Diyos mismo. *Nasaad ito sa Kabanata An-Am (Ang Bakahan) (6) Talata 164 na:*

*"At sa huli, sa inyong Panginoon ang inyong pagbabalik at Kanyang ipaalam sa inyo ang mga bagay na hindi ninyo pinagkakasuduan.*"

## *Ang Pangkat Ng Angkan Ng Kasulatan- Mga Hudyo at Mga Kristiyano*

Kabilang sa sangkatuhan, ang mga Hudyo at Kristiyano ang pinakamalapit sa mga Muslim at sila ay ginawaran ng karangalan bilang mga *Tao o Angkan ng Banal na Kasulatan o Pahayag*. Sila ang mga magkakapananampalataya sa Iisang Diyos at napabilang sa mga tumanggap ng mga banal na pahayag mula sa Kanya, ang *Torah kay Moises at ang Ebanghelyo kay Hesus.* Magkasintulad sila ng paniniwala hinggil sa hanay ng mga naging propeta, at karamihan sa mga kaibigan kong Hudyo at Kristiyano ay di makapaniwala at laking gulat na lamang nila tuwing naririnig na ang mga propeta sa Bibliya ay propeta rin ng mga mananampalataya sa Islam (Muslim). Ang tatlong relihiyon ay magkabahagi rin ang kani-kanilang karaniwang alituntunin pangkabutihang-asal. Maliwanag sa al Qur'an sa kabanata – Ang Baka (Al-Baqarah) (2 : 136) kung saan ito ay nagsabi na:

*"Sabihin* (O mga Muslim); *"Kami ay sumasampalataya kay Allah at sa kapahayagan na ipinagkaloob sa amin, at (sa mga ipinahayag) kay Abraham, Ismail, Isaac, Hakob at sa (labing dalawang) tribu, at sa mga ipinahayag kay Moises at Hesus at sa mga ipinahayag sa (lahat) ng mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagtatakda sa kanila ng pagtatangi-tangi at kay Allah lamang kami ay tumatalima."*

Ang katagang Islam ay nagmula sa wikang Arabik na ang literal na kahulugan ay kapayapaan, kaligtasan, pagsuko at pagsunod. Ang isang makahulugan pananaw sa Islam ay ang pagtalima, pagsuko at sa pagpapasakop sa kalooban at ninanais ng Diyos at pagsunod sa Kanyang alituntunin. Ang mga Muslim ay pinahihintulutan ng Islam na kainin ang pagkain na inaalok sa kanila ng mga Tao sa banal na kasulatan (maliban na lamang kung tiyak na tiyak na ipinagbabawal tulad ng pag-inom ng alak o pagkain ng karneng-baboy) at suklian o tumbasan sa pamamagitan ng pag-aalok ng pagkain sa kanila. Sa kabanata – Ang Dulang (Al-Ma'idah)(5) talata (5) ito'y nagsaad na :-

***"****Ang pagkain (kinatay na bakahan) ng mga tao sa Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay pinahihintulan din sa inyo at ang sa inyo ay pinahihintulutan din sa kanila. "*

Sinundan ito nang isa pang pahayag upang pahintulutan ang lalaki na maaring mag-aasawa sa malilinis at sumasampalataya na mga babae at sinabi na:

*" (Ang pinahihintulan sa inyo sa pag-aasawa) ay malilinis na babae mula sa mga mananampalataya at malilinis na babae ng mga ginawaran ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) nang una sa inyong panahon, kung inyo nang naibigay sa kanila ang katampatang Mahr (dote o handog na ibinibigay ng lalaki sa kanyang asawa sa sandali ng pagpapakasal), na kayo ay naghahangad ng kalinisan at hindi pangangalunya, at hindi nagtuturing sa kanila bilang kalaguyo."*

Sa gayong katayuan, labag sa batas na ang lalaking Muslim (asawa) ay tangkain/subukan at magpipilit sa kanyang asawa (babae) na yakapin ang Islam, sapagkat ito ay salungat sa kautusan ng banal na Qur'an at sinabi sa kabanata – Ang Baka (S. Al-Baqarah)(2) talata 256

*" Walang pamimilit sa pananampalataya, ang Tamang Landas (katuwiran) ay naiiba (bukod) sa maling landas (kamalian)."*

Katunayan isang tungkulin sa Islam, na pangalagaan at tiyakin ang karapatan niyang magsamba ayon sa kaniyang sariling pananampalataya. Sa ***Darus Salaam o*** *lugar ng mga Muslim*, ayon sa legal na kasabihan tungkol sa *Pangkat Ng Angkan Ng Kasulatan* na :-

"*Sila ay* may mga karapatan sa atin at tungkulin natin gampanan ito." Pantay din na karapat-dapat makinabang sa panlipunan kaligtasan at ang iba pang mga bagay na kapaki-pakinabang na ipagkakaloob ng estado. Ang mga Muslim ay binigyan ng babala laban sa mga gawaing pagkapanatiko o pagkiling laban sa mga *Pangkat Ng Angkan Ng Kasulatan*, at ang Propeta Muhammad ay nagwika mismo na:

*"Kung sinuman ang manakit sa Pangkat Ng Angkan Ng Kasulatan ay mistulang ako mismo ang kanilang sinaktan".*

Samakatuwid, mula sa umpisa, ang lipunang Islamiko ay isang lipunang pangmaramihan (pluralistic). Magmula ng mangibang-bayan ang Propeta Muhammad sa Madinah upang magtatag ng pangunahing Pamayanang Islam, ay nagkaroon ng kasunduan sa

pagitan ng lahat ng iba't ibang lipi o tribu kasama rito ang lipi ng mga Hudyo/Hudaismo na naninirahan doon, nagtataguyod ng kalayaan sa pananampalataya at kapwa mayroon karapatan at tungkulin. Ang Islam ay para sa lahat at hindi kumikiling sa isang relihiyon. Sa halip ito ay panawagan pandaigdig sa sanlibutan (hindi ito sa mga Arabo o relihiyon silanganin lamang gaya ng pagkakaintindi o inilalarawan ng karamihan). Bagama't ang panawagan ay nauukol para sa lahat kasama na ang mga *Pangkat Ng Angkan Ng Kasulatan*, ang hindi nila pagtanggap nito, ay hindi ito *dahilan* (makatuwiran) upang *iturin**g*** sila na kalaban o kaaway o mga hindi sumasampalataya (infidels). Sa katunayan ang katagang *"infidel"* ay nagmula sa ***taga Europa*** noong panahon ng *Krusada* upang ilarawan ang mga Muslim. Ang kabutihan ay nakikita kahit saan man naroroon. Ito ay inilahad sa Kabanata - Ang Pamilya ni Imran (Al-Imran) (3) Talata 113:-

*"Hindi lahat sila ay magkakatulad; ang isang pangkat ng Angkan ng Kasulatan ay tumitindig sa katuwiran (sa paniniwala at pagtanggap kay Propeta Muhammad), sila ay dumadalit ng*

*mga Talata ni Allah sa* mga sandali *ng gabi, at nagpapatirapa sa kanilang sarili sa Salah (takdang pagdarasal).”*

Walang sinuman tao o pangkat ang maaaring umangkin ng lubusang pagmamay-ari sa awa ng Diyos o ipagkait o itanggi sa iba. Ito ay tinukoy sa kabanata Ang Baka (S Al-Baqarah) (2) talata (62) kung saan ay sinabi na:-

*“Katotohanan! Ang mga sumasampalataya (naniniwala kay Muhammad at sa Qur’an, ang mga sumusunod sa Kasulatan (sa Torah, [mga batas], ang mga Hudyo, ang mga Kristiyano at mga Sabiyano, na nanampalataya kay Allah at sa Huling Araw at nagsisigawa ng Kabutihan, sasakanila ang kanilang gantimpala (biyaya) mula sa kanilang Panginoon at sila ay walang dapat pangambahan, at sila ay hindi magkakaroon ng kalumbayan.”* Maaari itong iugnay sa Kabanata Al-Imran (3) talata (5) :-

### ***Pagkakaiba Ng Mga Doktrina***

Ang pagkakahawig ng Islam sa Hudaismo at Kristiyanismo ay napakalawak at napakalayo ang pagkakaiba mula sa pagkakakilala ng malaking bahagi ng mga mamamayan sa kanluran. Sa katunayan, ang Islam ay kapwa malapit sa

Hudaismo at Kristiyanismo kaysa sila, sa isa't isa sapagkat kapwa nilang kinikilala ang mga banal na relihiyon samantalang mga Hudyo ay patuloy pa rin nilang hinihintay ang Mesiyas, sa kanila ay hindi si Hesus ng Nazareno. Ayon dito tila baga ang katawagang o salitang "Hudeo-Kristiyano" ay isang maling pangalan at sa aming pananaw ay nalikha (coined), dahil sa politika sa nag-iisang layunin na maibukod ang mga Muslim. Ang mas naaangkop na paglalarawan sa ating kasalukuyang *kabihasnan* ay ang *Hudeo-Kristiyano-Islam*ik, *nakikita* na ang tatlong relihiyon ay nagmula sa kinagawian o kaugalian ng Abrahamiko at alam natin na ang kabihasnan sa panahon ng Islam ay nagbibigay ng *pundasyon* para sa kasalukuyan sibilasasyon. Ito ay isang sibilasasyon kung saan ang mga Muslim, Hudaismo at Kristiyano at ang iba pa ay namumuhay ng matiwasay, ng may kaligtasan at katarungan na sumasailalim sa isang pamamaraan ng pagpapaubaya o pagpaparaya at pakikipagtulungan. Malaki nga ang bilang ng kanilang pagkakatulad subali't maging kapaki-pakinabang din kung magkaroon ng kaalaman sa ilang pagkakaiba sa mga doktrina na umiiral sa pagitan ng Islam at ang iba pang mga pamayanan ng mga pananampalatayang Abrahamiko. Isang pangkalahatang

balangkas ay ibibigay ng walang anumang balak o layunin na pagharapin o salakayin ang mga iba pang mga mananampalataya kundi upang itulot o paganahin ang mga Hudyo at Kristiyano na mambabasa na linawin at muling pahalagahan ang kanilang paninindigan tungo sa Islam, sa halip ng malawakang paninira ***na*** sanhi pa rin hanggang ngayon ng labis na pagkamuhi at masamang loobin batay sa kawalang alam o kamang-mangan at hindi pagkakaunawaan. Una, marahil, ay kung papaano maunawaan ng mga Muslim ang Diyos at ipahayag ang kanilang sarili sa Kanya. Ang Diyos ay Walang Hanggan, ang Walang Katapusan at ang Ganap at Walang Takda sa lahat ng Kanyang katangian. Labis-labis sa atin upang isipin o guni-gunihin na hubugin Siya (o Siya ay may anyo) o ipahayag Siya sa anumang pamamaraan na magkaroon Siya ng takda o hangganan o di kaya ay nagpapababa at nagpapabawas sa Kanyang kawalang hangganan. Ginagamit ang pinakamagalang na wika kapag tumutukoy sa Diyos. Samakatuwid magiging *di kapani-paniwala* sa isipan ng mga Muslim na basahin (sa Bibliya) na ang Diyos ay naglakad sa halaman ng Paraiso, o pinagtipon-tipon Niya ang mga angel at ibinalita sa kanila ang tungkol kay Adan "Narito, ang tao ay naging isa sa atin" o ang Diyos ay

gumawa ng isang bagay pagkatapos ay nagwika na sana hindi Ko ito ginawa, o ang Diyos ay nagtrabaho ng anim na araw at kinailangan magpahinga Siya sa ikapitong araw o mayroon nakipagbuno sa Diyos at (halos) na Siyang matalo.

Ang isa pang bahagi na mayroon kinalaman sa mga propeta at sugo na hinirang o itinalaga ng Diyos. Ang mga Muslim ay naniniwala na ang mga ito ay pinili ng Diyos upang iparating ang kanyang mensahe at maging mga modelo o uliran sa kanilang pamayanan. Sa tuwing ang mga pamayanan ay bumalik sa pagsamba ng idolo o magbigay kaakibat sa Diyos o lumihis sa Koda ng moralidad na ini-atas Niya, o iyong mga taong ipinadala upang paalalahan at itama ang mga pangyayari. Kung ang pagiging perpekto ng tao ay maaaring makamit, sila ay *magiging isang* ehemplo at sagisag nito

Ang mga paniniwala na iniulat sa Bibliya na ang mga propeta ay mapagkunwari kagaya ni Hakob na nagsuot ng balat ng tupa upang magpanggap siyang si Esau, ang mabalahibo niyang kambal na kapatid sa kanilang bulag na ama na si Ishak, nilinlang ang ama upang maibigay sa kanya ang pagpapala na nauukol sa kanyang kapatid, at nang malaman ng Ama, siya ay

nagsabi na wala akong magagawa tungkol diyan at ang Diyos mismo ang may pahintulot nito, isang bagay na buo o ganap ang pagkakaiba sa katuruan ng Islam. Ni ang mga propeta ay gumawa ng mahalay na mga kasalanan tulad ni Lut na nalasing at nakipagtalik sa kanyang kanyang dalawang anak na babae. Ang tanging pagtatapos (konklusiyon) na bukas sa mga Muslim ay unawain na iyan ay mga bagay- bagay na may panghimasok o may kagagawan ang tao sa pagpapapasok nito sa banal na kasulatan.

### *Ang mga Hudyo –*

Karaniwan sa mga Muslim na tawagin ang mga Hudyo bilang kanilang mga pinsan dahil sa kay Abraham (Ibrahim) na siyang pangkaraniwang ingkong (lolo) ni Muhammad sa pamamagitan ni Ismail at ang Israel (Hakob) at ang kanyang mga anak sa pamamagitan ni Ishak (Isaac). Tulad ng pagkakakilala, ang kasal ni Abraham kay Sarah na noong ay hindi nanganganak (baog) hanggang sa katandaan gulang. Dahil sa habag niya sa kanyang asawa, iginiit ni Sarah na kunin ni Abraham ang kanyang Ehipsiyong katulong na si Hagar (Hajar), na naglihi at nanganak kay Ismail. Sa bandang huli ay hindi niya

makayanang mamuhay na kasama ang katulong at ang kanyang anak at pinilit si Abraham na palayasin ang mga ito kaya dinala sila ni Abraham sa lugar na pagkalipas ng mga siglo ay naging lungsod ng Makkah. Ang pagdadalamhati o paghihirap ng ina na naghahanap ng tubig pagkatapos maubos ang kanilang mga pinaglaanan (pagkain) at ang hindi inaasahang pagbukal ng balon ng Zamzam ay inalala o ginugunita taun-taon ng mga Muslim na isa ito sa mga ritwal (mahalagang sangkap) ng Hajj (peregrinasyon o paglalakbay sa banal lugar), pati na rin ang pagdalaw sa Kaaba, ang unang masjid ukol sa pagsamba o pananampalataya sa Isang Diyos, na itinayo ni Abraham at Ismail noong isa sa pagdalaw niya (Abraham) sa kanila. Ipinagkaloob ng Diyos na si Sarah, na rin sa kanyang menopos ay magbubuntis at manganak kay Ishak (Isaac) ama ni Hakob na ang pangalan ay pinalitan o binago kalaonan sa Israel, ang ama ng labindalawang anak ni Israel. Ang mga Muslim ay ***nanlumo*** nang makita ang kalakihang bahagi ng mga Hudyo at Kristiyano ay hindi isinaalang-alang na si Ismail ay anak ni Abraham, yamang ang ina ni Ismail ay isang katulong. Sa salin ng Haring James ng Banal na Kasulatan (Edisyon ng Pulang Titik na inilathala ng Collins World) ang pangalan ni Ismail ay

nawawala mula sa talasalitaan, at maari akong makakuha ng kanyang kuwento sa pamamagitan ni Abraham bilang aking susi. Muli sa Genesis (17:16, 23, 25, 26 & 21:11) ay tumutukoy kay Ismail bilang "kanyang anak," (pinag-uusapan ang tungkol kay Abraham) kaya't hindi maaring tanggihan ang anak na iyon. Bukod pa diyan, paghinanap o sinusubaybayan ang mga anak ng Israel sa gilid nila sa Ina, naisaad sa Genesis na inasawa ni Israel ang dalawa niyang mga pinsan, sina **Raquel at Lea (Rachel & Leah)** at ang kanilang dalawang katulong, na sina *Zilpa at Bilhah* (Zilpha & Bilhah), at mula sa kanilang apat ay nagkaroon ng labindalawang anak ng Israel. Ngunit walang sinuman ang nakapagsabi o umangkin na alinman sa kanila ay nagkulang o nakahihigit sa mga anak ng Israel sapagkat ang kanilang mga nanay ay mga katulong. Mayroon bang kakaiba o dobleng pamantayan itinakda laban kay Ismail? Nang iniulat sa Genesis (22:2) na sinabi ng Diyos kay Abraham na:-

"*Dalhin mo ngayon ang anak na lalaki, ang iyong bugtong na anak na si Ishak, na iyong minamahal, at pumasok ka sa lupain ng Moria, at ihandog siya roon para sa isang handog na*

*sinusunog sa isa sa mga bundok na Aking sasabihin sa iyo tungkol sa,*"

Pakiramdam ng mga Muslim na ang pagbanggit sa pangalan ni Ishak ay sinadyang ipinasok sapagkat hindi magpakailanman na si Ishak ang tanging anak ni Abraham, na labingtatlong taon nakakabata kay Ismail, at kapwa silang buhay nang mamatay ang kanilang ama. Ang paggunita sa mga pagsusubok kay Abraham at ang kanyang buong pagtalima at pagsuko sa Diyos kahit na ang pagpatay (o pagkitil ng buhay) sa kanyang nag-iisang anak (Ismail) ay taunang ginugunita at ipinagdiriwang ng mga Muslim bilang isa sa mga ritwal ng Hajj. Sa mga Muslim, gayunpaman, kapwa sina Ismail at Ishak ay kapwang pinagpala at pinahahalagahan na mga propeta. Ang Qur'an ay gumawa ng ilang limampung patungkol sa mga Hudyo o mga anak ng Israel bukod sa pagbanggit kay Moises ng ilang isang daang tatlumpong pito ulit at ang Torah labing walong ulit. Ang magkaloob ng mabubuting papuri ay ibinunton sa kanila pati na rin ang isang patas o makatarungan na bahagi ng paninisi at pagsaway. Ang mga halimbawa ay binalangkas *sa Kabanata - Ang Baka (s Al Baqarah)* (2) talata (47 -52) at sinabi na:-

*"O Angkan ng Israel! Alalahanin ninyo ang Aking Biyaya na Aking ipinagkaloob sa inyo, at kayo ay higit Kong pinahalagahan sa lahat ng mga nilalang (sa inyong kapanahunan na lumipas).*

*At inyong pangambahan ang Araw ng Muling Pagkabuhay na ang bawat isa ay hindi makakaasa ng tulong ng iba; at ang pamamagitan (ng iba) ay hindi tatanggapin sa kanya at wala ring kabayaran ang tatanggapin mula sa kanya at sila rin ay hindi matutulungan.*

*At (Alalahanin) nang kayo ay Aming iniligtas sa mga tao ni Paraon (Fir'aun) na naglalapat sa inyo ng kasakit-sakit na kaparusahan; na pumapatay sa inyong mga anak na lalaki at hinayaan mabuhay ang inyong kababaihan, at naririto ang matinding pagsubok mula sa inyong Panginoon.*
*At (Alalahanin) nang Aming hinati ang dagat para sa inyo at iniligtas kayo, at Aming nilunod ang mga tao ni Paraon sa harap ng inyong paningin (habang kayo ay nakamasid).*

*At (alalahanin) nang Aming itinalaga kay Moises ang apatnapong gabi , (at makaraan) ay inyong sinamba ang batang baka (na yari sa ginto) sa kanyang pansamantalang*

*pagkawala; at kayo ay gumawa ng kasuklam-suklan na kamalian.*

*Gayunpamanm, kayo ay Aming Pinatawad, (upang pagkaran nito), kayo ay mayroong pagkakataon upang magkaroon ng damdamin ng pasasalamat."*

*At sa Kabanata Yunus (S Yunus) (10:93) sinabi rito na*

*"At Katotohanang Aming itinira (itinahan) ang mga Angkan ng Israel sa isang karangal rangal na lugar (Sham at Ehipto), at Aming pinagkalooban sila ng mabubuting bagay, at sila ay nagkaroon ng pagkakahidwa-hidwa matapos ang kaalaman ay dumatal sa kanila. Katotohanang si Allah ang hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga bagay na hindi nila pinagkakasuduan."*

Dapat pag-ukulan ng pansin na tuwing sinaway ang mga Hudyo ay sapagkat ang katotohanan ay may isang bagay silang ginawa na itinuturing ng Qur'an na salungat mismo sa kanilang relihiyon. Dapat din na bigyan sila ng pagsasaalang-alang sa katotohanang sa loob ng mahabang panahon sila (ang mga Hudyo) ay ang tanging tagapagdala ng paniniwala sa iisang Diyos (monotheismo) sa mundo na noon ay pagano at mga

nagsasamba ng mga simbolo o imahen. Ito ay binigyan diin, halaga at ganap na kinikilala sa Qur'an sa pagdating ng Kristiyano at sa kalaunan ang Islam, a*ng pag-angkin ng mga Hudyo na sila lamang ang tanging nagmamay-ari ng pagsasamba ng Iisang Diyos ay nawalan ng halaga. Kasama nito ang matinding paniniwala na hanggang sa ngayon na sila nga ang piniling lahi.* At hindi ang pakiramdam ng mga Kristiyano at Muslim. Sa katunayan, ang Islam ay hindi sang-ayon sa paniniwalang may pinili o kinikilang lahi at ito ay sinabi sa Kabanata – Ang Mga Nagigitnang Silid (S Hujurat)(49) talata (13) kung saan ay sinabi na:-

*" O Sangakatauhan! Aming nilikha kayo mula sa isang pares ng lalaki at babae, at Aming ginawa kayo sa maraming bansa (pamayanan) at mga tribo upang mangakilala ninyo ang isa't isa. Katotohanang, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ni Allah ay (yaong sumasampalataya) na may at-**Taqw**a (katangian ng isang tunay na mananampalataya na may pag-aala-ala at pagkatakot kay Allah, kabanalan at kabutihan)."*

Ang mga tao ay maaaring maging mas mahusay o mas masama sa batayan ng katuwiran at hindi sa pag-aari sa isang tiyak na

linya ng ninuno. Ito ay malinaw na ipinahayag sa Qur'anikong salin na nagsaad sa pangako ng Diyos kay Abraham na kanya naman tinupad. Ito ay matatagpuan sa kabanata - Ang Baka (S Al Baqarh) (2) talata (124)

*"At (alalahanin) nang si Abraham ay sinubukan ng kanyang Panginoon sa pamamagitan ng natatanging Pag-uutos na kanyang tinupad. Siya (Allah) ay nagwika sa kanya: "Katotohanan, ikaw ay Aking gagawin na isang pinuno (Propeta) ng Sangkatauhan). (Si Abraham) ay nanikluhod:*

*"Gayundin ang aking mga anak (lahi) bilang mga pinuno." (Si Allah) ay nagwika: "Ang Aking Kasunduan (paghirang sa Propeta atbp.) ay hindi nakasasakop sa Zalimun (mga talampalasan, mapagsamba sa diyus diyosan, mapaggawa ng kamalian at mapang-api)."*

Ang isa pang isyu ay nagmula sa Tipan (kasunduan) na ibinigay ng Diyos kay Abraham sa bibliyang salin "at ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi pagkatapos ay ang lupain kung saan ikaw ay estranghero. Ang lahat ng mga lupain ng Canaan, para sa isang walang hanggang pag-aari" (Genesis: 7-8). Ang pagiging masalimuot ng suliranin sa Palestino ay nakukuha mula sa

mga tagubilin, katulad ng kabaitan sa mga hayop at pag-iwas sa labis na pasanin sa kanila.

Ang kahanga-hangang mga turo ni Propeta Muhammad ay: " Ang Diyos ay hindi lumilikha ng isang sakit nang walang paglikha ng isang lunas para dito... ang ilan ay kilala at ang ilan ay hindi," at isang puwersa para sa pagpapatuloy na paghahanap.

## (2) Pag-Isip

Ang isip ay sagisag o tanda ng isang nilalang. Ito ay ating kasangkapan upang malaman ang mabuti at masama at upang galugarin ang kalikasan sa loob at sa paligid natin. Ang pag-iisip, pagninilay at pagmumuni-muni ay ang mga tungkulin sa relihiyon, at hinahatulan o kinokondema ng Qur'an ang mga taong binigyan ng isipan ngunit hindi gamitin ang mga ito. Ang kalayaan sa pag-iisip at pahayag ay pangunahing karapatang pantao. Ang paghahangad o pagtugis ng kaalaman ay hindi lamang isang karapatan kundi isang rin tungkulin sa Islam. Ang pang-agham o siyentipikong pananaliksik, sa ***huridikal na (jargon)***, ay tinatawag na "ang inihahayag ng tradisyon ng Diyos sa Kanyang paglikha" at ito ay isang tungkulin sa mga

maaaring gumawa ng mga ito. Ang pagsensorsiyip sa isip ay tinanggihan, at walang tao ang maaaring mag-angkin ng awtoridad sa iba sa mga aspetong ito. Ang unang salita ng Qur'an ay "Basahin" at sinabi sa Qur'an sa Kabanata –Ang Namuong Dugo)( Surah Al- Alaq)(96)(1):-

*"Bumasa Ka (O Muhammad)." "Hindi magkapantay ang mga taong may kaalaman at yaong mga wala, ni ang liwanag at kadiliman ay di pantay." "Sa Kanyang mga tagapaglingkod ang mga marunong ang mas makinig sa Kanya",* sabi sa Qur'an.

Hindi lamang mula sa sensorsiyip dapat na maging protektado ang isipan kundi pati na rin mula sa panunupil o depresiyon, takot, pag-aalala o pagkabalisa, at pagkapagod. Anumang bagay na magpamanhid o papatay ng isipan ay kasuklam-suklam, kaya ang pagkonsumo ng alak at droga ay ganap na ipinagbabawal sa Islam, kahit sa sosyal o panlipunan na sukat!

(3) Relihiyon

Maraming mga may-akda ang nagbibigay ng relihiyon sa unang lugar, ngunit malinaw naman na walang integridad ang buhay at isipan kung ang relihiyosong gawain ay maging kalabisan. Ang kalayaan ng relihiyon at pagsamba ay isang pangunahing

karapatan pantao, at hindi nangangahulugan na mga Muslim lamang. Ito ay laban sa Islam na pilitin ang sinuman upang tanggapin o yakapin ang mga ito, at ang Qur'an ay nagsabi sa Kabanata – Ang Baka (S Al-Baqarah)(2)(256):-

*"Walang pamimilit sa pananampalataya. Katotohanan, ang Tamang Landas (katuwiran) ay naiiba (bukod) sa maling landas (kamalian).*

Dapat na magtayo ng mga bahay-sambahan. Kapag sinalakay o binatikos ang mga Muslim dahil sa kanilang paniniwala o relihiyon, sila ay may karapatan at tungkulin sa pagtatanggol o depensa.

(4) Pagmamay-aari At Ang Mga Ari-arian:

Ang karapatan ng pagmamay-ari ay hindi labag sa batas at walang pagtutol o limitasyon sa mga pagmamay-ari ng kayamanan basta 't ito ay natamo sa matuwid na paraan. Ang labag sa batas na mga paraan ng pagkuha ng kayamanan ay inilarawan, kabilang na ang usura, pandaraya at panloloko, pagnanakaw, monopolyo (solong pagmamay-ari o kontrol sa kalakalan), atbp. Ang mga karapatan ng kapital ay kalakip ang mga tungkulin kabilang ang mga pagbubuwis at kontribusyon

(tulong o ambag) na akma o katapat sa mga pangangailangan ng lipunan. Ang mga buwis ng Zakat ay iniutos (mandatory) at halos katumbas ng 2.5% ng pera na nakatago sa loob ng isang taon, sa loob ng isang taon, kasama ang iba pang mga pormula para sa mga kita mula sa agrikultura, paghahayupan o pagpaparami ng mga hayup, real estate o industriya. Bawa't indibidwal ay magkasamang pananagutan ng buong pamayanan at walang sinuman ang maaaring kumilos na tulad ng isang nakahiwalay na isla. Ang mga patakarang o panuntunan ng mga komersyal na pakikipag-ugnayan o pakikitungo at palitan ay itinakda.

(5) Pagkakaroon Ng Anak At Pangangala ng Lahi

Ang tunay na pag-aasawa ay sa pamamagitan ng isang kontrata na pinagtibay at dokumentado ng kasal ay ang tanging lehitimong paraan ng pakikipagpapares upang bumuo ng isang pamilya at magkaka-anak. Ang kadalisayan ng lahi at ang karapatan na malaman ng may katiyakan ang mga magulang at ang mga anak ay kinakailangan. Ang Shari'ah ay ipinahayag ang ilang mga relasyon na magdudulot ng kasal ng mag-asawa o pares na hindi mapahihintulutan. Naka-detalye ang mutwal na

karapatan at tungkulin sa pagitan ng mag-asawa, at sa pagitan ng mga magulang at mga anak. Ang pagtataguyod sa pamilya ay pananagutan ng asawang lalaki, samantalang ang pinansiyal na kontribusyon ng asawang babae ang kanyang pagpipilian. Dagdag na pakikipagrelasyon (kabilang ang seksuwal), pakikipagtalik ay makasalanan, at maaari din maging isang pagkakasala alinsunod sa batas kung nasaksihan ng apat na saksi. Naka-detalye ang batas ukol sa pagpamilya at ang mga batas ng pagmamana. Ang pagpaplano ng pamilya (likas o medikal) ay pinapayagan nguni't hindi kung kinakailangang rito ang pagpatay ng buhay (pagpapalaglag). Ang mga kababaihan ay may karapatan ng malaya at pansariling o indibiduwal na pagmamay-ari, karapatan upang magmana, ang karapatan sa edukasyon at ang karapatan na magtrabaho katugma sa integridad o dangal ng pamilya. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay magkapantay, at ang mga pananagutan (at ang mga pagbabawal) ng Islam ay naangkop sa kanila nang pantay. Ang pagtugis ng pagkamayabong at paggamot ng kawalan ay lehitimo nguni't pinapayagan lamang sa paraan tinanggap o pinahihintulutan ng Shari'ah. Ang sanggol ay may karapatan sa buhay, pamana at pagtanggap ng isang kalooban o isang pag-

endorso. Ang pagpapasuso ay hinikayat, sa loob ng dalawang taon. Ang estilo ng pag-aampon sa kanluran ay sinensiyahan nguni't ang pag-aalaga ay hinihikayat bilang isang kawanggawa, na walang kasinungalingan na nag-aangkin ng tunay na anak na lalaki o anak na babae. Ang bata ay sinabihan ng katotohanan tungkol sa kanyang pinagmulan. Pagkatapos lumalaki, kung ang bata ay nagmumungkahi na pakasalan ang isang biological na anak ng pamilya, ang panukala ay hindi maaaring tanggihan sa batayan na sila ay magkapatid, dahil sa katunayan sila ay hindi.

## Simbahan at Estado

Ito ay isang pantas o matalinong desisyon para sa Europa upang paghiwalayin ang Simbahan at estado. Ang malapit na monopolyo ng Simbahan noong araw sa lahat ng aspeto ng buhay ay walang batayan sa Kristiyanismo gaya ng itinuro ni Hesus. Ang kapangyarihan nito upang harangin o maitaguyod ang kalayaan ng pag-iisip at siyentipikong pag-unlad ay makikita sa maraming kilalang makasaysayang mga halimbawa.

Nang maglaon, ang Amerika ay sumunod sa parehong linya para sa parehong dahilan, pati na rin, upang maiwasan ang isang

pananampalataya na may mabigat **na pakikitungo** sa iba at sa gayon ay nakakasagabal sa kalayaan ng relihiyon. Marami sa mga maagang mandarayuhan sa Amerika ay sa katunayan ay tumatakas sa kawalan ng pagpaparaya sa relihiyon at pag-uusig na nagdurusa sa Kristiyanong Europa. Tulad ng nauunawaan natin, ang paghihiwalay ng Simbahan at ng estado ay naaayon sa mga mahahalagang mithi ng Kristiyanismo para sa mga pangunahing layunin nito ay upang dalisayin ang kaluluwa ng tao at mapadakila ang pag-uugali ng tao, nguni't hindi upang itaguyod ang pagtatatag ng estado. Ang kaharian ni Hesus ay hindi sa mundong ito. Nang tanungin kung magbayad ng buwis sa Imperyong Romano kumuha siya ng isang barya na may ukit ni Cesar at sinabi: "Ibigay kay Cesar kung ano ang kay Cesar at sa Diyos kung ano ang sa Diyos." Ang mga Muslim sa Estados Unidos, tulad ng iba, ay pinapahalagahan ang ideya ng pluralismo na tumitiyak ng kalayaan ng relihiyon para sa lahat ng walang paninira o pag-uusig, na sa katunayan ay katapat ng mga aral ng Islam sa aspetong ito.

Marahil ay napapanahon na upang ipahayag ang isang ***pasubali*** na nadama sa pamamagitan ng maraming mga Muslim,

Kristiyano at Hudyo sa Amerika at sa kanluran. Nadarama nila na ang prinsipyo ng paghihiwalay ng Simbahan at estado ay naging hindi wasto pinagsasamantalahan, at minamanipula upang ibukod ang pagsunod ng Diyos sa pang-araw-araw na buhay ng tao sa isang pagtatangka na itakwil ang Kanyang unibersal na mga halaga ng moralidad at pagkatao ng tao o kalinisang ng tao**.** Ang pakikipagtalo na "Kung ang Diyos ay patay" ay naging nagngangalit sa Amerikanong media nitong nakalipas na tatlong dekada, na nakaimpluwensya sa maraming mga pag-uugali o saloobin. Marami sa mga taong naniniwala na ang Diyos ay hindi patay, ay tumigil na kikilalanin ang kanyang kapangyarihan upang sabihin sa amin kung ano ang gagawin sa ating buhay, bilang mga indibiduwal at bilang isang bansa.

Ang mga tawag para sa moral na pag-uugali o laban sa pornograpiya at kahalayan, at iba pang panlipunang karamdaman ay madalas na inaakusahan ng paglabag sa paghihiwalay ng Simbahan at estado. Ang mga sawikain o pamansag na "Isang bansa sa ilalim ng Diyos" at "Sa Diyos tayo magtiwala" ay nagiging *mababaw* sa araw, at kung ang mga bagay na ito ay patuloy na gumagalaw sa parehong

direksyon, inaasahan namin na maipatutupad ang mga susog sa konstitusyon upang tanggalin ang mga ito bago magtagal.

Isang unibersal na reaksyon sa Kanluran nang marinig ng mga tao na ang mga Muslim sa mga bansang Islam ay gustong suma-ilalim o masakop o pamunuan ng mga batas sa Islam, ay isa sa hindi pagsang-ayon at pagkadismaya. Nakaayos sa pamamagitan ng kasaysayan ng Europa na humantong sa paghihiwalay o pagkakabuklod ng Simbahan at estado, awtomatikong kinamumuhian nila ang ideya at isalin ang mga ito bilang isang pagbabalik-loob sa madilim na edad (panahon) na kung saan ang Europa ay nagtrabaho sa ilalim ng mapanupil ( o mapanghimasok) na mga awtoridad ng Simbahan. Ang konklusyon na ito ay hindi tama, dahil ang dalawang sitwasyon ay hindi magkatulad. Kapag pinag-aaralan natin ang mga kaso ng Islam, makikita natin na ang prinsipyo ng paghihiwalay ng Simbahan at estado ay malinaw na hindi maaaring ipatupad. Samantalang sa Kristiyanismo ay walang estado, sa Islam ay walang Simbahan, na kung saan ay napakahirap ipaliwanag ang isang sitwasyon sa iba. Kahit na mayroong scholarship, ay walang klero o pari sa Islam, ni sa isang institusyon para sa

pagkasaserdote**.** Ang katotohanan na ang ilang mga nagtapos ng mga pag-aaral ng Islam sa ilang mga bansa ng Islam ay nagsusuot ng isang espesyal na sangkap ay hindi isang relihiyosong pangangailangan at hindi talaga ginagawa silang mga saserdote o magpataas sa kanila sa anumang antas na higit pa sa iba pang mga Muslim. Ito ay hindi umiiral sa simula o sa unang bahagi ng Islam at sa halip ay isang huli na palatadaan na kinikilala ng lipunan ang natatanging kasuutan para sa espesyal na grupo gaya ng uniporme ng militar at pulisya o ng puting **amerikana** ng mga doktor. Ang relihiyosong kaalaman at ang pag-aaral ay bukas, at ang interpretasyon ay hindi monopolyo ng ilang grupo, kahit na ang skolastikong pagdadalubhasa o espesyalisasyon ay isinasaalang-alang at iginagalang ngunit hindi pinabanal. Ni hindi rin ito bahagi ng Islam na ang mga relihiyosong iskolar ay dapat mangasiwa o mamuno ng gobyerno, sapagkat kitang-kita na kulang sila sa mga teknikal na kadalubhasaan sa mga iba 't ibang dibisyon ng mga ehekutibo (tagapagpaganap) sangay. Ang opisina dapat gaganapin sa personal na katangian (kwalipikasyon) at ang mga posisyon ay bukas para sa mga kapwa Muslim at hindi Muslim na mga mamamayan. Ang pagrepaso sa mga layunin ng Shari'ah kahit

na sa antas ng aking pananaw na ibinigay natin dito, ay malinawanag na ang kanilang pagpapatupad ay higit pa sa sakop o kaya ng indibidwal na pag-uugali tungo sa larangan ng pamahalaan. Ang Shari'ah, ang konstitusyon, ito ang pinagmumulan ng lehislasyon at ang pundasyon kung saan ang mga batas ay dapat manggaling o makuha. Bagama 't ang sekularismo sa Kristiyanong lipunan ay hindi salungat sa Kristiyanismo, tulad nito ay hindi masasabi tungkol sa Islam, sapagka 't ito ay nangangahulugan ng pagwawalang-bahala, o pagpapalit ng karamihan sa mga dikta ng Qur’an at Sunnah, na tumututol sa mga pangunahing pananalig ng Islam. Ang pagpapahalaga sa mga totoong pangyayari ay dapat linawin ang katotohanan na kung ano ang sinang-ayunan o kaaya-aya sa mga lipunan ng mga Kristiyano ay hindi maaring maging gayon sa mga sekta o lipunan ng mga Muslim, ang bawa’t isa ay nasa loob ng kalayaan ng relihiyon at ang karapatan sa pansariling pagpapasya. Maging ang mga Muslim o mga Kristiyanong bansa ay hindi dapat magpataw ng kanilang mga pananaw sa isa 't isa, nguni’t sa kasamaang palad ay hindi ito ang kaso o nangyayari sa kanluran, ***isang panig ng aksiyon***, ay tila *hinuhubog* sa pagpigil ng mga Muslim mula sa sariling

pamamahala alinsunod sa kanilang sariling relihiyon. Sinusuportahan nito ang parehong sekular na diktadura o diktadura na nagpapakilala sa kanilang mga sarili bilang mga Muslim nguni't napakahirap sa karapatang pantao, mga pangunahing kalayaan ng kalalakihan at kababaihan, at ang pamahalaan ng mga tao para sa mga tao, ang mga katangian ng tunay na pamahalaan sa Islam. Sa katunayan ay halos walang anumang estado ngayon na maaaring karapat-dapat na maging ulirang *kinatawan* ng estado sa Islam. Tuwing ang proseso ng maayos o magaling na demokrasya ay malapit ng umabot sa tagumpay ng isang partido ng Islam, isang paradoha at nakakahiyang alyansa sa pagitan ng pangunahing demokrasya at naghahari na diktador ay agad na makialam o mamagitan upang iurong (bawiin) ang pagtatangka nang hindi isinasaalang-alang ang pagbibigay nito ng pagkakataong patunayan o pabulaanan ang sarili nito. Sayang! Ang demokrasya ay mas masigasig sa pananatili o pairalin ang kalagayan kaysa sa demokrasya mismo. Isa sa mga paratang na isinampa laban sa kahilingan ng mga bansang Islam na pinamunuan o pinapasiyahan ng mga batas sa Islam ay tumutukoy sa katayuan ng mga Kristiyano at mga Hudyong minorya na mamamayan ng mga bansang iyon. Ang

pagtutol ay palabas o ginawa lamang at pinalaki ng kapwa sa media at sa pulitika kahit na ang totoo ito ay walang anumang batayan. Ito ay isang di gaanong kilalang katotohanan na ang pamamalakad ng Islam, ay katangi-tangi, hinayaan ang mga Kristiyano at Hudyong komunidad upang patakbuhin ang kanilang mga gawain ng isang legal na katangian alinsunod sa mga alituntunin ng kanilang sariling mga relihiyon.

Ang gayong mga isyu, gayunman, ay iilang, at hinggil sa usapin ng pamilya (kasal o pag-aasawa, diborsyo, mana, at iba pa). Kung hindi man, ni walang salungatan sa kanilang mga Aklat o alternatibo (kapalit) sa ganyang bagay, ang mga minorya ay hindi magkasala o hindi mabibigo upang manatiling kapantay ng karamihan sa harap ng batas na ang mayorya (nakakarami) ay nag-aangkin (dahil sa relihiyosong paniniwala) alinsunod sa mga mahahalagang demokratikong prinsipiyo. Gayunpaman, hindi tayo magiging ganap na matapat, kung hindi ipahayag ang ilang mga mensahe at mga pangamba tungkol sa usapin/tanong ng pagpapatupad ng Shari'ah. Sa iba't-ibang pagkakataon nakikita natin na ito ay naitala sa larangan ng sloganismo at emotionalismo. Ang ilang masigasig na kabataan ay siyang

nagpabago nito upang maghaharap ang mga tagasunod ng ibang pang mga relihiyon. Ang Shari'ah, gayunpaman, ay inatasan silang kumilos sa isang ganap na tapat na paraan, na nagtutuon sa pagpapawi ng mga pangamba o takot at pagpapagaan ng pagkabahala at pagpapakita ng etika ng mabuting pagkamamamayan sa isang praktikal na paraan, isang gawain na alam natin na ang mga pangunahing Muslim at ang dakilang nakararami ng mga kilusang Islam ay aktibong nagsusumikap sa kabila nang bahagyang pagsaklaw sa media o sa propesyonal na sirkulong pampulitika sa kanluran. Ang mga partidong pampulitika ng Islam na magpasya sa demokratikong pagpipilian o opsyon ay nangangailangan ng isang salita ng payo rito. Bagama 't sila ay naglunsad ng elektoral na labanan sa ilalim ng kaakit-akit na bandila ng Islam, dapat din nilang ipakita sa mga manghahalal kasama ang detalyadong mga programa na inihanda nila upang makamit ang mga layunin ng Shari'ah. Ang salitang 'Islam' ay hindi isang madyik na salita na maaaring lutasin ang mga kumplikadong problemang pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitikang problema na pasan ng kani-kanilang mga bansa. Dapat gawin ang mga matinding pag-aaral ng teknikal at espesyalista upang magtrabaho sa loob ng

Shari'ah patungo sa angkop na solusyon. Inaasahan na, yaong mga pumili para sa demokrasya ay inaatasan ng Islam na maging tapat sa kanilang mga deklarasyon (pahayag), at hindi gumawa ng kataksilan sa pagsasamantala ng mga demokratikong retorika hangga 't wala sila sa kapangyarihan, at pagkatapos ay nawala na ito ng malakas na hangin. Ang pinakamasamang katayuan ng kaso ay para sa ilang mga Partido ng Islam na nakisabay sa demokrasya sa kapangyarihan, pagkatapos ay mabibigo upang iligtas ang kanilang mga pangako, pagkatapos ay tumanggi na kilalanin ang kanilang pagkabigo na mali ang iniisip na ang kanilang pansariling kabiguan ay maiukol na kabiguan ng Islam, at kaya tinanggihan nila ang karapatan ng bansa na alisin ang mga ito sa pamamagitan ng pandaraya o pag-aalis ng mga susunod na halalan, at Sayang, ito ay isa na namang diktadura!

Ang mga partidong Islam ay hindi pa nasusubok o nasusuri sa mga bagay na iyan, at hindi makatarungan nag paghuhusga sa kanila nang walang paglilitis. Ang kanilang mga katunggali, gayunpaman, na nagtataglay ng kapangyarihan laban sa kalooban ng kanilang mga tao, ay napatunayan na ito ay isang

kabiguan at kinakailangan ng pangunahing demokrasya ng sanlibutan na huwag suportahan ang mga ito. Kung ang mga partidong Islam ay may kapangyarihan, payuhan natin sila na huwag gumawa ng gayon, sapagkat ito ay hindi lamang mga batas sa Islam ang kinakailangan, nguni't higit sa lahat, ang Islamikong katangian at integridad na rin. Ilang sikat na mga halimbawa na nagsasabing, kahit nagmamalaki, na sila ay namamahala sa pamamagitan ng Shari'ah ay sa ating opinyon ay kulang sa katapatan o sa kaalaman tungkol sa Shari'ah o pareho. Ang pagbabawas ng Shari'ah sa isang napiling ilang mga bagay ng kanyang penal kod nang hindi isinasaalang-alang ang kabuuang konteksto nito ay isang malaking pandaraya. Ang paglalapat ng malupit na parusa sa mga maliit na krimen nang walang anumang pagtatangka sa pagtugon sa malawakang katiwalian sa mga naghaharing sirkulo o ang kanilang mga sakim na pagsasamantala ng mga mapagkukunan ng bansa sa kabuuang kawalan ng pananagutan ay hindi kailanman maaaring nangyari sa Islam. Sa Islam ang pinuno o tagapamahala ay mananagot sa bansa, at itinuturing na tagapaglingkod nito at hindi ang amo (Panginoon) nito. Bukod dito, ang Shari'ah ay ipinatutupad mula simula hanggang katapusan at hindi mula sa

wakas hanggang simula. Pinipigilang ng Islam ang krimen sa pamamagitan ng tatlong linya ng depensa: ang paglilinang ng budhi sa Islam (edukasyon at patnubay), ang pag-iwas sa mga dahilan o sanhi na maaaring humantong sa krimen (panlipunan at pang-ekonomiya), at pagkatapos ay dumating ang legal na kaparusahan; ang pagkakasunud-sunod nito. At saka, ang batas ay walang limitasyon (o walang kinikilingang). Laban sa Islam na hatulan ang mga karaniwang mamamayan at ang mga mahihina at hayaan ang mga maharlika na makawala o di managot sa mga paglabag.

## Demokrasya

Ang katanungan na kadalasan itinatanong sa ngayon ay kung ang Islam ay katugma sa demokrasya. Kapansin-pansin na ang mga taong nagsasabi na ito ay hindi tulad ng heterogenong grupo, halos hindi sila nagbabahagi ng anumang bagay. Tulad ng mga grupo intelihensiyang mga Muslim na sa pagsapit ng siglo ay nabighani ng kanluran sa isang antas na nanawagan sila para sa pagtataguyod ng mabuti pati na rin ang masama sa Kanluranin karanasan, sa kasalukuyang panahon ay nagpapatotoo sa naturang kabiguan sa pagbaba ng moral at ang

pulitikal na kawalang-katarungan ng Kanluran na tinatanggihan ng marami, nakukuha sa pamamagitan ng reaksyon, na ang lahat ay sa Kanluranin, kabilang ang demokrasya. Ang mga sekular na diktador ng mga bansang Islam, ay siyempre, kinasusuklaman ang demokrasya dahil sa pagiging diktador at nagkaroon ng tunay na malasakit sa pagtatampok ng demokrasya sa kanilang mga masang Muslim bilang hindi maka-Islam. Ang mga diktador na nagsusuot ng mga kasuutang Islam at inaangkin na maging Islam ay pinapalaganap din ang pananaw na ang demokrasya ay di naayon sa pananampalatayang Islam at mayroon sa kanilang mga hanay at payroll ng mga relihiyosong iskolar na handang gampanan ang Machiavellian na papel. Ang mga tradisyonal na mga kaaway ng Islam sa kanluran, kapwa sa media at pampulitikang mga lupon ay walang humpay o tigil din na nagtatampok ng Islam bilang isang laban sa demokratikong relihiyon na walang pagkakataon para sa mga demokratikong mga pinahalagahan. Ang layunin ay upang higit pang magpalayo ng Islam mula sa pag-iisip ng publikong pananaw ng Kanluranin, na ginagawa itong kapwa posible at kasiya-siya upang pasamain ang mga Muslim sa isang paraan na nagpapadali at katanggap-tanggap sa pamamagitan ng

publikong opinyon sa malupit na mga paraan at hindi makatarungan na mga paninindigan ng kanilang pamahalaan para sa mga Muslim. Madalas nilang binabanggit ang isyu ng kawalan o kakulangan ng demokrasya sa karamihan ng mga bansang Muslim. Ang hindi nila nabanggit ay ang tanging epektibong suporta ng mga diktador laban sa demokratikong hangarin ng kanilang mga tao sa Gitnang Silangan ay ibinigay sa pamamagitan ng kanluraning demokrasya. Marahil ito ay hindi maaaring ihambing sa sistema ng Islam na nagmula (ng maaga) sa ikapitong siglo sa mga demokratikong institusyon ng kanluran, na nagsimula nang umunlad pagkaraan ng maraming siglo, at nakikita natin sa kanila sa ngayon. Hindi rin naman ang demokratikong sistema ng Kanluranin ang eksaktong replika o kopya ng isa 't isa ngunit ibinahagi lamang nila ang mga alituntunin at ideolohiya ng demokrasya.

Ang Qura'n (labing-apat ng siglo na ang nakalilipas) ay malinaw na ipinaliwanag ang prinsipyo ng “Shura,” na nangangahulugang na ang isyu ay dapat na pagpapasyahan sa pamamagitan ng magkasanib at maingat na pagsaalang- alang at konsultasyon. Ang mga praktikal na aplikasyon ng mga

alituntuning ito sa mga pinaka-unang araw ng Islam (noong panahon ng Propeta at ng kanyang mga agarang kahalili) ay karapat-dapat ito upang ituring na tagapagpauna ng demokrasya. Sa kanyang kakayahan o katungkulan lamang bilang propeta si Propeta Muhammad ay sinunod nang walang pag-aatubili, nguni't sa labas ng *bahagi* ng paghahatid at pagpapaliwanag ng relihiyon na natanggap niya mula sa Diyos. Nilinaw ni propeta Muhammad mismo na siya ay isang ordinaryong nilalang na hindi maaaring maghayag ng mangyayari sa hinaharap o mag-aangkin na magkaroon ng higit na kaalaman sa mga ordinaryong tao sa kani-kanilang mga nasasakupan sa paggawa o kalakalan.

Sa bisperas ng labanan sa "Badr," ang una at ayon sa kasaysayan ang pinakamabuluhang sagupaang militar sa pagitan ng Islam at ng Arab na alyansa ng mga sumasamba sa dios- diosan. Ang propeta ang siyang nagbigay ng plano ng militar na inilalarawan ang pagpapadala ng kanyang kakaunting tropa sa isang partikular na paraan. Nguni't pagkatapos ay ang isa sa kanyang mga tagasunod ay nagtanong "Ang paghahayag ba ng pagpoposisyon na ito ay mula sa Diyos upang kailangan sundin

ito nang walang tanong (alinlangan), o ito ba ay isang opinyon ng mga stratehiya at plano?' Nang sumagot si Propeta Muhammad na ito ay sa katunayan ang huli, ang kanyang kompanyon ay nagbigay ng kanyang matapat na pamumuna at nag-alok ng isang alternatibong plano na kung saan ay tinanggap at pinagtibay ng Propeta; ang kinalabasan ay isang matinding tagumpay. Makaraan ang maraming taon, ang mga kaaway ay nagpadala ng malaking hukbo upang salakayin ang mga Muslim sa Madinah. Ang panukala ng Propeta Muhammad ay manatili na lamang sa Madinah at matugunan ang kaaway doon, nguni’t inihayag sa talakayan na ang karamihan ay ginustong magmartsa sa labas at gumawa ng mga pakikibaka sa kaaway sa bundok ng Uhud na nasa labas ng Madinah. Si Propeta Muhammad ay sumang-ayon (o nagbigay-daan) sa opinyon ng nakararami bilang pagsunod sa alituntunin ng Shura.’ Nakamit ng mga Muslim ang paunang tagumpay hanggang sa ang mga nakapuwesto na battalion ng mga mamamana sa tuktuk ng bundok ay naisip na tapos na ang labanan at gumulong pababa at sumali sa paghabol, ay malinaw na pagsuway sa mga utos ng Propeta na ibinigay sa kanila maaga pa na hindi iwanan ang kanilang mga posisyon kahit na kung ito ay tagumpay o

pagkatalo. Nakatawag ito ng pansin ni Khalid Bin el Waleed (isang militar na henyo na namumuno sa isang cavalry regiment ng mga kaaway) na kumuha ng s**tealth** umikot sa tuktok ng bundok at gumulong pababa sa mga Muslim na impanterya kaya napinsala ang balanse, yamang ang pinakamainam na maaring gawin ng mga Muslim ay isang marahang pag-urong pagkatapos magtamo o dumanas ng mabigat na pagkatalo. Bagama 't mayroong dalawang beses na kasalanan sa bahagi ng mga Muslim, ang Qur'an ay kaagad ipinahayag ang pagtugon sa Propeta Muhammad. Inilahad ito sa kabanata – Ang Pamilya ni Imran (Surah Al-Imran) (3: 159)

*"At sa pamamagitan ng habag ni Allah, sila ay inyong pinakitunguhan nang mabanayad. At kung ikaw ay naging mabagsik at naging matigas ang puso, sila marahil ay magsisilayas sa paligid ninyo, kaya't pabayaan ninyo (ang kanilang kamalian), at manawagan (kay Allah) ng kapatawaran sa kanila; at sangguniin sila tungkol sa pangyayari."*

*At kung kayo ay nakapagpasiya na; ibigay ninyo ang inyong pagtitiwala kay Allah, katiyakang si Allah ay nagmamahal sa mga nagtitiwala (sa Kanya).*

Ang Shura' ay mamayani sa lahat ng antas ng lipunan (pamumuhay) sa lahat ng mga antas, kahit na detalyeng binanggit sa Qur'an na ang desisyon sa magwalay ng isang pasusuhing sanggol ay dapat kunin sa mutual na shura' at pahintulot ng mga magulang. Nang mamatay ang propeta ay nangangahulugan ito ng pagtatapos ng prophethood, nguni't kinailangan niya ng isang kahalili bilang pinuno ng estado. Naganap ito sa isang pulong sa bukas na pakikipagtalo, na may mahigit sa isang katunggali, hanggang sa si Abu Bakr, ang pinakamalapit na kasama ang propeta, ay pinili ng nakararami na maging unang caliph. Sa pagkakataong iyon, ang itinatag na alituntunin ng Islam ay naulit at binigyan diin, nangunguna sa lahat sa pamamagitan ng caliph mismo, ang mahalagang patakaran kung saan ay:

1 - ang katungkulan ay napunan sa kagustuhan ng mga tao (agad na pinuntahan ni Abu Bakr ang ibang mga tao na hindi nakadalo sa pulong at humingi ng kanilang mga opinyon upang matiyak na sila ay sumang-ayon).

2 - ang pagkahirang na ito ay nakabatay o nakakondisyon (sumunod kayo sa akin hangga 't sinusunod ko ang Diyos - ang ipinahayag ng caliph).

3 - Ang karapatan ng mga tao na magbigay ng kapasiyahan ay kakabit sa kanilang karapatang bawiin ito (ipinahayag ni Abu Bakr na kung siya ay mali at dinagdag na ang mga tao ay hindi obligadong sumunod).

4 - Ang pinuno ay manggagawa ng bansa, na tinanggap (inupahan) sila upang tuparin ang mga tungkulin ng kanyang katungkulan (nakikita di umano na si Abu Bakr sa kanyang unang ilang araw sa panunungkulan ay ipinagpatuloy ang pamamahala sa kanyang negosyo upang kumita *(para sa kanilang pamumuhay),* ang mga tao ay ipinataw sa kanya na kumuha ng suweldo na kapantay ng kinikita ng isang karaniwang Muslim, ni mayaman man o mahirap, sa halip na nagtatrabaho nang full time).

5 - Ang pinuno ng estado ay hindi bihag sa pangkat ng mga piling tao o maharlika o ang mga grupo ng interesado. Sa kanyang mga salita: "ang mga mahihina sa inyo ay malakas sa akin hanggang sa matamo ko kung ano ang nuukol sa kanya, at

ang malakas sa inyo ay mahina sa akin hanggang sa kunin ko mula sa kanya kung ano ang nakatakda para sa kanya."

Sa madaling salita, ito ay mukhang kabaligtaran ng kung ano ang nakikita natin sa kararamihan ng mga bansang Islam sa panahong ito. Kami ay walang alinlangan na kung ang mga bagay ay nagbabago sa parehong direksyon mula pa noon, pati na ang *pagpapalawak* ng Imperyong Islam at ang sibilisasyong Islam na binuo sa kaganapan at pagiging sopistikado, na nakamit sana ng mga Muslim ang isang uri ng pamahalaan na sang-ayon o nagtataguyod ng pinakamagaling na demokrasya sa makabagong panahon_habang malaya mula sa kanilang mga pagkukulang. Ang mga bagay ay nagkaroon ng malaking pag-asa. Ang pangalawang caliph (Omar Ibn Al Khattab) ay nagpaala-ala sa bansa tungkol sa kanilang tungkulin upang suportahan siya kapag tama nguni't kung siya ay mali, iwasto, na kung saan may isang tao ang sumagot, "kung kayo 'y magkakamali ay itutuwid namin kayo kahit na sa pamamagitan ng ating mga espada o tabak.'" Ang komento ng Caliph ay, "Hindi ka mabuti kung hindi mo sinasabi ang mga ito, at tayo ay hindi mabuti kung hindi natin ito tatanggapin." Sa kasamaang

palad ang takbo o gawi ay nahinto sa isa sa mga pinakamalungkot, kung hindi ang pinakamalungkot, na mga pangyayari sa kasaysayan ng Islam. Kinailangang harapin ni Caliph Uthman Bin Affan ang isang paghihimagsik nang akusahan siya ng nepotismo at siya ay pinaslang.

Si Caliph Ali Bin Abi Talib ay pinsan buo ng Propeta, kanyang manugang, at *isang taong tunay na napamahal sa kanya*. Nagtaglay rin siya ng bukod-tanging pansariling kabutihan, at nang siya ay pinili upang maging caliph, ang mga kilalang tao at ang masa o taumbayan ay dumating upang magbigay ng lubos na katapatan**.** Gayunman, ang gobernador ng Syria (sa ngayon ay bahagi ng imperyong Islam) ay tumangging magbigay ng pangako at sa wakas ay nagmartsa patungo sa Al-Madinah na pinuno ng isang malaking hukbo. Ang maliwanag na dahilan ay kung paano haharapin ang mga pumaslang sa huling caliph, na isang kamag-anak ni Muawiyya, ang gobernador ng Syria (parehong mula sa tribo ng Umayyad) at direktang hingin ang paghihiganti sa halip na dumaan sa napakahabang angkop na proseso. Sa larangan ng digmaan ang tagumpay ay kay Ali, nguni't si Muawiyya ay isang matalino at mapangahas o tuso na

tao, at sa kanyang kampo ay may mga ilang napakatusong mga lalaki upang matiyak ang isang mapanlinlang na arbitrasyon. Ilang sa mga hindi nasiyahang mga tao ay *pinuntirya* kapwa na patayin ang dalawa nguni't nagtagumpay lamang sila na mapatay si Ali. Ang bansa ay nabigla, nguni't pagkatapos ng mga pag-uusap, si Hassan na anak Ali at kahalili, ay pumayag na magpadala ng magbigay awtoridad kay Muawwiya upang maiwasan ang higit na pagdanak pa ng dugo at ibinigay ang kanyang katapatan. Pagkaraan ng panahon, si Muawiyya, maayos na namulat sa awtoridad, ay muling ginulat ang bansa sa pamamagitan ng pagpipilit mula sa pamayanan na m**angako** sa kanyang anak na lalaki, na si Yazid, bilang kahalili pagkatapos niya, siya'y gumamit ng pamamaraan ng kaparusahan at gantimpala. Si Hussein, ang pangalawang anak ni Ali, ay pinamunuan ang isang rebolusyon laban kay Yazid (parehong namatay sina Muawiyya at Hassan).

Ang mga naninirahan sa Iraq ay ipinangako kay Hussein ang kanilang suporta, nguni't sa ilalim ng mapanlinlang at kalupitan ng sentral na pamahalaan ay iniwanan siya. Sa halip na tumakas, si Hussein at ang pitumpung mga tapat na tagasunod ay hinarap

ang hukbo ni Yazid ng ilang daang libong kawal at matapang na nakipaglaban hanggang sa kanilang kamatayan sa ***Karbala***. Napatunayan na sa kalaunan ay naging unang pako sa ataul ng Dinastiyang Umayyad na naghari sa loob ng ilang mga dalawang siglo. Ito rin ang kapanganakan ng Shiism bilang isang kilusan, ang mga masugid na tagasunod na ang tawag sa kanilang sarili ay mga tagapagtaguyod ni Ali ( na sa salitang Arabic ay ang Shi'a ni Ali), na aktwal na nagsimula bilang isang pagsalungat o pagsupil sa pulitika pero kung saan ito ay hindi maaaring paghiwalayin ang pulitika sa relihiyon simula pa noon dahil ang pagsisikap para sa katarungan ay isang relihiyosong dikta. Sa paglipas ng panahon ang Shiism ay *naging* isang uri ng sekta sa Islam, nakasentro sa paniniwalang ang karapat-dapat sa pagiging caliphate ay *nabibilang o pag-aari* ni Ali pagkatapos ay sunud-sunod sa kanyang mga inapo o anak (pinakamatanda na anak na lalaki sa paghalili). Nakuha nila ang maraming pangalawang pananaw habang nahati sila ng ilang maliliit na sekta, ang pangunahing ay ang pagiging ***Twelver Shiites*** na naniniwala na ang panglabindalawa sa mga kahalili ( na Imam), misteryosong nawala na isang bata, ay darating o babalik isang araw bilang, ang pinakahihintay na *Mahdi* at

maghahari sa katarungan. Ang mga Shiite ay bumubuo ng ilang sampung porsyento ng mga Muslim, ang nalalabi ay karaniwang tinatawag na mga Sunni. Ang mga Shiite ay madalas na magtanim ng hinanakit laban sa mga Sunni para sa maagang pagpayag (o pagsasawalang-kibo) sa hindi makatarungan awtoridad, ngunit lahat ay naniniwala sa isang Qur'an at sa pagkapropeta ni Muhammad. Ito ay isang makatuwiran katotohanan na sa katunayan ang mga Sunni ay parehong nakadarama ng pagdamay at sentimento para kay Ali at sa kanyang mga anak na sina Hassan at Hussein, at ang kanilang mga sambahayan. Bawa't taon ay ipinagdiwang o ginugunita ng mga Shiite ang labanan sa Karbala at ang pagiging martir ni Hussein, marami sa kanila ay nagtataboy (naglaslas) sa kanilang sarili sa pagluluksa o pagdadalamhati at pagsisisi na ang kanilang mga ninuno ay iniwanan si Hussein sa mga kritikal na sandali. At ngayon ay sapat na ang para sa kasaysayan kahit na sinikap kong gawin itong sobrang maikli at pabalik tayo sa isyu ng demokrasya. Ang malungkot na makasaysayang yugto na ito ay ang alinsunuran para sa paglipat ng kapangyarihan mula sa malapitan hindi sa pamamagitan ng panunumpa/pangako sa bansa kundi sa pamamagitan ng espada at ginto. Ito ay tila salot

sa kasaysayan ng mga Muslim simula noon. Ang mga maniniil/nananatili ay palaging makakahanap ng mga iskolar upang pangangatwiranan samantala ang iba ay nakipaglaban at pinagbayaran nila ng kanilang buhay o kalayaan. Ang mga bagay ay nagiging mabuti kung mabuti ang caliph at nagiging masama kapag ang caliph ay masama, kung saan na mas madalas kaysa sa hindi. Sa alinmang pangyayari ang awtoridad ng mga tao at ang kanilang karapatan sa pinuno ay nabagbag .

Gayunpaman, lumaganap ang Islamikong sibilisasyon, dahil may mga taong naniniwala na ito ay isang relihiyosong tungkulin upang maghangad ng kaalaman, magiging mahusay sa agham at maitatag ang sibilisasyon. Hinikayat sila ng pamahalaan sa lahat ng aspeto nguni't hindi gaanong binigyan ng pansin upang isulat ang mga karapatan ng mga tao laban sa mga pinuno at ang mga paraan ng pagpigil sa kanya. Kilala ang henyo ng sibilisasyon Islam sa lahat ng antas ng kaalaman sa mga akda *ng konstitusyonal na mga karapatan ng bansa ay makapangyarihan* at kahanga-hanga nguni't kaunti. Sa ating mga kapatid na Muslim na nakikipagkumpetensiya at nagkukunwari laban sa demokrasya, nais naming sabihin na ang

demokrasya ay hindi kailanman isa sa mga karamdaman ng mga bansang Muslim, nguni’t palaging ang kadalamhatian o paghihirap ay ang kalupitan at diktadura. Tayo ay magiging bulag kung ang ating kasaysayan ay nabigong ihayag sa atin ang katotohanang ito. Sa mga taong nag-akusa sa Islam ng pagiging hindi maunawain (hindi nagpapahintulot) sa demokrasya sinasabi namin na mali kayo, ngunit may malaking pagkakaiba. Sa isang kanluraning demokrasya ang Diyos ay maaaring betohan o matalo kung matitipon ng Kanyang mga kalaban ang boto ng nakararami. Sa Islam ang saligang batas ay batay sa Shari'ah kaya anumang batas na kasalungat dito ay magiging labag sa Saligang-batas. Sa loob ng kontekstong iyan, ang demokratikong proseso ay *tumatagal* ng isang daang porsiyento. Ang kontemporaryong pagdaluyong ng Islam ay higit pa sa malawakan paglathala ng mga imahe na nagpapasiklab o nagpapaalab ng pagkalabis o marahas na pahayag o despotikong sekular o ang mga relihiyosong pamahalaan (!).

Isang malawak na kaalaman at pangunahing aktibidades o bahagi ay natuklasan ang mga katotohanan ng relihiyon at

nagising sa mga aralin ng kasaysayan. Ito ay hindi pinalakas ng hungkag na sloganismo. Tutal, ang mga iskolar ng Islam ay nag-utos sa mahabang pananhon na ang isang di-Islamikong estado na tumalima ng katarungan ay mas mahusay kaysa sa isang estado ng Islam na humpak sa paniniil at kawalan ng katarungan.

## B. Ang (Sariling) Kalooban: Ang Limang Haligi Ng Islam

Ang Kabanata I at II ay may kinalaman sa mga Saligan ng pananampalataya, na tinukoy sa mga salita ni Propeta Muhammad ang: "maniniwala ka sa Diyos, sa Kanyang mga anghel, Kanyang mga aklat, Kanyang mga sugo, sa huling araw, at kayo ay naniniwala sa kapalaran (na kung saan ikaw ay walang kapangyarihan sa) mabuti man o masama." Sa aming paglalahad ay hindi namin ipinakita ito bilang isang "dogma" para lang tanggapin ng walang pag-aalilangan subali't sinikap na ibatay ang mga ito sa lohika ng isang intelektuwal na proseso ng pag-iisip. Ang paraan sa Qur'an ay laging hamunin ang isip ng tao na mag-isip at upang ituro ang mga palatandaan at magtanong ng mga katanungan upang kumbinsihin o papaniwalain sa halip na ipilit o magpataw. Ang pananalig ng

Islam kasama na ang saligan ng pananampalataya sa pangkalahatan ay katulad ng mga ibang pang mga relihiyong Abrahamik, Kristiyanismo at Hudaismo. Tunay ngang inilalarawan ng Islam ang mga naunang sugo o mensahero ng Diyos at kanilang mga tagasunod bilang 'mga muslim' (maliit na m) kasunod ng 'islam' (maliit na i), ang literal na kahulugan ng Islam ay pagsuko, pagpapasakop sa kalooban ng Diyos.

Ipinakikita sa kabanatang ito ang pangkalahatang mapa ng relihiyong Islam at ang Shari'ah, ang bahaging ito ay tumatalakay o may kaugnayan sa isang aspeto na mas tiyak sa Islam, na kung saan ay siyang sistema ng pagsamba. Ito ay napakahalaga sa Islam dahil ito ay nagtutuon ng pansin sa mga indibidwal na Muslim upang ang pagkakatipon ng Islam ay gawa sa malulusog na mga yunit, o sa ibang salita, ang mga gusali ay gawa sa malulusog na blok. Ang ipinag-uutos na pagsamba sa Islam ay binubuo ng limang bahagi, tulad ng inilarawan ni Propeta Muhammad. "Ang Islam ay nabuo sa limang haligi: ang pagpahayag o deklarasyon (saksi) na walang diyos kundi ang Diyos (Allah) at si Muhammad ay ang Kanyang huling sugo, ang pagtatatag ng mga panalangin, ang

pagbabayad ng Zakat (buwis), ang pagtupad o ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan at ang Hajj o peregrinasyon (paglalakbay sa banal na lugar) kung abot-kaya."  Sa isa pang pagkakataon, nang hilingin sa propeta upang ibigay ang kahulugan ng Islam, ay pinangalanan niya ng limang haligi. Hindi na kailangang sabihin na ang mga tao ay hindi nabubuhay sa haligi lamang sapagkat ang mga haligi ay naririyan upang magdala ng isang buong gusali. Yaong mga *magpababa* sa Islam sa antas ng ritwal na pagsamba  ay likas na kulang ng pang-unawa sa komprehensibo at kabuuang katangian ng Islam at sa mga simbolismo na kung saan ang mga ritwal na ito ay dapat na sumasalamin sa buhay na pangkalahatan.

Ngayon ay bibigyan natin ng  maikling pansin ang bawat isa sa mga haligi. Ang mga ito ay bumubuo sa pinakamaliit na pangangailanganan, pagsamba sa anumang *kabuuan o paraan* at kawanggawa ay bukas walang takda o hangganan, hanggang sa mga detalye ng pagtugon sa mga tao na may masayahing mukha pagtanggal ng mga dumi o tinik mula sa kalsada  (o daan) gaya ng itinuro ni Propeta Muhammad. Halos lahat ng  detalye ng

buhay ay maaaring, maging sa layunin ng isang tao, ay kabilang sa bahagi ng pagsamba.

(1) *Pagpapahayag sa Kaisahan ng Allah at Pagkapropeta ni Muhammad.*

Ang simpleng "pagpapatotoo na sinasaksihan mo na walang ibang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Kanyang sugo" ay ang ***hudyat*** sa Islam. Ang pagsasabi nito sa harap ng dalawang saksi ay ang isang pormalidad na kinakailangan mula sa mga bagong yumakap ng Islam. Kasama rin ito ang panawagan sa pagdarasal (adhan) at paulit-ulit sa panahon ng lahat ng panalangin. At kahit na, ito ay higit sa isang sinasalita na pormalidad, na kapag kinuha mo ang Diyos bilang iyong Diyos ay nangangahulugan na ginawa mo Siya bilang isang tagahubog at taga-akay o tagapatnubay ng iyong buhay, hindi abala sa pamamagitan ng iba pang mga impluwensya ng mga tao, mga bagay o kondisyon at hangarin. At habang sinabi mo ng hayagan na si Muhammad ay Kanyang mensahero nangangahulugan ng isang pangako na sumunod sa mga kautusan at aral na ibinigay ni Propeta Muhammad at kilalanin ang kanilang banal na pinagmulan. Sa Islamikong jurisprudence

at panitikan sa paglipas ng panahon na ang mga napakahahabang gawa ay nakasulat ng may malayong implikasyon ang " walang diyos maliban sa Diyos at si Muhammad ay Kanyang mensahero."

### *(2) Pagdarasal (Solah)*

Ang panalangin ritwal ay isang namumukod na entidad mula sa panalangin na mas may malawak ang kahulugan nito, na *ipinababatid* ang iyong damdamin sa Diyos sa anumang oras sa anumang lugar at humihingi ng kanyang patnubay, tulong at kapatawaran, isang sangkap ng buhay na kung saan ay lubos na kapuri-puri sa Islam o sa iba pang mga relihiyon. Ang ritwal ng pagdarasal sa Islam ay tumatagal ng espesyal na paraan at nilalaman, kung saan ang katawan at kaluluwa ay parehong magkakatugmang kasangkot. Ito ay itinakda ng limang beses sa isang araw sa umaga, tanghali, hapon, pagkatapos lumubog ang araw at gabi. Ang mga ito ay ginanap sa kahit anumang lugar (tahanan, moske, parke, lugar ng trabaho, atbp.) ng isang indibidwal o kasama ang isa o higit pang mga Muslim na kalalakihan at kababaihan, isa sa mga lalaki ay nangunguna sa panalangin bilang isang "imam." Ang isang panalangin ay

tumatagal ng ilang minuto upang maisagawa ito. Tanging ang tanghali na panalangin sa araw ng Biyernes ay inutos na maging sama-sama sa panalangin, sa mga moske at ito ay sinundan ng isang sermon (Khutba). Ang Imam (lider o pinuno ng panalangin) ay hindi pari ni hindi kailangan maging parehong tao sa bawat oras (ng dasal), nguni't ang pagsasaalang-alang sa karunungan at kaalaman ng Qur'an at ang relihiyon ay ginagamit sa pagpili sa kanya (mga doktor, guro, negosyante at iba pati na rin ang mga iskolar ng relihiyon ay karaniwang nakatampok sa pagbibigay ng tungkulin na ito). Para sa panalangin ang isang tao ay dapat na maging malinis, na magsagawa ng paghuhugas (wudhu) na nagsasangkot ng paglilinis ng tubig sa bibig, ilong, mukha, tainga, kamay abot hanggang sa mga siko, pinapahid ang ulo at mga tainga at hinuhugasan ang mga paa (hanggang bukong-buko). Ang isang paghuhugas ay maaaring tumagal ng isa sa pamamagitan ng ilang mga panalangin nguni't kailangang ulitin kung ang tao ay naihi, dumumi, nautot (*flatus)* o nakatulog.

Pagnagsiping ay nangangailangan ng isang buong paliguan. Ang mga kababaihan ay hindi saklaw ng mga panalangin sa panahon

ng kanilang pagregla (o puerperal) daloy, at sa pagtigil nito ay kinakailangan ang isang paliguan ***(Tuhro o Ghusl Bath).*** Bawa't panalangin ay halos *pangungumpisal* sa Diyos. Nakaharap sa direksyon ng Kaaba (ang unang moske, ina itinayo ng patriyarkang Abraham at ang kanyang anak na Ismail para sa pagsamba ng isang Diyos, sa lugar nang maglaon ay naging lunsod ng Makkah sa Arabia), ang panalangin ay nag-uumpisa sa pagsasabi ng "Allahu Akbar." Ang Diyos ay mas dakila (kaysa lahat ng iba pa), at halos ay tinalikuran mo ang lahat sa sandaigdigan at tinutugunan ang Diyos. Ang isa sa mga palagiang binabasa sa panahon ng panalangin ay ang pambungad na kabanata ng Qur'an nagbabasa at nasaad sa Kabanata Ang Panimula (S Al-Fatihah)(1 : 1-7) :-

> *" Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahahabagin, ang Pinakamaawain.*
>
> *Ang lahat ng kaluwalhatian at pagpupuri ay Kay Allah, ang Rabb (Panginoon, Tagapanustos at Tagatangkilik) ng lahat ng mga nilalang. Ang Pinakamahahabagin, ang Pinakamaawain. Ang tanging may Hawak (o Pagpapasya) sa Araw ng Paghatol. Ikaw (po) lamang ang aming*

> *sinasamba, at Ikaw (po) lamang ang aming hinihingan ng tulong. Inyong patnubayan kami sa Matuwid na Landas. Sa landas ng mga ginawaran Ninyo ng Inyong mga biyaya at hindi sa landas na umaani ng Inyong pagkapoot, gayundin naman ay hindi sa landas ng mga napaligaw sa patnubay."*

Pagdarasal (pagyuko) at pagpapatirapa sa sarili (sa Diyos) na nagsasabing "Kaluwalhatian sa aking Panginoon na Dakila, " "Kaluwalhatian sa aking Panginoon ang Kataas taasan," "Ang Allah ay nakikinig sa mga taong nananalangin at nagpapasalamat sa Kanya" at habang pinupuno ang puso ay nakukuha sa pamamagitan ng pagdarasal, ang panalangin ay nagtapos sa paupong posisyon ng paulit-ulit na pagpapatibay ng pananampalataya sa Kanya, ang Shahadah na hinahangad ang kapayapaan ng Diyos at pagpapala kay Muhammad at Abraham at sa kanilang mga tao at mga tagasunod. Lamang sa paligid ng Kaaba, moske sa Makkah ang mga Muslim ay nakatayo ng pabilog para sa kanilang mga panalangin ( isang kahanga-hangang tanawin). Sa buong mundo sila ay nasa tuwid na linya, walang puwang (walang nalalabi), at nakaharap sa Makkah.

Ang mga kababaihan ay kadalasang na sumasakop sa likod na mga linya, hindi naman talaga kinakailangan sa relihiyon kundi isang kagandahang ayos *ayon sa kagustuhan* ng mga kababaihan ay nagiging komportable kung walang mga lalaki sa likod nila sa panahon ng kanilang pagyuko at pagpapatirapa. Ang mga panalangin, ay tungkulin at kusang-loob, ay isang napakalawak na espirituwal na kayamanan na maaaring gawin o hirangin. Ito ay naghihikayat ng kapayapaan, kadalisayan at katiwasayan o katahimikan at itinitimo ng patnubay sa Diyos. Kagilas-gilas na binabawasan nito ang pagsiksik at magmadali ng buhay upang PAAMUIN ang sukat. Sa pamamagitan ng kanilang pagitan ng limang beses sa isang araw, pati na ang simula nito, ang panalangin ay may *possibilidad* upang mapanatili ang antas ng panterapeutika at halos wala namang pagkakataon para sa mga pilyong kaisipan o gawa.

*(3) Ang Zakat (Mga Buwis ng Limos).*

Ang pagbibigay ng pera para sa pag-ibig sa kapwa ay totoong kapuri-puri, at ang langit ang limitasyon, nguni't ang Zakat, ang ikatlong haligi ng Islam ay naiiba, dahil ito ay obligasyon at ibinibigay sa isang kinakalkula na halaga. Sa mga

pangkalahatang tuntunin, nananatili kung ano ang labi pagkatapos matugunan ang mga pangangailangan at gastos, at naitago sa loob ng isang taon, ay mananagot sa Zakat sa halagang dalawa at kalahating porsiyento. Kung gayon, ang hindi nagagamit na pera ay mapaparusahan ng ***atrisyono*** o pag-urong sa loob ng apatnapung taon na kung saan ay isang insentibo upang mapagana o mapagalaw ang pera at nang sa gayon ay mapaglingkuran ang kapakanan ng publiko. Ang iba pang pakinabang at kita ay may kani-kanilang mga skema o pormula, tulad ng mga nalikom mula sa mga industriya, agrikultura at paghahayupan (pagsasaka), real estate, atbp na lubusang nakadetalye sa mga nagdadalubhasang sanggunian. Zakat ay ang karapatan ng mga maralita (dukha) sa kayamanan ng mayayaman at hindi opsyonal o kawanggawa o pagkakawanggawa. Sa isang estado ng Islam, ito ay kinokolekta ng pamahalaan at ang pangunahing pinagkukunan ng badyet, upang maging katuwang bilang kailangan ng iba pang mga nasaad sa batas pagbubuwis.

Maaari itong ipagkaloob ng kusang–loob sa mga boluntaryong institusyon sa Islam o nang direkta sa mga nangangailangan

kung saan ang batas ng Islam ay hindi nagpapatakbo (tulad ng sa kaso ng minoridad ng Muslim sa buong mundo o sa ilalim ng sekular na mga tuntunin). Ang mga naghihikahos o nangangailangan di-Muslim ay maaaring isama bilang benepisyaryo. Ang Zakat ay kumakatawan sa matibay na bigkis sa pagitan ng mga miyembro ng pamayanan, na inilarawan ng propeta Muhammad na maging "katulad ng mga organo ng katawan, kung ang isa ay nagdusa sa gayon lahat ng iba ay magkaisa sa pagtugon." Sa literal, ang salitang zakat ay nangangahulugan "pagdalisay o paglilinis" sa wikang Arabic, ibig sabihin ay dalisayin mo ang iyong pera sa pamamagitan ng pagbibigay mula rito. Kapag ang Muslim na nagbabayad ng Zakat, mayroon silang tunay na damdamin na ito ay isang pamumuhunan at hindi isang debit.

*(4) Pag-aayuno sa Buwan ng Ramadhan.*

Ang buwang ng Ramadhan ay bahagi ng lunar na kalendaryo, at dahil ito ang labing-isang araw na mas maikli kaysa sa Gregorian calendar, ang Ramadhan ay labing-isang araw na mas maaga bawa't taon na kung saan ay nagpapahintulot o nagbibigay daan sa pag-aayuno sa iba 't ibang panahon at lagay

ng panahon sa buong buhay. Mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw ay walang pagkain o inumin (kahit na tubig), nguni't pagkatapos ay pinapayagan ang pagkain at inumin. May mga *eksempsiyon* para sa mga kalagayan ng kalusugan at paglalakbay. Ipinagbabawal din ang pagtatalik sa araw, at hindi dapat magpapakita ng galit o iba pang masama o maling pag-uugali. Ang Ramadhan ay hindi isang buwan ng pagkagutom dahil ang nutrisyon at hydration ay tiniyak sa gabi bagaman ito ay inirerekomenda na inumin o kainin sa isang panagano (lagay ng loob) ng asetisismo o pagpepenitensiya.

Habang ang isa ay dumadaig sa pang-araw-araw na gawi at nagtitiis sa kagutoman at pagkauhaw, ang Ramadhan ay nagbibigay nang unang klase ng pagsasanay sa pagpipigil sa sarili at lakas ng loob (na kung ano ang kahinatnan ng sangkatauhan kung ang kakayahan sa pag-iisip ng pagtitimpi sa sarili ay nawala?). Ang pag-aayuno ay isang pinagyamang karanasan bilang isang nakahihigit sa mga pangangailangan ng ating materyal na sangkap at itinatangi sa espirituwal. Ang pakiramdam ay ang buwan ay gaya ng "pagsailalim ng

pagpapanatili " at halos katulad ng pagkarga ng iyong baterya para sa natitirang bahagi ng taon.

Ang pinakamatinding pagsamba at pag-ibig sa kapwa ay isang tampok ng buwan. Sa pagtatapos nito, ipanagdiriwang ng mga Muslim ang isa sa kanilang dalawang Eids (ang isa sa pagtatapos ng panahon ng paglalakbay, sa pamamagitan ng isang espesyal na kolektibong panalangin sa umaga) at nasa kondisiyon o lagay ng loob na salu-salo kasama ang pamilya at mga kaibigan.

### *(5) Ang Hajj (Paglalakbay sa Banal na Lugar) o Peregrinasyon*

Ang Islam ay lubusang nauugnay ng ganoon kataimtim sa isang Diyos (monotheistic) na ang layunin ni Abraham na ang ikalimang haligi (Hajj) ay wala kundi isang ritwal na pagdiriwang ng Patriyarka. Buo ang kanyang paniniwala sa isang tunay na Diyos at ang pagpapasakop (Islam) sa kanyang kalooban lamang, si Abraham ay nakaranas ng pagsubok sa paghaharap sa awtoridad (ni Haring Nimrod na nagtatalo na siya ay tulad ng Diyos ni Abraham, na maaari niyang ibigay at kunin ang buhay gaya ng ipag-utos na ang isang bilanggo na patayin

at isa pa ay iligtas. Nang si Abraham ay tumugon na ang Diyos ay dinadala ang araw mula sa Silangan at hinamon niya ito upang dalhin ang araw mula sa kanluran, ang hari ay natahimik na lamang), at hinarap ang opinyon ng publiko at kanilang mga lider ng relihiyon nang gibain o wasakin niya ang kanilang mga dios-diosan, ay dinakip siya at hinatulang mamatay sa pamamagitan ng apoy, ngunit siya ay iniligtas ng Diyos. Sa Kabanata – Ang Mga Propeta (S Al-Anbiya) (21:69) Kami (Allah) ay nagwika: "O Apoy! Maging malamig ka at mangalaga ka kay Abraham!"

Ang mas mahirap na pagsubok, gayunpaman, ay (nangyari) nang si Abraham, sa ma***pag-angil*** ng kanyang asawang si Sara ay sumag-ayon na dalhin si Hagar at ang kanilang anak na lalaki na si Ismail sa disyerto, "at ang bagay na ito ay napakabigat sa paningin ni Abraham dahil sa kanyang anak na lalaki." (Genesis 21:11) Nang iwanan sila ni Abraham sa lugar na sa hinaharap ay maging lunsod ng Makkah, ay halos maubos na ang kanilang mga pagkain at ang ina ay dumanas sa mahigpit na paghihirap upang maghanap ng tubig, sa takot at malapit na mawalan ng pag-asa, hanggang sa hindi inaasahang ang pagsibul ng balon

ZamZam. Si Abraham maya 't maya (pana-panahong) ay dumadating at binisita, at sa isa sa mga pagbisita niya ay itinalaga ng Diyos upang magtayo, sa tulong ni Ismail, ng unang moske para sa pagsamba sa Diyos, at tumawag sa mga mananampalataya sa isang taunang panahon ng paglalakbay o pilgrimahe (hajj) upang bisitahin ang moske na iyon sa pagsamba. Ang pinakamahirap na pagsubok kay Abraham ay ang walang alinlangan pagsunod sa banal na utos na patayin ang kanyang sariling anak na lalaki, na ang huli ay buong pusong tinanggap niya sa kanyang sarili upang sundin, ay sinundan ang kalooban ng Diyos upang iligtas ang bata at tubusin sa pamamagitan ng isang tupa. Kaya't ang banal na paglalakbay o peregrino ay anupa 't nagsimula kay Abraham at Ismail at nagpapatuloy simula noon. Sa kasamaang palad, gayunpaman, ang mga tao pagkatapos ng maraming mga henerasyon ay bumalik sa paganismo, at binago ang bahay ng Diyos sa isang bahay para sa mga idolo. Ang bawa't tribo ng mga paganong Arabo ay kumuha ng diyus-diyusan, binigyan ito ng pangalan, at inilagay sa Kaaba. Ang panahon ng pilgrimahe ay nanatiling ginagawa, ngunit sa halip na pagsamba sa Diyos, ito ay naging isang panahon ng pagsasaya at kasiyahan, paglasing at bisyo, at

bagong ritwal ay binago tulad ng pagkubkob ng Kaaba ng hubo 't hubad habang pumalakpak, kumakanta at sumisipol. Ito ay isang malaking pinansiyal na bonansa para sa mga tao ng Makkah, na ang ekonomiya nila ay batay sa panahon at sa dalawang taunang paglalakbay ng caravan para sa *pagdadala ng* kalakalan sa pagitan ng silangan (Aprika at Asya) at sa kanluran (Syria at lampas pa sa imperyo ng Byzantian). Isang klero ang lumitaw upang magsalita sa ngalan ng Diyos at tumanggap ng mga handog at pangako. Sa loob ng libu-libong taon ang estado ng mga pangyayari ay nagpatuloy sa ganito (Ismail) sa bahagi ng binhi ni Abraham. Mula sa mga malayong inapo ni Ismail, mula sa makapangyarihang angkan ng Qureish, si Muhammad ay isinilang sa taong 570 C.E. Ang kanyang ama ay namatay bago siya ipinanganak, at ang kanyang ina sa kanyang maagang pagkabata. Si Muhammad ay pinalaki ng kanyang lolo, at nang huli ay namatay, ng isa sa kanyang mga tiyo. Nang siya ay lumaki, siya ay naging pokus ng paggalang at paghanga ng lahat sa komunidad, at sa maagang edad, siya ay pinalayawan o pinangalanan “ang tapat.” Sa edad na dalawampu 't lima ay pinakasalan niya ang isang mayamang biyuda, si Khadija, kung saan siya ay nagtrabaho bilang tagapamahala o manedyer ng

pangangalakal sa kalakalan at pinahalagahan nito ang kanyang pagkatao. Siya ay labinlimang taon na nakatatanda sa kanya, nguni’t sila ay maligayang namuhay sa isang ***monogamous*** na kasal sa sumunod na dalawampu 't walong taon hanggang sa mamatay siya. Hindi niya ibinahagi kailanman sa kanyang mga tao ang pagsamba sa mga diyus-diyosan o sa iba 't ibang mga kamalian o mga kawalang kakayahan, ang mismong buhay noong bago pa ang pag-iral ng Islam sa mga (jahiliyya ie. kinuha sa kamangmangan) Arabo.

Siya ay palaging bumisita sa isang kuweba sa tuktok ng isang bundok na malapit sa Makkah upang magnilay at magmuni-muni, at sa panahon ng isa sa kanyang mga pagbisita doon si anghel Gabriel ay nagpakita sa kanya at ipinararating ang banal na tungkulin o iniatas ang pagkaprophethood, at ibinigay sa kanya ang unang paghahayag kailanman mula sa banal na Qur’an na matatagpuan sa Kabanata - Ang Namuong Dugo (S Al-Alaq)(96 :1-5) na mababasa: Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahahabagin, ang Pinakamaawain.

*Bumasa ka (O Muhammad) sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha sa lahat ng bagay, Na lumikha sa tao mula sa namuong*

*patak ng dugo. Iyong basahin! At ang iyong Panginoon ang Pinakamapagbigay, Na nagturo (ng pagsulat) sa pamamagitan ng panulat, Na nagturo sa tao ng hindi niya nalalaman. "*

Ito ay sa buwan ng Ramadhan, at ang gabi ay gabi ng makapangyarihan (Qadr). Si Muhammad ay labis na namangha, at nagmadaling umuwi na nanginginig at sa panginginig, kung saan ang kanyang asawa ay inalo at ***pinapanatag*** siya na nagsabi: "sa kanya na nangingibabaw o *namumuno* ang kaluluwa ni Khadija, idinadalangin ko na ikaw ay magiging propeta ng bansang ito. Ikaw ay mabait sa inyong mga kamag-anak, bukas-palad (at mapagbigay) sa mga panauhin, matulungin sa kapwa mga nangangailangan at makatotohanan o matapat sa inyong mga pananalita, kaya hindi ka bibiguin o pababayaan ng Diyos." Bumisita na muli ang anghel, at muli hanggang si Muhammad ***nagpunta*** tungkol sa kanyang ministeryo. Bagama 't ito ay ang katotohanan, at ang pagtalikod sa pagsamba sa diyus-diyusan pabalik sa dalisay na monoteismo (pagka-isa) ni Abraham, wala nang mas nakahihigit na banta o babala sa alyansa sa pagitan ng mayayaman at makapangyarihang at ang pari, na kung saan ang

tunay na pag-iral ay nakasalalay sa pagpapanatili ng kalagayan. Sa loob ng labintatlong taon si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod ay inusig, hanggang sa sila ay nandayuhan o lumipat sa kanilang base sa Al-Madinah at pinahintulutan (ng Qur'an) na lumaban. Sa kalaunan ay sinakop ng hukbo ni Muhammad ang Makkah, nagdeklara ang pangkalahatang amnestiya, ngunit winasak nila ang mga diyus-diyusan, nalinis ang dambana ni Abraham mula sa paganismo at nanumbalik ang relihiyon sa dalisay na pinagmulan nito. Ang Pilgrimahe ay nagpatuloy sa itinakdang panahon, at ang ikalimang haligi ng Islam ay ipinag-utos sa bawat Muslim na lalaki at babae minsan ng isang beses sa panahon na buhay sila, para sa mga may pisikal at pinansyal na kakayahan na tustusan ito. Pagkatapos ng mahabang paliwanag na ito, di po sapat na dahilan para sa mga may puso na mababasa ang ilan sa mga espesyalista, eksperto at iskolar (pari at mga orientalist) na inilarawan lamang ang pilgrimahe bilang "isang simpleng paganong ritwal na nakapaloob sa Islam?" Ang panahon ng pilgrimahe sa mga dumarating na ikalabindalawang buwan sa kalendaryong lunar, na tinatawag na buwan ng hajj (Zul Hijja), na kilala nagmula nang dumating ang Islam, dahil ito ay isang kaganapan ng Abrahamikong

pangyayari. Ang mga lalaki ay kailangan magsuot ng isang pares na mga puting kasuotan na hindi tinahi sa katawan nang walang anumang iba pang-ilalim na damit maliban marahil sa mga sandalyas at isang (bulsahing) sinturon.

Ito ay isang unibersal na pananamit at silang lahat ay magkatulad nang walang anumang pagkakaiba sa klase at magkakasama sa buong kapatiran at ang agarang o kagyat na pananabik upang mag-aalok ng tulong sa isa 't isa hangga 't maaari, lumagpas o humigit sa lahat ng pagkakaiba sa kulay, wika, lahi, etniko, antas ng edukasyon… ang tanging kabutihan sa sangkatauhan ay napapakita at ang kadalisayan ng paniniwala na ang sangkatauhan ay iisang pamilya na sumasamba sa nag-iisang Diyos. Ang mga kababaihan ay nagsuot ng mga ordinaryong damit na sumasakop sa buong katawan maliban sa mukha at mga kamay. Doon ay walang mga pagbubukod, at ang mga pamilya at iba pang mga pagpapangkat ay nagsisikap na magkakasama upang wala nang *naaanod* at mawawala sa gitna ng milyun-milyong tao. Kabilang sa mga ritwal ang pagsamba sa moske ni Abraham at ang pag-iikot ng pitong beses sa Kaaba, ang ***pagluwas-sumuba*** o ang paglalakad ng papunta at pabalik

sa pagitan ng burol ng Safa at Marwah kung saan si Hagar ay tarantang tumakbo sa paghahanap ng tubig para sa kanyang anak na lalaki, ang pagtitipon sa paligid ng bundok ng Arafat sa panalangin at pagsusumamo, paghihinto sa tatlong mga lugar kung saan ay tinangka ng diyablo na tuksuhin si Abraham laban sa pagpatay sa kanyang anak na lalaki at paghahagis ng mga maliliit na bato sa kanila na simbolo ng pagdaig sa mga tukso.

Ang *pinakatampok* ay ang sama-samang panalangin at pangangaral ng Eid (ng sakripisyo) na sinundan sa pamamagitan ng pag-aalay ng pagkakatay ng isang tupa (pinamimigay sa mga mahihirap nguni't may bahagi na napupunta sa pamilya at mga kaibigan) na sumusunod sa tradisyon ni Abraham. Ang mga Muslim na hindi naghajj ay ipinagdiriwang din ang Eid ul-Adha ng kolektibong panalangin (at sermon) at ang paghahandog ng isang tupa, at ang tanghalian sa Eid ay isang masayang pagkakataon upang magdiwang. Dahil sa malaking bilang ng mga hayop na inialay o isinasakripisyo sa hajj di kalayuan sa Makkah, na hindi maaaring mauubos doon at pagkatapos, ay itinatag ng awtoridad ng Saudi Arabia ang isang planta ng mag-iimpake o mambabalot ng karne (ng makuha nila ang

kinakailangan fatwa o relihiyosong opinyon) upang mapangalagaan o mapanatili at ilagay ang karne sa lata para sa pagpapadala sa mga maralita o mahihirap at nangangailangan sa mga pamayanan ng Islam. Ang kanilang iba pang mga pagsisikap upang mapaunlakan o matugunan, pangasiwaan, at mapadali ang kilusang masa ng mga manlalakbay (hindi bababa sa dalawang milyon) sa loob ng masikip na iskedyul ng oras at espasyo ay kapuri-puri.

## C. Moralidad sa Islam

Ang moralidad sa Islam ay kapareho ng moralidad ng Kristiyano at ng Hudaismo na moralidad nasa kanilang dalisay na anyo tulad ng nakasaad sa Torah at ang Ebanghelyo at walang rebisyonismo na sa dakong huli na nagbibigay-daan sa ilang (relihiyosong!) mga lupon upang maglaro ng kaguluhan sa moral na pamana at baguhin ang alituntunin ng kabutihang asal sa gayong paraan na ginawa ang mga mahalay na pag-uugali (immoralidad) ng kahapon na maging kagaya ng moralidad ng ngayon, at sa katunayan ay pinatungan ito ng mga bagong (magandang) katawagan tulad ng 'pag-ibig', 'bakla', 'relasyon', ' lalaki/babae na kaibigan', 'katipan' o ‘kasintahan’ atbp, umaasa

na ang isang magandang pangalan ay maaaring maikubli (o makatulong na itaguyod) ang mga lumang mga bagay. Sa halip na simulan ang paghimok at talakayin ang mga indibidwal na mga isyu, naisip namin na ito ay isang mas mahusay na pamumuhunan ng seksyon na ito upang ipakilala sa mambabasa nang direkta sa pinagmulan, sa pamamagitan ng pagpapaskil o pagpapakita ng bilang ng mga panipi mula sa Qur'an at ang Hadith (mga kasabihan) ni propeta Muhammad. Ito ay isang bahagi na ang mambabasa sa Kanluranin ay lalong kulang at hiwalay mula sa nagkasuson-suson na mga negatibong *indoktrinasyon* sa pamamagitan ng mga tinatawag ng mga eksperto at espesyalista. Napakaraming beses na namin nabasa o naririnig sa radyo at telebisyon kung paano ang Qur'an ay nag-uutos sa mga Muslim na magsinungaling o mandaya o patayin ang mga di-Muslim, at si Muhammad ay isang malupit na kontrabida na lasing sa kanyang sariling mga ambisyon at pagnanasa sa kasakiman at kamunduhan (kahalayan). Sinisikap naming madaig, at kung minsan, ay magtatagumpay kami sa pagkuha ng mga kasagutan na inilathala o kahit na makakuha ng isang paghingi ng tawad, ngunit patuloy pa rin ang daloy.

Gayunpaman sa aming iba 't ibang mga inisyatiba (o pagkukusa), ay mas marami pang mga tao ang nakakaalam ng katotohanan tungkol sa Islam, at minsan isang napakaliit na kritikal na masa ng mga indibidwal ay maaaring makilala ang huwad (hindi totoo) mula sa tunay, ito ang magiging katapusan ng kampanya ng *mapaghangad ng masama* at pagtatangi kung saan marami ang gumawa nito bilang kanilang karera. Ang moralidad sa Islam ay hindi lamang isang listahan ng mga "dapat" gagawin at ang "hindi" dapat gawin. Nilalayon nito ang pagtatayo ng pagkatao na nakakaalam at tumatanggap ng papel ng tao bilang isang kinatawan ng Diyos sa lupa upang siya ay handang pamahalaan ang kalikasan sa loob at ang kalikasan sa labas ng kanyang pagkakasundo sa manwal ng may-ari. Ipinasa namin dito ang ilang mga sipi, ng walang ibang pagkakasunud-sunod ayon sa kung saan ang mga ito ay dumating sa aming memorya.

## I. Ang Qur'an

(1) “At ang mga tagapaglingkod ng (Allah) ang pinaka-mapagbiyaya ay ang mga yaong lumalakad sa kalupaan nang may pagpapakumbaba (kababaang-loob), at kapag ang mga walang alam ay nagsalita sa kanila, ay tumugon sila ng pangunusap na 'Kapayapaan!'. At mga taong ginugugol ang gabi sa pagsamba ng kanilang Panginoon, nagpatirapa at nakatayo (sa pagdarasal). Ang yaong mga nagsasabing “ Ang aming Panginoon, ilayo mo po mula sa amin ang poot ng impiyerno, sapagka 't ang poot nito ay tunay na isang kapighatian o malaking paghihirap. Ang kasamaan sa katunayan ito ay bilang isang tirahan, at isang lugar upang magpahinga. Yaong mga taong, kapag gumastos sila ay hindi maluho o gastador at hindi kuripot, ngunit hawak ang isang hustong o wastong (balanse) sa pagitan ng mga (sobra o labis-labis).

Yaong mga hindi nananalangin sa Diyos o sa anumang iba pang diyos, ni hindi pumapatay ng gayong buhay na ginawang sagrado ng Diyos maliban sa makatarungang dahilan; hindi rin gumawa ng pangangalunya o makiapid, at ang sinumang gumawa nito (hindi lamang) nakakaharap sa kaparusahan, (subalit) ang parusa ng tungkol sa araw ng paghuhukom ay

madoble sa kanya, at siya ay manirahan doon sa kahihiyan: maliban kung siya ay nagsisisi, naniniwala at gumagawa ng matuwid o mabuting mga gawa, sapagkat baguhin (o palitan) ng Diyos ang kasamaan sa gayong mga tao ng kabutihan, at ang Diyos ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. At sinuman ang magsisi at gumawa ng mabuti ay matapat na bumaling sa Diyos sa pagsisisi. Ipinahayag sa

(1) Kabanata–Ang Pamantayan (S Al-Furqan)(25)(63-74):

*"At ang mga alipin ng Pinakamahahabagin (Allah) ay naglalakad sa kalupaan ng may kapakumbabaan at katahimikan (pino sa pagkilos at pagsalita), at kung ang mga luku-luko (ignorante) ay nangungusap sa kanila (ng masamang salita), sila ay sumasagot sa pangungusap ng salita ng kapayapaan.*

*At sila na gumugugol sa bahagi ng gabi sa harapan ng kanilang Panginoon, na nagpapatirapa at nakatayo (sa pagdarasal).*

*At sa mga nagsasabi : O aming Panginoon! Iadya (Ninyo) sa aming ang kaparusahan ng Impiyerno. Katotohanan! Ang pagpaparusa nito ay lalagi nang hindi magbababa at mananatili na kaparusahan.*

*Katotohanang ito (Impiyerno) ay kasamaan bilang isang hantungan at isang panahanan.*

*At sila, na kung gumugugol ay hindi bulang-gugo (nag-aaksaya) at hindi rin kuripot, datapuwa't sila ay gumugugol nang katamtaman (sa pagitan ng dalawang kalabisang ito).*

*At sila na hindi nananalangin sa ibang diyos maliban pa kay Allah, at hindi pumapatay ng tao na ipinagbabawal ni Allah, maliban na lamang kung makatarungan, at hindi rin nangangalunya (o nakikiapid), - at sinuman ang gumagawa nito ay makatanggap ng kaparusahan.*

*Ang kaparusahan ay gagawing dalawa sa kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at siya ay mananatili roon sa kahihiyan;*

*Maliban sa mga nagsisisi at sumasampalataya (sa kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, para sa kanila, papalitan ni Allah ang kanilang mga kasalanan ng mabubuting gawa, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.*

*At sinuman ang magsisi at gumawa ng kabutihan, katotohanan kung gayon, siya ay nagsisi kay Allah nang matapat na pagtitika.*

*At sila na hindi na sumasaksi sa kabulaanan (kasingalingan), at kung sila ay napaparaan (nang malapit) sa masamang pag-uusap, sila ay dumaraan doon ng may dangal.*

*At sila, na kung pinapaalalahanan (sa pamamagitan) ng mga (talata sa Qur'an bilang) Tanda ng kanilang Panginoon ay hindi lumulugmok na waring mga bingi at bulag ( sila ay tumatanggap nito nang buong katapatan).*

*At sila na nagsasabi: "O Aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami mula sa aming mga asawa at mga anak ng mga magiging kasiya-siya sa aming mga mata, at kami ay gawin Ninyong mga pinuno para sa Mutaqqun (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).*

*(2)* Kabanata–Pamilya ni Imran (SAl-Imran)(3)(133-136):

*" At magiging maagap sa pag-uunahan (magmadali) tungo sa kapatawaran ni Allah, at sa Paraiso na kasinglawak ng kalangitan at ng kalupaan na inihanda sa Al Mutaqqun (mga matimtiman, mabubuti, matutuwid na mananampalataya).*

*Ang mga gumugugol (sa kapakanan ni Allah, mga gawang kawanggawa, limos at tulong) a kasaganaan at kahirapan, at*

*nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.*

*At yaong (mga tao) na kung sila ay nakagawa ng Fahisha (matinding kasalanan tulad ng pangangalunya o pakikiapid, atbp.) o nagpalungi ng kanilang sarili sa kasamaan, ay nakakaala-ala kay Allah at humihingi ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan; - at sino pa ba kaya ang magpapatwad ng mga kasalanan maliban kay Allah? At hindi nagpupumilit na ipagpatuloy ang kamalian na kanilang nagawa, at ito'y kanilang nababatid.*

*Sa ganito, ang kanilang gantimpala ay Kapatawaran mula sa kanilang Panginoon, at mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sila ay mananatili rito magpakailanman. Tunay na napakainam ang ganitong gantimpala sa mga gumagawa (at nagsisikap sa kabutihan ng ayon sa pag-uutos ni Allah).*

*(3)* Kabanata – Propeta Luqman (S Luqman) (31)(13-19):- *"At nang si Luqman ay nagsabi sa kanyang anak (na lalaki) ng may pangangaral: "O aking anak! Huwag kang magtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah; katotohanan, ang pagtatambal ng*

*iba pa sa pagsamba kay Allah ay tunay ngang pinakamatinding kamalian"*

*14 At ipinagtagubilin Namin sa tao (na maging mabait at masunurin) sa kanilang magulang. Ang kanyang ina ay nagsilang sa kanya sa matinding hirap sa ibabaw ng ibayong hirap, at inawat siya (sa pagpapasuso) pagkatapos ng dalawang taon. Magbigay kayo ng pasasalamat sa Akin at sa inyong mga magulang; - sa Aking inyong huling hantungan.*

*15 Datapuwa't kung sila (magulang) ay magsikhay upang ikaw ay magtambal ng iba pa sa pagsamba sa Akin sa mga bagay na wala kayong kaalaman; sila ay huwag ninyong sundin; at maging mabait kayo sa kanila sa mundong ito, at sundin ninyo ang landas ng sinumang magbalik-loob sa Akin sa pagsisisi. Sa katapusan ang hantungan ninyong lahat ay sa Akin, at sa inyo ay Aking ipagtuturing ang inyong ginawa.*

*16 (At si Luqman ay nagsabi): "O aking anak! Katiyakan na kung ito (ang kamalian) ay mangyari na katumbas ng bigat ng isang buto ng mustasa at ito (ay nakasingit) sa bato o (saan mang lugar) sa kalangitan o kalupaan; si Allah ang*

*maghahantad nito. Katotohanang si Allah ay Bihasa at Ganap na Nakatatalos (ng kinalalagyan nito).”*

*17 “O aking anak! Magsagawa ka ng palagiang pagdarasal (nang mahinusay), ipagtagubilin mo ang Al Ma’ruf (pananalig sa Kaisahan ni Allah at Islam, sa lahat ng mabubuti at makatarungan), at iyong ipagbawal ang Al Munkar (ang kawalan ng pananalig sa Kaisahan ni Allah, pagsamba sa mga diyus-diyosan, lahat ng uri ng kasamaan, kasalanan at kamalian); at ikaw ay maging matimtiman sa pagtitiyaga sa anupamang dumatal sa iyo.” Katotohanang ito ang mga bagay na nangangailangan ng katiiman ng loob (matibay na paninindigan);*

*18 At huwag mong patambukin ang iyong pisngi sa harap ng mga tao (ng may kapalaluan), at huwag kang maglakad sa kalupaan ng may kabastusan, Katotohanangn si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang at mapagpaimbabaw,*

*19 At maging banayad sa iyong paglakad (a huwag magpamalas ng pagmamalaki), at ibaba mo ang iyong boses. Katotohanan ang pinaka di katanggap-tanggap sa mga ingay ay ang boses (o pag-iingay) ng mga asno.*

*(4) Sa* Kabanata – Ang Liwanag (S An-Nur)(24)(22-23) :-

*"At sila na biniyayaan ng pagpapala at kayamanan ay huwag manumpa na (sila) ay hindi magbibigay ng anumang tulong sa kanilang mga kamag-anak, sa mga Miskin (mahihirap), at Muhajireen (mga lumilikas sa ibang bayan) dahilan sa kapakanan ni Allah. At hayaan silang magpatawad at magparaya. Hindi baga ninyo naiibigan na si Allah ay magpatawad sa inyo? At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.*

*23 Katotohanan, ang mga nagpaparatang sa mga malilinis na babae, na hindi man lamang nag-iisip ng anumang bagay na sisira sa kanilang kalinisan, at matuwid na sumasampalataya, sila (na nagpaparatang) ay isinumpa sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay, at sa kanila ay nakalaan ang matinding kaparusahan.*

(5) Matatagpuan sa Kabanata - Ang Baka (S Al-Baqarah)(2)(177)

*"Hindi isang Al-Birr (Kabutihan, kabanalan, katuwiran, at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah, Atbp.) na ilingon ninyo ang inyong mukha sa Silangan o Kanluran (sa pag-aalay ng*

*Salah (takdang panalangin), datapuwa't ang Al-Birr ay ang pagsampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at sa mga Anghel, at sa Aklat, at sa mga Tagapagbalita (Sugo); at gumugugol ng kanyang yaman (dahil sa pagmamahal sa Kanya) sa mga kamag-anak, sa mga ulila, sa mga maralita (nangangailangan), sa mga naglalakbay (na walang panustos), sa mga humihingi (dahilan sa matinding pangangailangan, at sa pagpapalaya ng alipin; ang maging matimtiman sa pag-aalay ng Salah (nananalangin ng mahinusay, iqamat-as-Salah), at sa nagkaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at tumutupad sa kasunduan na kanilang ginawa; at matatag at matiyaga sa matinding kahirapan at karamdaman, at sa (lahat) ng panahon (ng kagipitan) ng pakikibaka o pakikipaglaban sa digmaan. Sila yaong mga tao ng katotohanan, at sila ang Al-Muttaqun ( mga may pagkatakot kay Allah, matimtiman, matuwid, banal, mabuti, atbp.).*

(6) Nasaad sa Kabanata – Ang Magkakaanib (S Al Ahzab)(33)(35)

*"Katiyakan, ang mga Muslim na lalaki at mga Muslim na babae, ang mga sumasampalatayang lalaki at mga*

*sumasampalatayang babae, ang mga masunuring lalaki at mga masunuring babae (kay Allah), ang mga matatapat na lalaki at mga matatapat na babae (na nagsasabi ng katotohanan sa kanilang pananalita at gawa), ang mga matitiyagang lalaki at mga matitiyagang babae (sa pagsasagawa ng lahat ng mga tugkulin na iniatas ni Allah at pag-iwas sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal), ang mga mapagkumbabang lalaki at mga mapagkumbabang babae (sa harapan ng kanilang Panginoon, - Allah), ang mga mapagkawanggawang lalaki at mga mapagkawanggawang babae (na nagbibigay ng katungkulang kawanggawa, ang zakah, [gayundin] ang boluntaryong kawanggawa tulad ng limos, tulong), ang mapag-ayunong lalaki at mga mapag-ayunong babae (na nag-aayuno ng katungkulang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan at mga boluntaryong pag-aayuno o Nawafil), ang mga (malilinis) na lalaki na nangangalaga ng kanilang maselang bahagi ng katawan at mga (malilinis) na babae na gumagawa ng gayon (nagpapanatili ng kanilang kalinisan sa mga bawal na pakikipagtalik), at ang mga lalaki na lagi nang nag-aala-ala kay Allah at mga (mapag-ala-alang) babae na gumagawa ng gayon, (labis na nag-aala-la-ala kay Allah sa pamamagitan ng kanilang mga dila at puso habang*

*nakaupo, nakatayo at nakahimlay at dumadalit ng mga pagpupuri at pagluwalhati sa Kanya); sa kanila ay inihanda ni Allah ang pagpapatawad at malaking gantimpala ( ang Paraiso).”*

(7) Kabanaata – Ang Bubuyog (S An-Nahl)(16)(90-91)

*“Katotohanan, si Allah ay nagtagubilin ng katarungan at mabuting asal (mabuting pag-uugali), at pagbibigay (ng tulong) sa mga kamag-anak, at nagbabawal ng Al-Fasha (lahat ng masasamang gawa, katulad ng bawal na pakikipagtalik, pagsuway sa magulang, pagsamba sa mga diyus-diyosan, pagsisinungaling, pagsaksi ng walang katotohanan, pagpatay ng buhay ng walang kapamahalaan), at Al-Munkar (lahat ng mga bawal sa batas ng Islam, lahat ng uri ng pagsamba sa mga diyus –diyosan, kawalan ng pananalig, at lahat ng uri ng kasamaan) at Al-Baghi (lahat ng uri ng pagmamaliit at pag-aapi) ay Kanyang pinaalalahanan kayo, upang kayo ay makaala-ala (makinig at sumunod).*

*91 At inyong tuparin ang kasunduan ni Allah nang kayo ay makipagkasundo, at huwag ninyong labagin (sirain) ang inyong mga sumpa (pangako) matapos na inyong pagtibayin ito, at*

*katiyakang kayo ay nagtalaga kay Allah bilang inyong Tagapanagot (tagapaggarantiya). Katotohanan! Talastas ni Allah ang inyong ginagawa.”*

( 8) Sinabi sa Kabanata – Ang Gabing Paglalakbay (S Al-Isra’)(17 : 23-24)

*“Ang inyong Panginoon ay nag-uutos na huwag kayong sumamba sa iba pa maliban sa Kanya, at kayo ay maging masunurin sa inyong magulang. Kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa matandang gulang sa (panahon) ng iyong buhay, huwag kang mangusap sa kanila ng isa mang salitang kalapastanganan, gayundin ay huwag manigaw sa kanila, datapuwa’t ikaw ay mangusap sa kanila sa paraan na karangal-rangal.*

*24 At iyong gawin ang iyong sarili na masunurin at maawain sa kanila na (may taglay) na habag, at magsabi : O aking Panginoon! Igawad Ninyo sa kanila ang Inyong Habag, katulad ng kanilang pag-aaruga sa akin nang ako ay batang paslit pa.*

(9) Ipinaliwanag sa Kabanata – Ang Babae na Susuriin (S Al-Mumtahanah)(60 : 7-8)

*Baka sakaling si Allah ay magkaloob ng pagmamahalan sa pagitan ninyo at inyong (mga kamag-anak na hindi nanampalataya kay Allah na inyong) itinuturing na mga kaaway (ito ay sa pamamagitan ng kanilang pagyakap sa Islam), sapagkat si Allah ang may kapangyarihan (sa lahat ng bagay), at si Allah ang Laging Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.*

*8 Hindi kayo pinagbabawalan ni Allah sa mga tao na hindi nakikipaglaban sa inyo sa pananampalataya at hindi nagtataboy sa inyo sa inyong tahanan, na sila ay inyong pakitunguhan nang mabuti (may kagandahang-asal) at makatarungan, katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan.*

( 10) Makikita sa Kabanata – Ang Dulang (S Al-Ma'idah)(5:8)

*"O kayong nagsisisamplataya! Maninindigan kayo nang matatag kay Allah at maging makatarungan mga saksi at huwag hayaan na ang galit at pagkamuhi ng mga iba ay makagawa sa inyo na umiwas sa katarungan. Maging makatarungan (kayo): ito ay higit na malapit sa kabanalan, at pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ay Ganap na Nakababatid ng anumang inyong ginagawa."*

(11) Malinawanag na sinabi sa Kabanata - Ang Mga Naggigitnang Silid (S Al-Hujurat)(49:11-12)

*O kayong sumasampalataya! Huwag hayaan ang isang pangkat sa inyong kalalakihan ay mangutya sa ibang pangkat. Maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una at huwag din namang hayaan na ang ilan sa inyong kababaihan ay mangutya sa ibang kababaihan, maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una. At huwag ninyong sirain ang bawat isa, at gayundin, huwag ninyong tawagin ang bawat isa sa nakasasakit na mga palayaw. Tunay namang masama sa inyong paringgan (ng hindi pagsunod) ang isang kapatid matapos na siya ay magkaroon ng Pananampalataya (ang tawagin ang inyong Muslim na kapatid na naging isang matapat na mananampalataya ng pag-upasala). At kung sinuman ang hindi magsisi, katotohanang sila ang Zalimun (mga gumagawa ng kamalian, buktot, buhong,atbp.)*

*12 O kayong sumasampalataya! Inyong iwasan ang maraming pagdududa, katiyakang ang ilang pagdududa (sa ilang katayuan) ay mga kasalanan. At huwag kayong manubok, gayundin huwag kayong magpamalas ng paninira (sa*

*talikuran). Mayroon bang isa sa inyo ang ibig kumain ng laman ng patay niyang kapatid? Tunay ngang kasusuklaman ninyo ito (kaya't kamuhian ninyo ang panlalait sa talikuran), datapuwa't inyong pangambahan si Allah, Katotohanang si Allah ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain.*

(12) Naipaliwanag sa Kabanata – Ang Mga Napanalunan Sa Digmaan (S Al-Anfal) (8 : 61)

"*Subali't kung sila ay humilig sa kapayapaan, humilig din kayo rito, at (inyong ilagay) ang pagtitiwala kay Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam."*

(13) Sinabi sa Kabanata – Ang Ipinaliwanag ( S Al-Fussilat)(41 : 34)

" *Ang mabuting gawa at masamang gawa ay hindi magkatulad. Itaboy (kasuklaman) ang masama sa pamamagitan (ng gawa) na mabuti, kung magkakagayon, siya na nasa pagitan mo at niya ay may pagkagalit (sa isa't isa ay mangyari) na tila ba siya ay dati nang malapit na kaibigan."*

(14) Malinaw na binanggit sa Kabanata – Ang Maliit Na Kabutihan (S Al-Ma'un)(107 : 1-7)

*'Nabatid mo ba siya na nagtatawa sa Araw ng Paghuhukom? Siya nga na may kagaspangan sa pag-uugali sa ulila, At hindi naghihikayat na magbigay ng biyaya upang pakainin ang naghihikahos, Kaya't kasawian* sa mga *Munafik* (mapagkunwari) na *nagsasagawa ng Salah (takdang panalangin), Na nagpabaya sa kanilang Salah sa takdang oras, Na nagsasagawa ng Salah at mga kabutihan bilang pakitang-tao upang mamalas (ng mga tao), At tumatangging magbigay ng kahit na katiting na tulong sa kapuwa niyang nangangailangan (kahit na isang dakot na asin, asukal, isang basong tubig, atbp).*

(15) Matatagpuan sa Kabanata – Ang Mga Mandaraya (S Al-Mutaffifin)(83)(1-6)

*"Kasawian sa mga mandaraya na nagbibigay ng kulang sa sukat at timbang, Na kung sila ay tatanggap (o bibili) sa mga tao ay kumukuha ng ganap na sukat o timbang, Datapuwa't kung sila ang magbibigay (o magbibili) sa mga tao ng may sukat o timbang ay nagbibigay ng kulang. Hindi baga nila napag-aakala na sila ay bubuhaying muli upang tawagin sa*

*Pagsusulit? Sa Araw na Katakut-takot at Matindi, Sa Araw na yaon, ang sangkatauhan ay magsisitindig sa harapan ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang.*

## II. Ang Propeta Ay Nagsalita

(1) “Walang sinuman sa inyo ang (tunay na) naniniwala hanggang kanyang naisin sa kanyang kapatid kung ano ang kanyang nais para sa kanyang sarili.”

(2) “Sinuman sa inyo ay nakikita ang isang masamang pagkilos, ay baguhin niya ito sa pamamagitan ng kanyang kanan kamay; at kung hindi niya ito magagawa, pagkatapos ay sa pamamagitan ng kanyang dila; at kung hindi niya ito maaaring magawa; pagkatapos ay sa pamamagitan ng kanyang puso- ito ang pinakamahina sa pananampalataya.”

(3) “Ang iyong Panginoon ay nagsabi: ‘O anak ni Adan, Hangga’t ikaw ay tumawag sa Akin at humingi sa Akin, patatawarin kita sa iyong ginawa at hindi ako tututol. ‘O anak ni Adan, kahit ang inyong mga kasalanan ay maabot ang mga ulap ng kalangitan at pagkatapos ay humingi ka ng kapatawaran sa Akin, patatawarin Kita. ‘O anak ni Adan, naparito ka ba sa Akin na may isang makamundong mga kasalanan at kung gayon

ay nakaharap ka sa Akin na hindi nagkaloob o nagbigay sa Akin ng katambal, dadalhin Ko sa iyo ang isang makamundong kapatawaran."

(4) "Hindi tinitingnan ng Diyos ang iyong katawan at hugis o pigura ngunit tinitingnan ang iyong puso at ang iyong mga gawa."

(5) "Ang mga tao ay pantay-pantay na katulad ng mga ngipin ng suklay. Kayong lahat ay mula kay Adan: at si Adan ay mula sa alabok. Walang priyoridad ang puti sa itim, ang Arabo sa hindi Arabo maliban sa pamamagitan ng paggalang (sa mga magulang) o yaong mga sumasampalataya."

(6) Ang pinakamalakas ay hindi ang isang mahusay sa pakikipagbuno. Ang malakas ay isa na nakakapigil sa kanyang sarili kapag galit.

(7) May isang nakakabatang lalaki ang nagtanong sa propeta: "sino sa lahat ng tao ang pinaka karapat-dapat sa akin kabaitan?" Sinagot ng propheta na "Ang Iyon Ina." Ang lalaki ay nagtanong : kung gayon sino? (ang susunod)" Sinagot ang propeta : "ang iyong Ina" Tinanong muli ng lalaki: kung gayon sino? At ang propeta ay sumagot: "Ang iyong Ina." Nagtanong

uli ang lalaki "pagkatapos sino?" at sumagot ang propeta " Ang iyong Ama."

(8) "Ang pinakamainam sa inyo ay ang pinaka-mabait sa kanilang asawa, at ako ang pinakamahusay sa inyong lahat."

(9) Ang Propeta ay tinanong: maaaring bang ang isang mananampalataya ay maging isang duwag? At sinagot niya "Maaari (baka)." Maaari bang ang isang mananampalataya ay kuripot, ang Propeta ay sumagot "Siguro." ngunit noong siya ay tinanong kung maaari ba ang isang mananamplataya ay maging sinungaling? ang Propeta ay sumagot ng "Hindi. Magpakailan man!"

(10) "Sa isang mainit na tag-araw may isang lalaki na natagpuan ang isang uhaw na aso sa gilid ng balon, na hindi naabot ang tubig. Sinabi sa kanyang sarili na "Ang asong ito ay nauuhaw rin katulad ko ngayon" Ang lalaki ay pumunta sa may balon at pinuno ng tubig ang kanyang sapatos at inalok ito sa aso upang uminom. Nalugod sa kanya ang Diyos at ipinagkaloob sa kanya ang kapatawaran sa lahat ng kanyang kasalanan.

(11) " Ang mga palatandaan ng mga mapagkunwari ay tatlo: Kapag nagsasalita siya ay nagsisinungaling, kapag nangako ay

sumisira ng pangako at kapag pinagkatiwalan ay ipinagkanulo niya ng pagtitiwala.”

(12) Sinabi ng iyong Panginoon: “ kapag dumarating ang Aking tagapaglingkod na malapit sa Akin hangga 't isang dipa (ng tulay) ng mga kamay, lalapit Ako sa kanya gaya ng isang bisig; at kapag pupunta siya sa Akin hanggang sa isang bisig, papalapit Ako sa kanya hanggang sa bilang nakikita ng mga bisig; at kapag dumating siya sa akin na naglalakad, pupunta Ako sa kanya na tumatakbo.”

(13) “Si Angel Gabriel ay patuloy akong pinayuhan upang pangalagaan ang kapitbahay hanggang sa naisip ko na gagawing kaya siya ng Diyos na isang tagapagmana.”

(14) “Kapag dumating ang araw ng paghuhukom, ay maririnig ang isang tawag na nagsasabi: ' Nasaan ang mga dating gumawad ng pagpapatawad sa ibang tao? Lumabas patungo sa iyong Panginoon at tanggapin ang iyong gantimpala. Ito ay para sa bawa’t mapagpatawad na tatangapin sa Langit.”

(15) “O Diyos! Ako ay humihingi sa Inyo ng kanlungan mula sa kamalian (kahihiyan) at kalungkutan. Humihingi ako ng kanlungan sa Inyo mula sa kaduwagan at kadamutan. At ako ay

humihingi sa Inyo ng pagkalinga o kanlungan mula sa mga utang at mula sa pagiging nadaig ng mga tao."

(16) "Kapag ang isang karumal-dumal (kasuklam-suklam) ay nakasalalay sa isang tao at sila ay nagpapahayag ng higit pa at itaguyod ang mga ito, tiyak na ang Diyos ay magdudulot sa kanila ng mga sakit o karamdaman na hindi kilala ng kanilang mga ninuno."

(17) "Alak (alkohol na inumin) ay ang ina ng mga kasamaan."

(18) "Ako 'y nagtataka sa pamumuhay o kaganapan sa mga mananampalataya dahil ang lahat ng kanyang gawain ay nasa kanyang pabor. Kung siya ay nakakatanggap ng isang mabuting bagay, siya ay nagpapasalamat (sa Diyos) at ito ay mabuti para sa kanya; samantalang kung siya ay nakadama ng paghihirap ay siya nagpapasenya at ito ay mabuti para sa kanya."

(19) "Kapag ang isang anak ni Adan ay namatay, siya ay lubusan na hiwalay (mula sa daigdig na ito) sa kabilang buhay maliban sa tatlong bagay na ito (na ang mga pagpapala ay aabot sa kanya): isang walang hanggang na pag-ibig sa kapwa, kapaki-pakinabang na kaalaman upang gamitin sa kabutihan, at madasalin na bata na nananalangin para sa kanya."

(20) “Ang pinaka- kinamumuhian ng Diyos na mga bagay na ginawa Niyang naayon sa batas ay ang diborsyo. Ang mananampalataya ay dapat (kung maaari) na hindi talikuran ang kanyang paniniwala sa asawa: kung siya ay may ilang mga aspeto na hindi niya gusto, sigurado siya ay mayroon din iba pang mga aspeto na gusto niya.”

(21) “Ang pitong tao na nasa kanlungan o silungan ng lilim ng Diyos sa Araw ng Paghuhukom, kapag walang lilim kundi Kanya lamang: isang matuwid o makatarungan na pinuno, isang kabataan na lumaki sa pagsunod sa Diyos, isang tao na ang puso ay nakalaan para sa mga moske, at dalawang magkapatid na lalaki (o magkapatid na babae) na ang kapatiran ay para sa Diyos, isang taong naalala ang Diyos sa kanyang pag-iisa at ang luha ay binaha ang kanyang mga mata, isang binata na inakit (nirayuhu) ng isang babae na may kagandahan at katayuan sa buhay pero sinabi niya 'Natatakot ako sa Diyos', at isang lalaking nagbigay sa kawanggawa sa katahimikan upang ang kanyang kaliwang kamay ay hindi alam ang ginugol ng kanyang kanang kamay.'

(22) “Kung sinuman ang kumain ng hilaw na mga sibuyas at bawang ay mas mainam na panatilihin na lumayo mula sa grupo ng mga mananalangin sa moske (dahil sa masidhing amoy).”

(23) “Isang pangkat ng mga manlalakbay ay nakipagbahagi ng isang barko, ang ilan ay nasa itaas na kubyerta at ang ilan sa mga ito ay nasa ibaba. Ang mga nasa itaas ay may tuwirang daan sa tubig kapag kinakailangan nila ito, ngunit ang iba ay kailangan pang umakyat para makagamit. Ang huli ay isinaalang-alang ang direktang paghuhukay ng butas sa kanilang tirahan para sa direktang daanan. Kung ang mga nasa itaas ay hayaan silang gawin ito pagkatapos ang lahat ay malulunod, samantalang kung hahadlang o pipigilang nila ang mga ito kahit na sa pamamagitan ng puwersa, ang lahat ay maliligtas.”

(24) “ Nakalalamang ang nagbibigay ( isa na nagbibigay) ay mas mainam kaysa sa mababang kamay (na tumatanggap).”

(25) “Suportahan o tangkilikin ang iyong kapatid kung tama o mali.” Pagkatapos ay tinanong siya: “Sinusuportahan namin siya kung tama pero papaano namin siya susuportahan kung siya ay mali?!' Ang propeta ay sumagot: “ Pigilan siya sa paggawa ng mali: sapagkat ito ang kanyang tunay na suporta.”

(26) “Ang mga bansa bago mo nakilala ang kanilang pagkawasak dahil kapag ang anak ng maharlikang tao ay nagnakaw sila ay pinawalang-sala, nguni’t kapag ang mahihina ang nagnakaw sila ay pinarurusahan.”

(27) “Magtrabaho ka para sa mundong ito na parang ikaw ay nabubuhay magpakailanman; at magtrabaho para sa iyong hinaharap o kabilang mundo na parang mamamatay ka bukas.”

(28) Ang ilang sa mga mahihirap na Muslim ay nagreklamo sa propeta: “Ang mayaman ay gumawa na may mga gantimpala: sila ay nananalangin nang kami ay manalangin, nag-aayuno nang kami ay nag-aayuno, at nagbibigay sila sa kawanggawa mula sa kanilang mga pera (at hindi namin maaring mapantayan o matularan)'. Ang propeta ay nagsabi: “ hindi ba ginawa ng Diyos ang mga bagay para sa inyo upang magbigay ng pag-ibig sa kapwa? Ang bawa 't papuri sa Diyos sa Kanyang Pagkaganap ay isang kawanggawa. Bawa’t pasasalamat sa Diyos ay isang kawanggawa. Bawa’t pagsasalita na walang ibang Diyos kundi ang Diyos ay isang kawanggawa. Ang pagtatagubilin ng mabuti at pagbabawal ng masama ay pag-ibig sa kapwa. At bawa’t oras na mahalin mo ang iyong asawa ay isang kawanggawa.” Sinabi

nila: “Ang isa sa amin ay nasiyahan sa kanyang sekswal na hangarin o pagnanais at ginantimpalaan ba ito?!”Sabi niya “ (hindi) mo ba naiisip na kung siya ay kumilos nang labag sa batas siya ay magkakasala? Gayundin, kung siya ay kumilos ayon sa batas ay magkakaroon siya ng gantimpala.”

(29) Ang propeta ay tinanong tungkol sa mga pinakamahusay (na pagtalima sa Diyos). Sinabi niya: “Sundin Siya na para bagang nakikita mo Siya... sapagkat kahit hindi mo Siya nakikita, ay nakikita Kaniya.”

(30) “Alalahanin mo ang Diyos, makikita mo Siya bago ka. Kilalanin ang Diyos sa kasaganaan at makikilala Niya kayo sa kagipitan. Alalahanin mo kung ano ang nalagpasan mo ay hindi mo maaaring sapitin, at kung ano ang nangyari o kinahinatnan mo ay hindi maaaring lumipas sa iyo: At alamin na ang pagtatagumpay ay nagmumula sa pagtitiyaga, lunas sa pamamagitan ng kahirapan o kapighatian, at ginhawa sa kahirapan.”

## Ikalimang Kabanata : Isyu ng Buhay

Inilaan namin ang kabanatang ito upang magbigay ng pananaw sa Islam tungkol sa mga napiling paksa na nakatanggap ng

publisidad at/o debate sa kamakailan panahon. Ang mga paksa ay napili lamang sa pamamagitan ng mga halimbawa upang ipakita ang kaugnayan ng ilang mga pangunahing kontemporaryong isyu na mailayo mula sa bahagi ng mahihirap o abstrak na teorya. Dahil ang Islam ay relihiyon ng buhay sa kabuuan at hindi lamang para sa pagsamba o sa bahay ng pagsamba, ibinabahagi nito ang mga alalahanin o malasakit ng lipunan sa kabuuan, kung saan ang mga Muslim ay bahagi at natural na nais ibahagi ang kanilang mga pinahahalagahan sa iba sa isang pagtatangka upang sama-samang makahanap ng akma at angkop na solusyon o konsepto. Ang mga paksa na aming iminungkahi o binabalak talakayin ay:

1) Ang Bagong Kaayusan ng Mundo

(2) Ang Pamilya at Sekwal na Rebolusyon

(3) Ang Pagpatay Dahil Sa Awa (Euthanasia)

(4) Magsumikap o Makipagpunyagi Upang Makamit Ang Mabuti (Jihad)

(5) Bio-medikal na etika

### *(1) Ang Bagong Kaayusang Pandaigdig,*

Ang deklarasyon ng isang bagong kaayusang pandaigdig ay ipinahiwatig o sinenyahan kamakailan ang pagbagsak ng komunismo bagama't sa loob ng maraming dekada, ang mga panitikan o literaturang Islam ay pinuna, kapwa sa komunismo at kapitalismo at inaasahan hindi ito magtatagal. Ang mga gawang paghahambing ay ginawa upang ipakita kung saan ang bawa't isa ay nagkulang sa paghahambing sa isang malayang sistema na nagmula sa mga turo ng Islam. Ito ay magiging sobrang madalian upang pagpasiyahan na ang pagbagsak ng komunismo ay nagpatunay sa kaangkupan ng kapitalismo. Sa katunayan, parehong ibinahagi ang kabiguan (o kahinaan) ng pagiging materyalistikong ideolohiya, na nakatakda sa isang uri na may higit sa mga materyal na bahagi. Kapwa silang nakagawa ng pagkakamali bagama 't sa magkasalungat na direksyon, at iyon ay ang pagpapalagay na ang mga indibidwal at ang lipunan ay may di magkapagkakasundo (irekonsilyableng) na hidwaan. Nalupig ng komunismo ang tao na panig sa lipunan. Ngunit ano ba ang lipunan kundi ang mga tao na dumami? Ang resulta ay ang hindi maiiwasang isang

durog na lipunan. Ang Kapitalismo sa kabilang dako ay nagtatampok ng sariling katangian at higit na protektado ito mula sa mga pag-angkin ng lipunan. Nakaapekto ito sa bawa't tao na may makatwirang kasakiman o pagkamasarili, at kapag ito ay inaasahang palabas, ang iba 't ibang mga bukang bibig o ekspresyon nito ay classism, korporatismo, nasyonalismo, rasismo, pang-aalipin at kolonyalismo.

Ang pundasyon ng kapitalismo na ang tanging tungkulin at tanging patunguhan ng kapital ay ang pag-unlad at patuloy na pagdami o paglago nang walang hangganan. Kapag ang lokal na pamilihan ay sagad na ay naghahanap ng bago sa ibang bansa at sa ikatlong mundo. Maliwanag (marahil ay sadyang) may pagkabulag sa katotonan na ito ay imposibleng makamit ang walang katapusang paglago sa isang planeta na may hangganan. Sa ***masidhing*** pakikipag- karera para sa dolyar at mas marami pang dolyar kalakip na pinlano at aktibong paghihikayat ng mga paraan ng mga mamimili at binalak na pag-aalaga - hindi upang matugunan ang mga pangangailangan nguni't sa halip ay upang bigyang-kasiyahan ang kaginhawahan, kasiyahan, at karangyaan - likas na yaman, maraming hindi maaaring palitan, ay lumabag

sa isang pinabilis na takbo. Itong *labis na* pamamaraan ay hindi lamang nakatuon sa mga mapagkukunan kundi maging sa ikatlong mundo bilang mahalagang pamilihan at ang sagradong baka. Hindi lamang nila hinubdan ang kanilang mga likas na yaman at ang mga baguhang materyales sa isang maliit na halaga (kumpara sa napakataas na mga presyo na kanilang ibinayad upang bilhin ang mga natapos na produkto ng mga materyales na ito), na sila ay napipigilan din sa pagsasagawa o pagsasakatuparan ng mga proyekto na maaaring mapabuti ang kanilang kapalaran at gawin ang mga ito na hindi gaanong umaasa sa pag-aangkat *ng* unang mundo. Upang maiwasan o mapigilang ang ikatlong daigdig mula sa kabuuang kamatayan sa pamamagitan ng pagpapalawak, palagian pagpasok ng sariwang kapital sa pamamagitan ng mga pautang at tulong upang mapanatili ang kanilang kakayahan sa pagbili, na pabor naman sa kanluraning kapital. Sayang, tanging isang munting bahagi lamang ng tulong na iyan ang napupunta upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao. Ang mga pangunahing bahagi ay pumupunta sa mga pinuno ng lugar na bumubuo ng naghaharing uri at ang kanilang mga retiradong pag-iingat at nagsasagawa nang pagpapanatili ng kasalukuyang katayuan.

Pinipigilan nila ang pampublikong talakayan ng mga tuntunin at kondisyon ng mga pautang at pantulong, harangan ang anumang pagtatangka sa pangangasiwa at pagtaguyod ng pananagutan para sa kanilang maling pamamahala, pagpigil sa karapatan ng paggawa ng tama at payagan o pahintulutan ang mga pamamaraan sa kaligtasan (o pag-iingat) ng buwis, at panatilihin ang isang ganap na pagbabawal sa pagpapanatili ng kakila-kilabot na katiwalian na naging sagisag ng pamahalaan sa ikatlong mundo kabilang ang karamihan sa mundo ng Islam.

Tila ito ay naipaliwanag ng dalawang kabalintunaan o paradoha. Ang una ay maraming mga bansa sa Gitnang Silangan na kung saan ang Kanluran ay patuloy na naglalagay ng mas maraming pera sa bansa ngunit ang mahihirap ay lalong naghihirap at nababaon sa utang. Ang ikalawa ay ang kabuuang pagkakanulo sa pamamagitan ng mga pangunahing demokrasya ng demokratikong kilusan na tila malapit na pagkakaroon ng kapangyarihan kasunod sa mga makatuwirang demokratikong proseso. Kadalasan ang demokrasya ay kinilingan ang panig ng mga diktador laban sa mga demokratikong mithiin ng kanilang

mga tao at kung kinailangan ay sinusuportahan sila kahit na sa paggamit ng kapangyarihang militar.

Ang salitang "katatagan" na idineklarang layunin ng bawa't interbensyon sa Kanluran ay nangangahulugan ng tunay na kahulugan ng pagpapanatili ng mga pinakamahusay na mapagsamantalang pagkakataon para sa mga dayuhang kapital kahit na sila ang posibleng pinakamasama para sa masa. Ang mga ito at ang mga henerasyon sa hinaharap ay magmamana ng tumataas na utang na hindi makapaglilingkod ang GNP, magbayad pa kaya. Ang kalagayan na ito ay kapwa kilala at masakit na nadama ng mga tao. Nakikita nila ang mga resulta nito sa kanilang mga tahanan, pamilya at mga anak. Tinawag nila itong kawalang katarungan at sinisikap nilang baguhin ang mga ito, ngunit sila ay malupit o marahas na pinigilan. Ang mga pulitikang Kanluran ay nakilahok sa panunupil na ito, at upang pangatwiranan ang mga ito sa mata ng mga tao, ay may mga handa na ginawang skema at terminolohiya na kaagad na magagamit (tulad ng pagbagsak o naglahong katatagan o lantarang pananalakay sa ating pambansang kapakanan.) Hanggang sa kamakailan lamang ay maginhawang tawagin ang

mga naghahanap ng hustisya na "mga Komunista." Dahil sa pagbagsak ng komunismo ang bagong *etiketa o tatak* ng komunismo ay mga "fundamentalist ng Islam." Gamit ang mga higanteng media na makina, na pag-aari ng mga malalaking korporasyon at malalaking kapital, na idinisenyo upang manipulahin at hugisin ang pampublikong pag-iisip, ang masa sa kanluran ay madaling kinagat ang pain at, walang tigil, na pinahintulutan ang mga paraan at kalakaran ng kanilang mga tagagawa ng patakaran. At gayonpaman, hindi ito ang pinakamasama tungkol sa masunurin at mapagtiwala na katangian ng mga tao sa kanluran. Kung ano ang mga ito ay mas mabagal upang masapol o maunawaan ang napakatakaw na gana ng kapital at ang (kasakiman na gawi sa ikatlong daigdig ay hindi limitado sa mga malayo at malayong mga lugar na tinitirahan ng mga tao na kakatwa at kakaiba at galing sa ibang bansa, nguni't hindi sila mag-atubili o mapigilan na gumawa ng pareho sa bansa at sa sariling mga mamamayan tuwing udyukan ng mga dikta ng sagradong mga alituntuning ito: paglago at mas higit na paglago, kapital at mas higit na kapital, dolyar at mas maraming dolyar! Ano pa ang maaaring ipaliliwanag sa paglilipat ng mga malalaking tipak ng industriya sa Timog

Silangan ng Asya at sa ibang lugar na kung saan mas mura ang paggawa (pinansyal at pantao) ay maaaring makabuo ng mas murang mga tapos na mga produkto na, gayunpaman, ay hindi maibebenta ng mas mura kapag ipinadala pabalik sa Amerika. Sa panahon ng proseso ng milyun-milyong mga Amerikanong manggagawa ay inilatag *ang tungkulin* at mapabilang o sumali sa ranggo ng mga walang trabaho. Ang daan ng di-mapigilang kapitalismo ay hindi maaaring magpatuloy ng walang katiyakan at ang lahat ng ebidensiya ay nagpapatunay na ito ay di magtatagal at tumama sa kanyang kamatayan, katibayan na hindi pinansin o binabalewala at binabawasan at nilusob at sinira, ngunit nariyan kung ito ay mga kalaban ay tulad nito o hindi. Ang gintong itlog ng gansa na mapagkukunan at ang sagradong baka ng ikatlong daigdig ay hindi makaligtas ng matagal. Maliban lamang kung may radikal na mga pagbabago bago ito ay maging huli, ang planetang ito ay titigil sa pagiging matatag! Ang nararammdaman namin ay dapat tawagin, gayunpaman, na hindi pagbabago ng patakaran kundi isang pagbabago ng puso. Hangga't naghahari ang mabuting lumang mentalidad o kaisipan ng materyalismo ay walang pag-asa maliban sa isang maliit na palatandaan ng pagtrato na maaaring

maantala ang hindi maiiwasan sa loob ng maikling panahon ngunit ang mga ito ay hindi mapipigilan. Hangga 't ang umiiral na pag-iisip ay napupunta sa mga tuntunin natin laban sa kanila, Hilaga laban sa Timog, mapagsamantala o nagsasamantala laban sa pinagsasamantalahan, mayaman kumpara sa mahirap, puti kumpara sa kulay at panginoon laban sa alipin (hindi bababa sa mga tagapaglingkod) ay walang pag-asa sa hinaharap. Ang barko ng sangkatauhan ay malulubog kahit na ang mga pasahero sa *deluxe* at unang klase ng mga cabin ay ibayong nagtitipon ng mga mahahalagang gamit at karangyaan. Ito ay malayo na naniniwala na ang mga pulitiko at mga ***tagapanustos*** ng mundo ay magkakaroon ng mga pangitain, karunungan at kakayahan upang sumasailalim sa ganitong dramatikong pagbabago sa sarili. Ito rin ay isang nakakalungkot na makita ang mga ito naglalagi sa nagbabantang kurso at nangunguna sa sangkatauhan kaya malapit sa gilid ng kailaliman.

Ang tanging pag-asa ay ang malawakang kampanyang pang-edukasyon ng publiko na bilang mga botante ay mananatiling mga panghuling tagahusga sa pagtatapos ng araw. Kung ang pangangailangan ay nilikha para sa isang bagong paraan

pagkatapos ay ang mga pulitiko alinman sa dalawa ay magbabago o lisanin ang daan ng pagbabago. Ano ang kinalaman ng Islam sa lahat ng ito? Ang mga Iskolar ng Islam at mga nag-iisip (hindi ang mga terorista at ektremista na hinawakan ng media bilang isang nakapirming takip na maskara sa harap ng lahat ng bagay na Islam) sa may ilang mga dekada na gumuhit ng mga katangian ng isang sistema ng Islam batay sa Shari'ah at likas na hindi isang kopya ng mga pormula na maaaring nagsilbi nang mabuti o mahusay sa mga nakaraang pagkakataon at kalagayan. Ni hindi sila maituturing na eksklusibo sa Islam o mahigpit na ipinag-utos para sa mga Muslim, para sa kapakanan ng sangkatauhan ay isang karaniwang pag-aalala at sa ating patuloy na pag-urong ng interaktibo na mundo na ang lahat ay napapaharap ang parehong tadhana.

Ang pangunahing katangian ng sistemang ito ay ang:

(1) Ang ***tao ay hindi ang kataas-taasang nilalang sa sansinukob*** na ito kundi nasa ilalim ng Kataas-taasang Katauhan, ang Diyos! Kung walang Diyos ang lahat ay nagiging posible, tulad ng sinabi ni Dostoyevski, at anumang bagay na

maaaring *isakatuwiran* at makatwiran. Kapag pinatalsik o inalis ng tao ang Diyos siya ay sumasailalim sa pagsamba sa sarili. Ang papel na ginagampanan ng tao sa sansinukob na ito ay magiging kinatawan at tagapangasiwa ng Diyos, na may kakayahang magkaroon ng ganap na utos sa kalikasan nguni't upang pamahalaan ang planeta alinsunod sa mga tagubilin ng Tagapaglikha at hindi sa mga sariling damdamin at tukso ng tao.

Ni hindi sa agham (isang kasangkapan pa sa kanyang pagkabata) o ang pagmamataas (isang mamamatay na bitag) ay dapat magwawalang-bahala ang tao sa paglalaro bilang Diyos... kung ang tao lamang ay may sapat na talino. (2) *Ang tunay na pagmamay-ari ay ang sa Diyos* sa pamamagitan ng pagiging isang *Tagalikha*. Ang ating pagmamay-ari ay isang pangalawang antas ng pagmamay-ari. Malaya tayo sa sariling pagmamay-ari at dadagdagan ang ating kayamanan ayon sa legal na paraan ng halos walang limitasyon hangga 't nalalaman natin na ang kapital ay may mga karapatan ito ngunit ay mayroon ding mga tungkulin. Ang tungkulin ng kapital ay hindi lamang upang lumago ng walang hangganan kundi pati na rin upang tuparin ang mga obligasyon sa lipunan. Ang palagay (ng kapwa

komunismo at kapitalismo) na mayroong isang hindi maiiwasan na salungatan sa pagitan ng indibidwal at lipunan ay hindi umiiral sa Islam kung saan ang saligan ay isang punto ng timbang sa pagitan ng dalawa at isang maselang balanse na nagpapanatili upang masaya ang lahat ng tao. Ang *balanseng ito* ay hindi pinananatili lamang sa pamamagitan ng mga malakas na bisig o braso ng batas, ngunit, higit na mahalaga, na malugod ang Diyos na nagmula sa **k**aligayahan ng pagbibigay. Ang Diyos ay palaging nasa ekwasyon na ito at isang tunay na buhay, isang paniwala ng ganap na walang kabuluhan sa isang materyalistikong ideolohiya.

Ang bagong pilosopiyang ito ay maaaring matamo o maisasakatuparan at kayang abutin, ngunit siyempre hindi sa ilalim ng isang halaga ng libreng sistema ng edukasyon, ang ***malaking alon*** ng indoktrinasyon ng media, o isang samahan na mapagparaya sa mga kawalang-katarungan. Ang lipunan ay lubos na nagkakaloob at sumasama na walang sinuman ang pinapayagan na mabuhay nang nag-iisa, sa mga epiko o mahabang tula ng kayamanan o sa mga kakulangan ng kahirapan. Mahigit na labing-apat na siglo na ang nakalipas si

Omar, ang pangalawang caliph ng Islam, ay nag-utos na kung ang isang tao sa isang bayan ay namatay mula sa kahirapan ang mga mamamayan ay kailangan magbayad ng kanyang katubosan na para bang sila ang pumatay sa kanya.

Ang komunidad ay tulad ng " isang katawan... Kapag ang isang organo ay may dinadanas, ang iba ay nag tulong-tulong sa pagsuporta ( tungo sa ***pagmumuling-sigla),"*** gaya ng sinabi ng propeta. Ang bawa't mamamayan ay may karapatang mamuhay sa isang antas ng kaginhawahan o kapanatagan (at hindi lamang sa mga ikabubuhay), at dahil ang pamumuhay sa kawang-gawa ay sinisikap na pigilin, kasunod nito na ang mga pansariling karapatan ay kalakip ang karapatang makakuha ng mapakikinabangan trabaho. Samakatuwid ang teknolohiya sa pangangalaga ng gawain ay pinapayagan bilang sagot sa kakulangan sa paggawa, nguni't hindi upang magtitipid sa trabaho at magtapon ng mga manggagawa sa pagkawala ng trabaho. Ang tao ay ginawang prayoridad sa ibabaw ng makina at ang tuntunin ng batas na ang kolektibong kapakanan ay nangingibabaw sa indibidwal na kapakanan. Hindi ito nangangahulugan ng pag-aresto sa teknolohikal na pag-unlad

nguni't dapat itong magkasundo sa pagharap sa mga kahihinatnan nito. Ang mga manggagawa ay pinagana at hinihikayat na bumili ng mga pagbabahagi sa kanilang mga kumpanya upang palabuin ang polarisasyon sa pagitan ng manggagawa at kapital at magkaroon ng tunay na malasakit sa pag-unlad ng kumpanya. *Sa Islam ang saligan ay ipinadala ng Diyos* ang ikabubuhay ng mga maralita sa kayamanan ng mayayaman... at sa isang bagong kaayusan sa mundo ang mga alituntuning o prinsipyo ay maaaring dadalhin sa internasyonal na mga sukat. Isa pang panuntunan sa Islam ay kapag ang pera ay bilang isang kasangkapan ay hindi maaaring magbunga ng pera maliban na lang kung kaisa sa ilang mga uri ng produksyon, samakatuwid ang usura sa Islam ay labag sa batas.

Sa kamakailang mga dekada, maraming nakasulat sa usura-libreng banking, at tunay ngang maraming mga bangko hindi lamang sa mga bansa ng Islam kundi pati sa Europa at Amerika na pinasimunuan ang eksperimento.

(3) ***Ang PAGKAKAISA (o KAISAHAN)*** ng sangkatauhan bilang isang solong pamilya na nagbabahagi sa pangkaraniwang lolo't lola sina Adan at Eba ay dapat binigyang-diin at ituro sa

mga bata mula sa isang murang edad kasama ang likas na pagkakapantay-pantay ng mga tao. Ito ay kapus-palad na kapwa sa agham at relihiyon ay hindi *ginagamit* sa Europa (at Amerika) upang makilala ang katibayan ng likas na nakahihigit na lahi ng puti (o Aryan) sa iba. Ang gayong ebidensiya ay namatay na ngayon at inilibing, ngunit ang pamana ay patuloy pa rin.

Hanggang ngayon, karamihan sa mga Simbahan sa Kanluran na si Hesus ay inilarawan bilang isang puting mala kulay ginto na lalaki na may asul na mga mata at hindi katulad ng iba pang mga Palestinian. Ang katibayan ng kapootang panlahi sa Kanluran ay halos nananaig sa lahat ng aspeto ng buhay, at naglakas-loob kami na sinasabing ang kalooban upang baguhin ito ay mangalap pa ng sapat na ***ibayong sigla***. Ang isang mahirap na labanan para sa mga karapatang sibil sa Amerika ay nagpapatuloy sa nakaraang mga dekada, at sa kabila ng kapansin-pansin na pag-unlad ay hindi masasabi na ang mapait na karanasan ng pang-aalipin ay nahuhugasan. Ang pagkakapantay-pantay ay hindi isang hanay ng mga batas na pagtutukoy ngunit una sa lahat ay nasa estado ng isipan. Sa ngayon, ang mga itim na tao sa Amerika ay hindi nakarinig ng

salitang “paumanhin” mula sa mga puting tao para sa kabanata ng pang-aalipin na nakakapinsala ng kasaysayan ng sibilisasyon ng mga puti (ang dilaw - Hapon - Amerikano ay tumanggap ng isang paghingi ng tawad at mga bayad pinsala (reparasyon) para sa kanilang paglilibing sa panahon ng Ikalawang Digmaan sa Mundo). Ang tensyon o pag-igting ng lahi ay patuloy na nagaganap at bagama’t kahina-hinayang, ay kadalasan silang makahanap ng katwiran tulad ng kaguluhan sa Los Angeles noong mga nakaraan taon. Tuwing mayroong isang tawag at ilang mga pagsisikap na mapabuti ang ekonomiya maraming mga itim, bagaman mabuti, ito ay hindi nakuha ang ugat ng etiolohi. Ni bala o dolyar ay hindi makabuo ng permanente at tunay na solusyon. Lamang *kung* ang bawa’t tao na sa kaibuturan ng kanilang mga puso ay naramdaman at naniniwala na ang bawa’t iba pang mga nilalang ay mahalaga at magkapantay ang mga magkakapatid na lalake o babae ay may tunay na pagbabagong magaganap. Hindi ito maaring itakda ng batas, nguni’t ito ay isang tungkulin ng edukasyon. Mayroong dahilan ang lahat, at hindi lamang ito suliranin ng lahi, sapagkat isang rebolusyong pang-edukasyon sa mga paaralan at lahat ng iba pang mga lagusan pang-edukasyon upang baguhin ang

mentalidad ng tao sa mga bagong linya na inaasahan na sana humantong sa isang bagong unipikado at mahabaging sangkatauhan na nagbibigay buhay sa aming mga pamansag ng kalayaan, kapatiran at pagkakapantay-pantay, hindi lamang sa loob ng pambansang hangganan (at impiyerno sa iba) kundi sa isang pandaigdigang saklaw. Kakabit dapat nito ang isang tunay na pagsisikap sa pag-unlad ng ikatlong daigdig. Tinatayang tiyak na ang tulong na salapi na binabayaran ng Europa sa kanilang mga magsasaka ay sapat na upang maging sanhi na *makabawi ang* ikatlong daigdig upang maalis ang mga suliranin ng kagutuman sa buong mundo. Ang gayong ideya ay pangutyang ipagwalambahala sa isang piling pulong ng mga (mapangkawanggawa) ng dating mga ministro at mga punong ministro mula sa iba 't ibang bansa na ginanap sa Europa. Ni hindi ang pagtigil ng tulong na salapi o ang pagkakaroon ng ikatlong daigdig ay itinuturing na isang *buhay* na pagpipilian, ang una para sa pampulitikang kapakinabangan at ang huli bilang istratehiyang pampulitika.

(4) ***Ang iba pang kakayahan pangtao na mabilis*** na *naglalaho at kailangang manumbalik sa dati ay ang kakayahan sa*

*pagpipigil sa sarili*. Kahit na ito ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng tao at hayop, ang mentalidad o kaisipan ng makabagong panahon ay tila nakapagdulot ng kaguluhan dito.

Isang kabataang lalaki na dinakip sa pagbabaril ng mga sasakyan sa isang malayang daanan at ang pagpatay ng ilang mga tao ay ito lamang ang alok bilang paliwanag "*nadama ko lamang na pumatay ng isang tao.*" Ito ay hindi nag-iisang halimbawa. Ang mga estadistika ng krimen ay malinaw na nagpapahiwatig na ang mga ito ay naging isang panlipunang kababalaghan sa halip na isang pagbubukod (eksepsiyon) na kahit sinuman na nanonood ng mga balita sa bulletin board o nagbabasa ng mga papel ay maaaring makumpirma. Ang kakulangan ng isang makatarungan na pinahahalagahan sistema at ang kakila-kilabot na kakulangan ng pagtutol sa harap ng mga biglaang damdamin at tukso ay batayan ng mga kadahilanan, at ang susi sa pagbabago ay matatagpuan sa edukasyon at sa media. Kung may isang Araw ng Paghuhukom, gaya ng paniniwala ng mga Muslim at iba pa, pagkatapos ay hindi dapat mainggit sa mga **media moguls** kapag nahaharap sila sa kanilang papel sa paglathala at pagsusulong o pagtataguyod ng

karahasan, pornograpiya at kahalayan. Magsalita ng mga hindi masambit, pagkatapos magsalita ng mga hindi maipaliwanag, at natural na maging maliwanag. Pagkatapos ay galugarin at ieksperimento ng ating mga kabataan hanggang sa ito ay maging isang panlipunang adiksyon. Sa kasamaang-palad, ang ilang mga estado ay nagtakda ng banayad na paraan ng halimbawa sa mga kabataan na bumaling sa hubad na kapangyarihan lalo na kapag ang mga ito ay malinaw *na lampas sa hangganan ng pagmamalabis* at ang kanilang mga kaaway ay *mahina lampas sa hangganan*.

Ang dahon ng igos na tinatawag na mga pinahahalagahan at prinsipyo ay malimit na babagsak kapag ang higanteng militar ay pugsain ang ilang pananalakay nang buong lakas at halos laban sa mga walang pagtutol; Kapag ang isang mas masamang pagsalakay ay sumunod sa parehong higante ay umatras dahil "ang gawain ay hindi magiging madali." Ang pagpapahalaga sa buhay ng tao ay napakahirap kung pareho natin itong atakihin o pigilin ang sarili mula sa pagprotekta nito. Ang isa sa mga malakas ngunit nagsisiwalat ng mga parirala na sinabi noong panahon ng Digmaan sa Gulf ukol sa isang pinuno ng militar:

"Hindi kami nasa negosyo ng pagbibilang ng katawan," ngunit, siyempre, ang ibig sabihin ay ang mga katawan ng kabilang panig.

(5) ***Ang Digmaan at Kapayapaan*** - ang mga alituntunin ng digmaan sa Islam ay napakalinaw at malinawanag na tinukoy ng propeta Muhammad mismo. Una ito ay dapat sa isang depensibong katangian, o upang alisin ang pang-aapi saanman ito maaaring makarating, na tinatawag sa ngayon na isang makatarungan dahilan. Ang alyansa upang ihinto ang agresyon o pagsalakay ay ipinahayag sa parirala sa banal na Qur'an sa kabanata – Ang Mga Nagigitnang Silid (S Al-Hujurat) (49)(9) na :- *"At kung ang dalawang pangkat sa lipon ng mga sumasampalataya ay humantong sa isang tunggalian, kung gayon, inyong pagkasunduin sila sa isa't isa, datapuwa't kung isa sa kanila ay lumampas sa hangganan ng pagmamalabis laban sa isa, kung gayon, inyong labanan ang nagmamalabis hanggang sa ito ay magbalik (sa pagsunod) sa kautusan ni Allah. Subali't kung sila ay sumunod, kung gayon, kayo ay makipagkasundo sa pagitan nila ng may katarungan at maging*

*pantay sa katarungan, sapagkat katotohanang si Allah ay nagmamahal sa kanila na makatarungan.”*

Ang alyansa sa di-Muslim para sa isang makatarungang dahilan ay ayos lang. Ang isang halimbawa ay ang kasunduan sa mga Hudyo sa Madinah upang sama-samang ipagtanggol laban sa mga hindi naniniwala sa kapanahunan ng propeta. Ang isa pang halimbawa na tinukoy ng propeta sa isang kasunduan bago dumating ang Islam sa pagitan ng mga tribo ng Makkah na sumali upang sila’y magkakasama-sama sa pagsuporta sa mga inaapi, at ang kanyang sinabi “iyon ay isang alyansang bago pa ang Islam ngunit kung - sa Islam – pag inanyayahan ako dito ay - sasali ako .”

Ang mga tahasang tagubilin ng propeta sa kanyang mga hukbo ay mahigpit na dapat lamang nilang kalabanin ang mga *manlalaban* hindi laban sa mga kababaihan, mga bata, mga matatanda. Ang mga relihiyosong mga tao na hindi Muslim na nasa kanilang ***ermitanyo*** o bahay ng pagsamba ay hindi dapat saktan, ni ang mga puno ng kaaway ay putulin o sunugin bilang isang hakbang sa digmaan, o ang mga hayop ay puntiryahin o kakatayin o papatayin maliban kung para sa mga pagkain.

Kapag muling suriin o pag-aralan ang mga katangiang ito ay nagiging malinaw na hindi nila ito maaaring magagamit sa ilalim ng mga kondisyon ng makabagong pakikipagdigma. Marahil ang Unang Digmaang Pandaigdig ay ang huli kung saan ang labanan ay nakatakda lamang sa mga tauhang militar. Simula ng Digmaang Sibil ng mga Espanyol sa mga taong *tatlumput tatluhan (**1930**),* ang mga patakaran ay nagsimulang magbago tulad ng ebidensya sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang digmaan sa Korea at ang digmaan sa Vietnam. Ang dalawang bomba atomik sa Hiroshima at Nagazaki ay nagsasalita para sa kanilang sarili gaya ng ginawang pagbobomba ng karpet sa Digman sa Vietnam at ang "pook o sona ng malayang pagpapaputok" nito, napatay hindi lamang ang mga tao, hayop at halaman kundi pati na rin ang lupa mismo. Samakatuwid, ang ilang mga tao ay naniwala na ang mga etika ng digmaang Islam sa ngayon ay panteorya na lamang at hndi maaaring maihalintudad o makamit sa ating makabagong panahon, katulad ng maraming iba pang mga tuntunin ng Islam. Ang kanilang lohika ay malinaw. Gayunpaman, ang mga Muslim at iba pa, ay tiningnan ang isyu mula sa ibang pananaw. Dahil ang modernong pakikidigma ay

labis na mapangwasak, tapos ang digmaan mismo ay dapat na itigil bilang isang opsiyon sa paglutas) ng hidwaan.

Ang digmaan ay dapat nalaos na tulad ng pang-aalipin! Tiyak na ang sangkatauhan sa mahabang tula o epikong ito ng sibilisasyon ay hindi kailanman natamo noon, at habang ito ay napupunta sa ikalawang Milenyo at ibinalita sa mga pahayagan at nagdiriwang ng Kaayusan ng Makabagong Mundo, ay may kakayahang gumawa ng isa pang instrumento ng paggawa ng kapayapaan kaysa sa digmaan. Marahil ang malayang korte o hukuman ng hustiya ay maaaring lutasin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga bansa. Sa kalayuan nakalipas, ang Ehipto at Israel ay naglaban dahil sa Sinai. Pagka ang pinagtatalunang ay isang kapiraso ng lupain ay nahaharap sa isang balakid, ito ay napagpasiyahan nang matiwasay o mapayapa sa pamamagitan ng internasyonal na arbitrasyon nang walang patak ng pagdanak ng dugo. Pagkatapos ng lahat, ang digmaang ay hindi pinagbubuklod sa pagitan ng tama at mali kundi nagpapakita lamang kung sino ang mas malakas at nagtataglay ng mas mapangwasak na kakayahan. Ito ay isang masamang pangitain

na ang Bagong Kaayusan sa Mundo ay inihayag sa okasyon ng isang napakalaking welga ng militar.

Ang mga sumunod na desisyon ay lumikha ng paghihinala na kung ano ang bago sa Bagong Kaayusan sa Mundo ay hindi hihigit kaysa sa lumang kaayusan maliban na ito ay pinamumunuan ng isang kaaway sa halip na dalawa. Tiyak na ito ay hindi malaking bagay upang magtatag ng mga korte ng batas na may kakayahang tapat at walang kinikilingan sa paghawak ng hidwaan o salungatan ( ibinukod dito ang United Nations at ang Konseho ng Seguridad nito).

Ang tagumpay ng naturang kuro-kuro ay ganap na umuiikot sa iisang ***ikutan***, na ang mga sibilisadong bansa ay nagpapasya na... .. sibilisado! Kinakailangan ang katotohanan, at kailanman ay walang tao ang magsasabi na laban sila sa katotohanan, nguni't sila ay. Ang katotohanan ay isang halaga; at nakapanghihinayang na ang pulitika ay walang pagtalima o pag-iingat sa mga halagahin, at ito ang tunay na bantang nakaharap sa mundo. Sasang-ayon ba ang malalakas sa katarungan gaya ng ipinasiya ng batas o ipagpatuloy ang tema na maaaring gumawa ng tama? Sasabihin ba o pakawalan ba ng militar-

pang -industriyal kompleks ang mga doktrina ng pamumuhay sa ilalim ng isang sistema ng digmaan na dapat bigyang-katwiran ang sarili nito sa pamamagitan ng ilang digmaan o sa tuwina o paminsan-minsan? Matatanggap ba ng hustiya ang pagmamahagi (ng keyk) ng mga mapagkukunan sa daigdig at ang gastos ng muling pagdaragdag sa kanila? Siyempre hindi, iyon ay magiging lapastangan sa mga panginoon ng kasalukuyang kaayusan maliban kung ang mga bagay ay magbabago, at ang pagbabago ay hindi darating mula sa itaas. Ito ay nanggaling mula sa ibaba paitaas, mula sa mga tao (katutubo).

(6) ***Ang Ekolohiya*** - para sa kapakanan ng paggawa ng mga dolyar upang bumili ng kanilang pagkain, ang paglilingkod sa kanilang mga utang, bigyang ng armas ang kanilang militar at kapulisan at protektahan ang kanilang mga diktador at bigyang-kasiyahan ang kasabikan hilig ng kanilang mga pinuno at piling tao, ang mas mahirap na bahagi ng sangkatauhan sa mga umuunlad na bansa ay nagpapawi sa kanilang likas na yaman. Sa mayaman o masaganang bahagi ng sangkatauhan, ay may iisang mithiin sa paggawa ng mas maraming dolyar upang

gawing mas mayaman ang mayayaman, mapahusay ang kanilang mga pamamaraan pang-mamamayan, dadagdagan ang kanilang mga luho at nagpapakasawa sa kanilang mga kasiya-siya, ang industriyalisadong mundo, ay lumalabag, lumalason, nagpaparumi at pumapatay ng ekolohiya.

Ito ay nangyayari sa isang panahon na kung saan ang ating agham at teknolohiya ay may kakayahang makaimpluwensya ang likas na kapaligiran sa isang dramatiko at walang kaparis na paraan. At ito ay nangyayari sa oras ng kapayapaan, bukod sa mga mapangwasak at permanenteng pinsala sa isang ganap na sukat ng makabagong digmaan ay may kakayahang idulot. Hiramin natin mula sa hinaharap ang isang magastos na presyo, samantalang ang matino at makatuwirang mga pagtatantya ay nagsasabi sa atin na nagkakaroon tayo ng utang na hindi mababayaran ng mga sumusod na ***henerasyon.*** Ang panukala sa pag-aayos at mga mungkahi na maisasagawa ay ipinag-utos, pero ang mga balakid, tulad ng inaasahan, ay palaging ang mga taong hawak ang renda ng kapangyarihan, ang mga tagapag-alaga na di-mapigilan, sakim, makasarili, matakaw, walang

kamalayan kapitalismo. Sinabi sa banal na Qur’an sa Kabanata – Ang Baka (Al-Baqarah)(2):204-205) na :-

“ *At mayroon uri ng tao, na ang kanyang pananalita sa buhay sa mundong ito ay makakaakit sa iyo (O Muhammad), at siya ay mananawagan kay Allah na maging saksi kung ano ang nasa kanyang puso, subalit siya ang pinakapalaaway sa mga umuusig.*

*At Kung siya ay tumalikod na sa iyo (O Muhammad), ang kanyang pagsisikhay sa kalupaan ay upang gumawa rito ng katampalasan at kanyang wasaking ang mga pananim at hayupan, datapuwa’t si Allah ay hindi nagmamahal sa mga kabuktutan.”*

Gayunpaman, sa tunay na kahalagahan, ang kilusang ng ekolohiya sa labas ng larangan ng pulitika ay nakakakuha ng lakas. Sa Araw Ng Mundo 1990, isang daang milyong tao galing sa 140 na mga bansa ang nagpakita para sa mga pinakamalaking demonstrasyon kailanman ng mga mamamayan . Ang mga ito ay hindi maaaring balewalain ng mga pulitiko o di kaya’y mawawalan sila ng kanilang mga boto. Maaaring panahon na upang magtatag ng isang internasyonal na ahensiya ng

ekolohiya, at ang mga pandaigdigang pamahalaan ay makibahagi rito kasama ang mga naunang kasunduan na kusang-loob sundin ang mga rekomendasyon, ang mga rekomendasyon na, dapat, hindi makialam sa tanong o usapin ng katarungan.

(7) ***Mga Isyu sa Populasyon*** - Ang populasyon ng mundo ay mabilis na lumalaki na lumalampas sa maaaring magagamit na mapagkukunan. Samakatuwid may pagkalehitimo ang mga alalahanin tungkol sa paglobo ng populasyon, at dahil kadalasan ang pagtaas ng populasyon ay nagaganap sa ikatlong daigdig, ang huli ay inakusahan ng iresponsableng pag-uugali at puntirya ng paninisi ng Kanluran. Ang pagdidisiplina ay isinaalang-alang, at iilang sa mga bansa na nagbibigay ng tulong, kabilang ang U.S.A, ay *nag-anggap* ng ideya na iugnay ang tulong na iyon ayon sa mga alituntunin ng pagkamayabong at ang mga tagumpay na nakamit sa pagpaplano ng pamilya. Masama pa niyan ay ang, isang artikulo na may pamagat na "Magiging Mas Mahusay Ba Na Gabay Ngayon Para sa Mga Doctor Si Machiavelli Kaysa Kay Hippocrates?" (Forum ng Kalusugan Pandaigdig - World Health Forum, Vol. 14, 1993 p. 105), sinusuri (nirerepaso) ni Dr. Jean Martin ang ilang mga opinyon

sa Kanluran na pinagdududan ang pagpapayo ng ilang pagbabakuna at iba pang mga programa sa ikatlong daigdig dahil pinahihintulutan nila ang mga bata na mabuhay, nakakaapekto ito sa mga mapagkukunan at sa kalaunan ay mauulit ang siklo ng taggutom at kamatayan; sa madaling salita, ito ay isang panawagan sa pagtatakda ng mga limitasyon sa pagbabawas ng dami ng namamatay sa ikatlong daigdig. Ang pagbabago mula sa pagmapagkawanggawa (humanitarianismo) tungo sa 'pragmatismo' ay tila lohikal, kaya ang pagsali ng pangalan ni Machiavelli sa artikulo. Walang sinumang ang makapagkakaila na mayroong isang problema. Na kailangang ang pagkakaroon ng mga pamilya na nagnanais na gamitin ang mga ito ng ligtas (nang walang pamimilit), maaasahan at magagamit na mga pamamaraan ng kontraseptibo ay isa din katotohanan, at ang Islam ay hindi nababalisa o nababagabag ng ganoon. Ang tanging reserbasyon natin ay ang ilagay lamang at deretsahan paninisi ng suliranin sa populasyon sa ikatlong pandaigdigang mga bansa ay hindi pagsasabi ng buong katotohanan, sapagkat ang isyu na ito ay talagang maraming aspeto. Pinawawalang-bahala nito ang katotohanang ang kapanganakan ng isang sanggol sa Estados Unidos ay

"nagpapataw ng higit sa isang daang beses ng stress sa mga yaman ng mundo at kapaligiran bilang isang kapanganakan na, sinasabi, sa "Bangladesh, " isinulat ni Pablo at Anne Ehrlich ng Kagawaran ng Biolohikal Agham sa Unibersidad ng Stanford, sa Nasiyonal Geograpik Magasin. Pinagtutuunan nila ito ang pagkakaiba na habang ang mga suliranin ng populasyon sa mga mahihirap na bansa ay napapanatili sa kanila na mahirap, ang mga suliranin ng populasyon sa mayayamang bansa ay pagsira sa kakayahan ng lupa upang suportahan ang sibilisasyon (Michael Henderson: Pag-asa para sa Pagbabago. Grosvenor aklat, Salem U. S. A., 1991, p.24). Ang mga paraan upang mabawasan ang paglaki ng populasyon sa ikatlong daigdig ay pinagtalunan (lalo na sa Pandaigdigan Kumperensya Ng Populasyon sa Budafest, 1974). Bagaman ang makasaysayang alinsunuran (pinag-aaralan kung ano ang nangyari sa Europa na nagdudulot ng pagbababa ng marka o hanay sa pagkamayabong) at karaniwang kahulugan (isang kilalang penomenon ay ang kawalan ng katiyakan ay isang likas na pampasigla ng pagkamayabong) ipinahiwatig na kaunlaran ay ang sanhi at hindi ang kinalabasan ng pagbaba ng pagkamayabong (ang pag-unlad ay ang pinakamahusay na mga tableta), subalit ang mga

kapitalistang bansa ay iniligay ang disproposiyonadong mataas na pagbibigay-diin sa regulasyon ng pagkamayabong sa ikatlong daigdig. Ang mga bagay na ito ay sa katunayan mahigit pa sa mapangkawanggawa o isang ***altruistic*** isinaalang-alang para sa kapakanan ng sangkatauhan. Sa Tag-init noong 1991 na isyu ng Ugnayang Panlabas na **report** (orihinal na inihanda para sa Estados Unidos na kumperensyang pang-Hukbo sa pagpaplano ng Long Range) ni Dr. Nicholas Eberstadt ng Amerikanong Institute ng Pangangalakal, ay nagbabala laban sa implikasyon ng proporsyonal na pagtaas sa mga bilang ng mga ikatlong daigdig na bansa para sa internasyonal na pampulitikang kaayusan at ang balanse ng kapangyarihan sa daigdig. Matapos ang tatlong henerasyon, sinabi niya, walong dakilang magulang sa Kanluran lamang ang magbabahagi ng apat o limang inapo laban sa mahigit na tatlong daang para sa karamihan ng Africa at Gitnang Silangan; samakatuwid, ang mga nangungunang bansa sa ngayon ay ang mga maliliit na bansa sa hinaharap. Ang (National Security Study Memorandum 200), ang isang pag-aaral ng 'Implikasyon ng Pandaigdigang Pag-unlad o Paglago ng Populasyon Para Sa Seguridad ng Estados Unidos at Overseas na interes' (may petsang Disyembre 10, 1974, inuri ni

Harry C. Blaney III, ipinahayag noong ika-3 ng Hulyo 1989 Executive order 12358, Inilabas ng U.S National Archives noong Hunyo 26, 1990) ay isang *napakapag-bigay kaalaman na* dokumento, na naghahahayag ng mga kumplikadong pampulitika, pang-ekonomiya at militar na implikasyon at mga matatag na realidad o katotohanan ng mundo na ating ginagalawan. Ang mga kadahilanan ng populasyon ay maaaring ang binhi ng mga rebolusyonaryong pagkilos at ang ekspropriasyon o limitasyon ng banyagang pang-ekonomiyang pagnanais. Ang kahirapan, paglago ng populasyon at populasyon ng mga kabataan ay mag-udyok sa pagpapa-unlad, hikayatin ang pagrerepaso o pagsusuri sa tuntunin at kondisyon ng mga pamumuhunan sa ibang bansa, at palakasin ang pag-unlad ng militar kung ang pagpapakasakit sa militar ay makikita bilang isang mabuti o epektibong alternatibo sa kawalan ng trabaho. ***Ang dokumentong*** ito kung minsan ay nagbibigay ng pakiramdam na ang mga pang-industriyang bansa ay naglulunsad na ng ***pre-emptive*** na digmaan laban sa mga hindi pa maunlad na bansa. Tila sa atin na ang Bagong Kaayusan ng Mundo ay dapat nakahanda sa mga pangangailangan ng ating pandaigdigang nayon, sapagkat iyan ang nagiging ayos o

patunguhan ng ating planeta. Ito ay hindi nangangahulugan ng hindi maiiwasang *paghahati ng mundo sa mga "mayroon* pag-aari" at "wala," at kaya hindi maiiwasan ang isang labanan sa kamatayan sa pagitan nila. Hinihiling nito sa mga mayayaman na maging mapagpakumbaba, kontento at handa nilang talikuran ang maraming luho na kaisa o kasama ng kanilang estilo sa buhay. Hindi mahalaga ang mga pangangailangan ito. Ang gantimpala ay ang kaligayahan ng pagbibigay ng mahahalagang pangangailangan para sa pangunahing bahagi ng pamilya ng tao. Ano pa ang maaaring nakapagdudulot o maging kaaya-aya sa kaligayahan? Dapat dalhin ang Diyos sa ekwasyon na ito!

(2) ***Ang Pamilya At Ang Sekswal Na Rebulusyon***

Ang propeta Muhammad ay nagsabi: "Ang mga kababain ay ang kalahati ng mga tao." Ang yunit ng sangkatauhan ay hindi isang lalaki o isang babae. Ito ay isang lalaki at isang babae na magkasama na gumagawa ng pamilya (tulad ng pinakamaliit na bahagi ng tubig ay hindi oxygen o idrohino ngunit kapwa nagkakaisa). Tulad ng Hudaismo at Kristiyanismo at maraming iba pang mga relihiyon, ipinag-utos ng Islam na ang pagpapares o pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae upang gumawa ng

isang pamilya ay bumubuo ng isang sagradong bigkis na tinatawag sa banal na Qur'an na isang "matibay na pangako," na kailangang dokumentado at mapagtibay ang "kontrata ng kasal" o "kandado -ng-kasal." Ito ay nagpahayag ng katapatan o pangako ng mag-asawa sa isa 't isa at nagtatag ng kanilang mutwal na mga karapatan at mga responsibilidad pati na rin ang hinggil sa kanilang mga anak. Ang mga anak ay may karapatan sa pagiging lehitimo (kapanganakan sa ilalim ng isang kontrata ng pag-aasawa at pagkakaroon at pag-alam sa kanilang ama at ina), na mapagmahal na pangangalaga habang sila ay pinalaki, inalagaan at tinutulungan para sa parehong pisikal at espirituwal, at ang karapatan sa edukasyon at sa paghihikayat sa kanila upang harapin ang buhay at taglay ang mga responsibilidad nito bilang matanda at kapaki-pakinabang na mamamayan. Habang ang mga magulang ay kamtin ang katandaan o hindi na kayang alagaan ang sarili sa ilang paraan o maging baldado kahit na paano, ang mga ito ay relihiyosong tungkulin ng mga anak na alagaan sila at magsilbi para sa kanilang kagihawahan nang hindi nadarama ang pagkawalang tiyaga o paghihinagpis (pagkabagabag) tungkol sa mga ito. Ito ay isang karapatan sa Diyos. Samakatuwid ito ay ang walang hanggang ***seguro*** para

sa kinabukasan ng mga anak habang sila mismo ay lumalaki at nagiging mga magulang at magtamo ng katandaan. Ang pagkakaisa o katatagan ng pamilya at lakas ng mga ugnayan ng pamilya ay napakahalaga sa Islam. Lumaganap ito kahit na lampas sa nukleyar na pamilya kasama ng pagpapalawak ng ugnayan sa dugo. Tinawag ito sa Qur'an na "*ang kaugnayan ng **sinapupunan***." Ito ay parehong tungkulin at isang kapaki-pakinabang na pag-ibig sa kapwa upang maging mabait sa mga kaanak sa dugo sa pamamagitan ng magiliw na pangangalaga o pinansiyal na suporta kung kinakailangan.

Kahit pumanaw na ang mga magulang, ito ay nananatiling tungkulin ng isang tao na manalangin para sa kanila, at kahit na panatilihin ang ugnayan sa kanilang mga kaibigan, ipakita sa kanila ang kagandahang-loob, at mag-alok ng tulong kung kinakailangan. Sa Islam, ang kasal ay nagpapataw ng dalawang tungkulin, at ang pag-aasawa lamang na ayon sa batas ay nakatutumbas sa kanila. Ang isa ay upang tuparin ang pananabik o pagnanasa ng isang kalahati sa iba pang kalahati at ang kanilang pagiging isa, kapwa sa pisikal at sa espirituwal. Sinabi sa Kabanata - Ang Roma ( S. Ar-Rum) (30:21) na:-

"*At kabilang sa Kanyang mga Tanda; na nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga kabiyak (asawa) mula sa inyong sarili, upang inyong madama ang katahimikan sa kanila, at inilagay sa inyong puso ang pag-ibig at awa sa isa't isa." Katotohanang naririto ang mga Tanda ng mga tao na may matiim na pagmumuni-muni.*

Ang iba pang tungkulin ay upang magparami at magkaroon ng supling. Ito ay malinaw na sinabi sa Kabanata – Ang Bubuyog (Surah An-Nahl (16:72) na :-

*" At si Allah ay nagkaloob sa inyo ng mga asawang babae mula sa inyong uri, at (Kanyang) ginawaran kayo mula sa inyong asawang babae ng mga anak at mga apo, at nagbigay sa inyo ng mabuting panustos (na ikabubuhay). Sila baga ay naniniwala sa mga huwad na diyus-diyosan at nagtatatwa sa kagandahan-loob ni Allah (sa pamamagitan ng hindi pagsamba sa Kanya)?"*

Ang kasal ay ang tanging lehitimong pamamaraan para sa pakipagtalik at pagpaparami. Ang paglabag sa batas ng kasal ay isang malalang kasalanan, at maaari din itong maging isang legal na pagkakasala sa Islam kung nasaksihan ng apat na saksi

na matukoy ang may kagagawan at magpatotoo na nakita sa isang kumpletong akto ng pakikipagtalik. Upang matugunan ang mga legal na batayan dapat ito ay isang bihirang kaganapan, at tila gayon nga ang gustong mangyari. Kapansin-pansin na ang parehong mga alituntunin ng moralidad ay nananaig din dati sa America at sa kanluran, nguni't ang pagkakamali ay higit na mas maraming mga tao ang hindi naniniwala sa Diyos (ateismo) o microtheism, kaya ang pagbabago ay hindi maiiwasan. Ateismo ay kapag tinanggihan ang Diyos. Ang ***Microtheism*** ay kapag ang Diyos ay kinilala ngunit may bawas na kabanalan (pinababa ang pagkadiyos). Sinasamba natin siya nguni't sa ating sariling mga panuntunan. Dumadalaw tayo sa mga bahay-sambahan kalimitan tuwing Sabado 't Linggo, subalit hindi natin pinapayagan ang Diyos upang sabihin sa atin kung ano ang sa ating pribado o pampublikong buhay. Ang pagguho ng pananampalataya ay nagtatakda ng yugto para sa "sekswal na rebolusyon," gaya ng lahat ng pinahahalagahan ng relihiyon na sumailalim ang mga radikal na pagbabago. Ang rebolusyong sekswal ay hindi nagsimula kamakailan tulad ng iniisip natin sa dekada sisenta. Hindi rin ito ang kinalalabasan ng isang

**pasibong** likas na panlipunang pagbabago. Ito ay bunga ng matalinong pagpaplano, kasipagan at pagtitiyaga.

Ang lahat ng ito ay nagsimula sa mga matinding pagkahumaling sa agham at teknolohikal na kakayahan nito, sa panahon ng pagpapalayas ng Simbahan mula sa mga pag-uusisa sa pampublikong buhay. Ang isipan ng tao ay naging panghuling tagahatol sa lahat ng mga gawain ng tao, at ang lahat ng pinahahalagahan na halaga ay napasailalim na mga bagong kapasiyahan nito. Gayunman, sa kanilang pagmamadali at ***superficiality***, ang mga tao ay hindi nakuha ang malinaw na katotohanang na sa isip mismo ng tao, at sa pamamagitan ng sarili nitong pag-amin, ay naging kasangkapan na hindi perpekto, at dahil sa kanyang kakulangan ay hindi ito makapagbigay ng gayong panghuling paghatol hinggil sa tiyak na mga pamantayang moral. Sa katunayan na ang pag-iisip ng masigasig sa paghahangad ng higit na kaalaman at pagpupunyagi sa karagdagan pananaliksik ay isang pag-amin na may napakarami pang nanatiling hindi nalalaman o mangmang pa. Kung naisip lamang ng tao na ito ay ganap na, malamang tumigil na sa hangarin pagtugis nito at naisantabi ang mga

badyet ng pananaliksik; Subali't gaya ng inilalarawan sa Qur'an sa kabanata- Ang Gabing Paglalakbay (S Al- Ista') (17: 85) na :

"*At kayo (O Sangkatauhan) ay hindi binigyan* ***ng*** *karunungan maliban sa kakaramput lamang.*"

Sa karagdagang pagpapalit ng tao sa Diyos, lumitaw ang isang kilusan sa pagitan ng dalawang digmaang pandaigdig na tinatawag na "mga moralidad nang walang relihiyon," na inakusahan ang relihiyon - at hindi ang kamalian ng tao – na naging sanhi ng pagkapoot at salungatan sa pagitan ng mga tao. Sila ay nagpanggap na ang parehong moralidad ay maaaring makamtan nang hindi kinakailangan idahilan o ipinalalagay ang mga ito sa relihiyon at tinatawag nila na "mga hindi naaapektuhan ng moralidad." Ngunit habang ang relihiyon ay hindi pinagtuonan ng pansin ay napawalang bisa ang Diyos, at inilabas ang bagong codigo ng moralidad kung saan ang mga immoralidad ng kahapon ay naging mga normal sa kasalakuyan, at ang sekular na pagkamakatao ay sa wakas tuwiran nagpahayag na ang pinahahalagahan ng tao ay dapat gawin ng tao at walang kaugnayan para sa anumang di-pantao o kahima-himalang pagtukoy. Kasama sa paglihis tungo sa materyalismo

ang mga pinahahalagahan gaya ng karangalan, ang kalinisang-puri at kadalisayan ay naging hungkag na salita at **di-mabibilang** na pera. Ang buong hanay ng indoctrination ay gumana upang maabot ang mga hangganan ng kalayaan na kinabibilangan ng mga lisensya, at sa isang lipunan na nagbibigay-diin sa sariling katangian, at ang kapritso ng bawa't tao ay naging isang karapatang pantao. Ang isa pang hadlang ay kapag ang *malaking alon* na tumambad sa lipunan na binaha din ng maraming mga tradisyonal na tagapag-alaga ng relihiyon at tagapagtanggol ng paniniwala nito - ang mga pari/pastor. Ang mga ito ay ang kabayo ng Trojan, dahil sa halip na umalis sa relihiyosong kampo sa Libertaryan, sinimulan nila ang pagtrabaho sa relihiyon mismo sa pamamagitan ng mga bagong pagsasaling-wika at bagong pagpapakahulugan ng mga teksto upang makapagsasabi ng legal at ang pinahihintulutan kung ano ang noong ay labag sa batas at mapanupil sa buong kasaysayan ng mga relihiyon iyon. Marami sa mga *pari/klero* mismo ay nahulog sa mga mikrobyo na ito na dapat sana nilang *ipagtaboy* ***o palayasin***. Ang iilan pa ay ang interpretasyon sa institusyon ng "selibasi" bilang pag-iwas sa pag-aasawa mula sa kasal nguni't hindi mula sa pagtatalik o pagkakaroon ng sex, gaya ng

nabasa natin sa balitang linggo (Newsweek) ilang panahon na ang nakalipas. Ang kinaratnan, tulad ng inaasahan, ay ang magulong seksuwal na pag-uugali ng buong lipunan. Kung wala ang mga pinahahalagahan ng kalinisang-puri sa labas ng pag-aasawa at katapatan sa loob nito, dumating ang pagwawalang-bisa ng kasarian bilang isang napaka-espesyal na bigkis sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, pangmaramihan at imoral na pagtatalik, udyukang umangkin (ng isang bagay), panggagahasa, ang mga hindi ginustong pagbubuntis, na nagtatapos sa pagpapalaglag o hindi gusto na mga anak na hinawi ang kanilang karapatan ng mga lehitimong dobleng mga magulang, at ang mga anak na nagkakaanak ng mga bata. *Karagdagang pa*, ang tiwala ng pamilya ay nabawasan na kahit sa mga matatag na pamilya na ilang 15 porsiyento ng mga anak ay hindi pagmamay-ari ng mga ama dagdag sa lahat ng ito ay ang mga panganib sa kalusugan dahil sa epidemikong pagkalat ng mga sakit na nakukuha sa sekswal, kung ang mga bagong sakit o ang pag-balik ng mga lumang sakit na naiisip natin ay nasupil o nagtagumpay matagal na ang nakalipas. Sa kanilang kaisipan ang mabuting organismo ay nakakuha ng pagtutol sa kilalang antibiyotiko na terapy, at sa pagtaas ng pakikihalubilo,

ang mga ito ay nagpapatunay ng mabigat na pagkakasakit ng komunidad, lalo na sa mga kabataan. Tayong mga Muslim ay walang anumang pagkalito tungkol sa kung ano ang ayon sa batas matuwid sa ating relihiyon kung ano ang labag sa batas. Ang Qur'an ay nananatili sa orihinal na teksto na ipinahayag, salita sa salita at sa sulat sa sulat.

Ang Quran ay isang banal na mga salita: at anumang pagsasalin o malikhaing pagsasalin sa anumang wika kasama ang Arabic (ang wika ng Qur'an) ay hindi maaaring tawaging Qur'an. Ang moralidad at ang imoralidad na tinukoy sa Qur'an ay mananatiling gayon magpakailanman, at hindi makapag-manipis o manipulahin o may katwiran. Walang mga klero o iskolar na maaaring mag-aangkin na pinagkalooban ng isang karapatan o kakayahan ng mga espesyal na interpretasyon. Ito ay hindi nangangahulugan na ang lahat ng mga Muslim ay anupa 't marangal o banal na tao na hindi nagkakasala. Samakatuwid, nilalabag ng mga Muslim ang kanilang sariling relihiyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga kasalanan at karumal-dumal na gawain, ngunit kahit na papaano ay alam nila na ito ay kasalanan, at ito ay mananatili sa kanilang budhi o damdamin

hanggang sa sila ay tumigil at magsisisi sa Diyos. Gayunman, ang tunay na hamon na nahaharap sa mga Muslim na mga mamamayan ng Kanluraning na mga komunidad kung saan ang mga bata ay lumaki sa ilalim ng mga pamantayang panlipunan at ang moral na mga kaugalian na salungat sa mga turo ng Islam. Ang mga Muslim ay hindi nag-iisa sa ganito, dahil mayroon din mga Hudyo, Kristiyano at iba pa na nagtataguyod ng parehong banal na moralidad at nagsusumikap upang biyayaan o pagkalooban ang kanilang mga anak ng ganoon. Ang pakikipagtulungan ay kasalukuyang isinasagawa at higit pa ay hinihikayat sa pagitan ng mga Muslim at gayundin sa mga iba pang nananalig na katulad nila, sila man ay mga pastor o karaniwang tao o asosasyon. Ang aming paraan sa aming mga anak ay sumusunod sa isang maagang panimula sa Diyos (tingnan sa kabanata isa), at na kapag tayo ay naniniwala sa Kanya na ang ibig sabihin ay tinatanggap at sumusunod sa Kanyang mga Panuntunan. Kung susundin natin ang Kanyang mga patakaran na hindi natin pansin o nag-aalala kung ang iba ay hindi, sapagkat kapag ang isa ay sa panig ng Diyos, pagkatapos ang isa ay sa karamihan. Ito ay nag-uudyok ng tiwala o kumpiyansa na nilabanan ang pamimilit ng barkada at

ang mga di-inaasahang pagtugon ng tukso. “ang lahat ay ginagawa ito” ay natigil na magiging dahilan. Ang paraan o diskarte sa pagbabakuna ay naglalayong sa pagbuo ng kaligtasan sa sakit bago ang bata ay malantad sa sakit: maging ang mga ito ay pisikal o moral. Tulad ng isang kawal ay handa sa labanan bago at hindi sa panahon ng labanan, sa hinaharap na panganib at mga nakukuha ay tinalakay sa mga bata kung kaya siya ay magpasiya nang maaga kung anong posisyon ang gawin sa pagdating ng panahon, kung ang alok ay ang paninigarilyo, pag-inom, droga o kasarian. Sa kabutihang palad, ang pangangaral ng kalinisang-puri bago ang pagsisiping - ay higit pa kaysa sa isang utos na sundin (ang pagtuturo *ay kapag ang* Diyos *ang nag utos, pakinggan natin at sundin natin*). Ang mga talakayan sa mga kabataang *Muslim at di-* ***Muslim*** ay ipinakita ang kaso ng pantay-pantay na mabisa kahit nga lamang sa intelektwal na mga linya. “Sino ang naniniwala sa pagkakapantay-pantay ng mga kasarian?,” at sila ay nagkakaisa ng boto “Sino an naniniwala sa katarungan?,” at buo muling nagkakaisa sa pagsang-ayon. Pagkatapos ay ipinakilala ang panukala na ang anumang kaugnayan sa pagitan ng dalawang magpares, ang mga kahihinatnan nito na kapwa hindi pantay na ibinabahagi ng

dalawa, ay hindi bumubuo ng katarungan; at silang lahat ay sumang-ayon. Sa isang sitwasyon ng liberal na kasarian, ang mga kinahihitnan ay hindi pantay na ibinahagi, dahil ang panig ng babae ay natalo sa lahat ng mga paraan, kung siya man ay iniwan, o nabuntis at nagpalaglag o nanganak at nagbigay ng kanyang lagda upang ipa-ampon ang kanyang sanggol o nagtatapos sa isang sanggol na walang amang tinitingala at susuportahan niyang mag-isa sa nalalabing panahon ng kanyang buhay. (Nang obserbahan namin ang mga kinahatnan at kami ay nagtanong ng isang katanungan:) “Kung ito ba ay makatarungan?' Ang pangkalahatang sigaw ay “Hindi!” Ang kilusan ng homoseksuwalidad ay medyo huli na ang dating sa buklod ng sekswal na rebolusyon. ***Siyempre***, ang *Homoseksuwalidad* ay hindi isang bagong imbensyon dahil nandiyan na iyan noon pa halos sa lahat ng kultura at sa lahat ng tao nguni’t, sa mas limitadong sukat. May mga pangkat ng tao (na ang layuning ay hikayating ang mga politiko o mambabatas) kung saan ang mga aktibidad nila ay sumunod sa humigit kumulang sa banayad na paraan, nguni’t ang impluwensya nito ay dumami lamang sa loob ng nakalipas na dekada o higit pa. Naaalala ko ang mga pang-akademikong mga kumperensya

kung saan ibinigay ang ilang mga pang-agham na papel sa mahigpit na siyentipikong pamamaraan, upang patunayan sa pamamagitan ng siyentipikong eksperimento ang kaligtasan ng malaswang pakikipagtalik ( sa butas ng puwet). Iyon ay sa mga unang bahagi ng ikapitumpu, at sa aking napag-alaman o resulta ng eksperimento ay nagkakasalungatan sa simpleng karaniwang pang-unawa, na nagsimula, sa kauna-unahang pagkakataon sa aking buhay akademiko, na padgududahan ang katapatan ng ilang mga siyentipikong mananaliksik sa agham. Hindi nagtagal pagkatapos noon, ang Asosasyon ng Amerikang Psykayatrik ay ipinahayag na ang homoseksuwalidad ay hindi na maituturing na isang karamdaman na gamutin lamang kundi isnag oryentasyon lamang o isang seksuwal na pagkakaiba. Ang natitira ay kasaysayan. Ang isang "Gay Bowel Syndrome" ay inilarawan sa mga medikal na panitikan, at maya-maya ay ang AIDS ang lumikha ng balita at pinagtibay ang kaugnayan nito sa pag-uugali ng isang homoseksuwal. Sa lalong madaling panahon ang problema sa AIDS ay itinulak ng medikal na ***arena*** at ang mga patakaran at mga alituntunin para sa pag-asikaso ng mga nakakahawang sakit. Ito ay naging isang isyu sa pulitika, at ang mga homoseksuwal na lobby ay lumago sa isang

kapangyarihang pampulitika na may kakayahang manakot sa mga tagapangasiwa ng opisina at mga kumakatawan sa pulitika at nakakuha ng suporta ng marami sa media, ang sining at mga kleryo. Sa halip na mapigilan ang AIDS ay nalipat sa mga tumatanggap ng dugo, mga adik sa droga at mga sanggol sa sinapupunan, heteroseksuwal na pagsisiping sa kanilang mga asawa at sa iba at di-sinasadyang impeksyon. Ito ay naging isang pandaigdigang epidemya na kumakalat sa isang mapanganib na bilis. Sa mga pasyente ng AIDS mayroon kaming pakikiramay at habag at inaasahan naming magagamit ang pinakamahusay na pangangalaga sa medikal at pagpapagamot. Sa mga di-nahawaang ay inirerekomenda namin ang mga paghahadlang na pamamaraan. Hindi ang condom, sapagkat walang bagay na tulad ng ligtas na pakikipagtalik. Ang kalinisang-puri hanggang kasal, at ang katapatan sa asawa sa loob ng kasal. Ang talakayan tungkol sa homosekswalidad ay nakakapinsala. " Magpapakatotoo Ka," 'sabi nila, "at huwag mong ikahiya ito." Maraming mapagkatiwalang kabataan ang nagsimulang mag-eksperimento, upang tuklasin kung ano talaga ang tunay nilang pagkatao. Ang pahintulot ay isang kailanging, at ang mga lobbies ng Scandinavia ay nagsisikap upang ibaba ang edad ng

pagsang-ayon sa apat na taon. Ang "Araw ng *Kapalaluan ng mga Bakla*" ay taun-taon na ipinagdiriwang sa California ng may ***pagsakop*** ng mga mamamahayag, isang "Gay Hmosexuality Month" (*Buwan ng Kapalaluan ng Mga* Bakla) sa ilang mga distrito ng paaralan ay itinatag upang tanggalin ang mga *pagkapanatik**o*** bigotriya at diskriminasyon (pagtatangi), at ang dalawang lalaki o dalawang babae sa kabahayan ay itinampok bilang isng alternatibong ayos ng pamilya. Kamakailan, lamang sinimulan ng agham ang pagsiyasat o pagtuklas ng posibleng anatomikal o genetik na batayan para sa mga homoseksuwal na oryentasyon. Kaming mga Muslim ay hindi napahanga, at sa amin ang mga bagay na ito ay isang payak. Hindi namin ginawa ng aming relihiyon, nguni't tinanggap at sinusunod namin ang mga ito. Hindi kami maaaring magpataw ng kung anumang bagay sa sinuman, nguni't para sa amin ang Qur'an at ang mga turo ng mga Propeta Muhammad ay malinaw at tahasang ipinababawal ang mga gawi ng homosekswal. Kung mayroon ka mang oryentasyon o wala, kung mag-iwi ka ng gene o hindi, ang iyong damdamin at mga pagnanasa ay hindi dapat magdidikta sa iyong pag-uugali. Maaaring tuwang tuwa ka upang gawin ang isang bagay

(maging ito ay homoseksuwal na kontak o heteroseksuwal na kapares na hindi mo asawa o uminum ka ng alkohol na inumin o pag-uudyok para sa isang marahas na aksiyon o may pagnanais na magnakaw ng isang bagay na hindi sa iyo), kung ano ang pakiramdam mo ay hindi kailangang maging sanhi ng iyong gawain. Sa Kabanata – Ang Magkakaanib ( Surah Al-ahzab) (33:36) sinabi rito na :-

*"Hindi marapat sa isang nananampalatayang lalaki o isang nananampalatayang babae, na kung ang isang bagay ay napagpasiyahan na ni Allah at ng Kanyang Sugo, na magkaroon pa sila (pagkaraan nito) ng anumang pamimilian tungkol sa kanilang pasya; at sinuman ang sumuway kay Allah at sa Kanyang Sugo, katotohanang siya ay napaligaw sa maliwanag na kamalian."* Ang bawa't nilalang ay may isang hindi mapag-aalinlanganan gene na kung wala sila ay hindi maaaring maging isang nilalang o tao: ito ay tinatawag na mga "gene ng pagpipigil sa sarili,"!

### (*3) Euthanasia*

Ang Euthanasia o pagpatay dahil sa awa ay nagkaroon o nagkamit ng isang legal na pagkakataon sa Holland. Nagpunta

ako sa kahon ng balota sa dalawang estado sa Amerika nguni't ako ay natalo. Ang lobby nito ay nagiging aktibo. Ang Islam ay tiyak na mayroon kuro-kuro tungkol sa euthanasia.

## *ANG BUHAY NG TAO*

Ang kabanalan ng buhay ng tao ay may isang pangunahing halaga gaya ng iniutos ng Diyos bago pa ang panahon nina Moises, Hesus at Muhammad. Nagbigay puna tungkol sa pagpatay kay Abel ng kanyang kapatid na lalaki na si Caine (ang dalawang anak ni Adan), sinabi ng Diyos sa Qur'an sa Kabanata Ang Dulang (Al Ma'idah) (5 : 32) at tahasang isinaad na : -

" *At dahilan dito, Aming ipinag-utos sa Angkan ng Israel na ang sinumang pumatay ng isang tao, maliban na lamang kung ito ay isang pagganti (bilang legal na kabayaran o pagpaparusa sa pagpatay), o sa pagkakalat ng kabaluktutan sa kalupaan. ... ito ay ituturing na katulad ng isa na pumatay ng buong sangkatauhan, at kung sinuman ang nagligtas ng isang buhay, ito ay ituturing na katulad ng isa na nagligtas ng buhay ng buong sangkatauhan."*

Sinabin rin sa banal na Qur'an at matatagpuan sa Kabanata – Ang Bakahan (Al -An'Am) (6:151) kung saan ay

sinabi.....”*huwag ninyong patayin ang sinuman na ipinagbawal ni Allah, maliban kung ito ay sa makatarungang dahilan (na ayon sa Batas ng Islam).”*

At sa Kabanata Al-Isra’ (Ang Gabing Paglalakbay) (Surah Al Isra’)(17:33) binigyan diin din ito : -

“*At huwag ninyong patayin ang sinuman (sa tao) na ipinagbabawal ni Allah, maliban kung ito ay sa makatarungang paraan. At kung sinuman ang napatay (nang sinasadya) na hindi makatarungan Aming binigyan ang kanyang tagapagmana ng karapatang gumanti ayon sa legal na paraan (humingi ng Qisas [batas ng pagpatay sa pumatay], o ang magpatawad o tumanggap ng Diyah [salaping bayad sa dugo]) Datapuwa’t huwag siyang lumampas sa hangganan ng pagpatay (huwag siyang pumatay, maliban sa [taong] pumatay lamang. Katotohanang siya ay lilingapin (ng ayon sa batas ng Islam).”*

Ang Shari'ah ay nagsumikap na makagawa ng isang mainam na detalye upang maipaliwanag ang mga kondisyon kung saan ang pagkuha ng buhay ay pinahihintulutang maging sa digmaan o sa kapayapaan (bilang isang item sa batas pang-kriminal), na may

mahigpit na kinailangan at pag-iingat upang mabawasan ang ganitong pangyayari.

### *May Karapatan Bang Magpakamatay?*

Wala sa Islam. Dahil hindi tayo ang lumikha sa mga sarili natin at hindi natin pagmamay-aari ang ating katawan. Pinagkatiwalaan lamang tayo para sa pangangalaga, pag-aalaga at pag-iingat o pagpapanatiling ligtas. Ang Diyos ang nagmamay-ari at ang Tapagbigay ng buhay at ang Kanyang karapatan yaon hindi maaaring labagin. Ang pagtatangkang patayin ang sarili ay isang krimen sa Islam pati na rin, isang malalang kasalanan. Sinabi sa al Qur'an sa kabanata Ang Kababaihan ( S An-Nisa) (4:29) at binigyan diin ang kahalagahan ang buhay ng tao: -

*" ....At huwag magpatayan sa isa't isa, katotohanang si Allah sa inyo ay Pinakamaunawain!"*

Upang magbigay babala laban sa pagpapakamatay, ang propeta Muhammad sa kanyang hadith ay sinabi na: "*Ang sinumang papatay ng sarili mismo sa pamamagitan ng bakal na kasangkapan ay dadalhin niya ito magpakailanman sa impiyerno. Kung sinuman ang papatay ng sarili sa pamamgitan*

*ng pag-inom ng lason ay magpakailanman panatilihin hihigop ng lason sa impiyerno. Kahit sinumang tumalon mula sa isang bundok at patayin ang kaniyang sarili ay magpakailanman manatiling mabagsak o mahulog pababa sa kailaliman ng impiyerno.”*

### *Euthanasia – Pagpatay Dahil Sa Awa*

Ang Shari'ah ay nagtala at tinukoy ang mga palantandaan para sa pagkuha ng buhay (ie. ibig sabihin ang pagbubukod sa pangkalahatang tuntunin ng kabanalan ng buhay ng tao), at hindi nila isinali ang pagpatay dahil sa awa o gumawa ng pagkakataon para dito. Ang buhay ng tao ay mahalaga na dapat igalang nang walang kapalit, hindi isinasaalang-alang ang iba pang mga kalagayan. Ang konsepto ng isang buhay na hindi karapat-dapat sa pamumuhay ay hindi umiiral sa Islam. Ang pagbigay-katwiran sa pagkuha ng buhay upang makatakas sa pagdurusa (o paghihirap) ay hindi katanggap-tanggap sa Islam. Itinuro ng propeta Muhammad:

“*May isang tao sa mas lumang panahon na nagkaroon ng kapighatian na nahirapan sa kanyang pagtitiis, kaya kinuha ng isang kutsilyo, hiniwa ang kanyang pulso at nagdugo hanggang*

*kamatayan. Dito ang Diyos ay sinabi: pinabilis ng Aking tagapaglingkod ang kanyang katapusan, itatatwa ko sa kanya ang paraiso."*

Sa panahon ng isa sa mga kampanyang militar ang isa sa mga Muslim ay napatay at ang mga kasamahan ng propeta ay patuloy na pinupuri ang kanyang katapangan at kahusayan sa pakikipaglaban, nguni't, sa kanilang pagkagulat, ang propeta ay sinabi na, " *ang kanyang pulutong ay impiyerno*."

Sa pagtatanong, nalaman ng mga kasamahan na ang lalaki ay malubhang nasugatan kaya suportado niya ang hawakan ng kanyang espada sa lupa at isinundot ang kanyang dibdib sa dulo nito, na gumawa ng pagpapakamatay. Ang Kodigo ng Islam ng mga Medikal Etika na pinirmahan o inendorso ng Unang Pangdaigdig na Kumperensiya ng Panggagamot sa Islam (Samahan ng mga Siyensiya Medikal sa Islam (Islamic Organization of Medical Sciences), Kuwait, 1981, p.65) kabilang ang: "ang pagpatay sa awa," tulad ng pagpapakamatay, ay walang suporta maliban sa mga ateista na paraan ng pag-iisip na naniniwala na ang ating buhay sa mundong ito ay sinundan ng kahungkagan o walang bisa. Ang

pag-angkin ng pagpatay para sa mga may karamdaman o sakit na wala nang pag-asa ay pinabulaanan din, sapagka 't walang sakit ang tao na maaaring hindi masakop ng gamot o angkop ng neurosurgery...'. Mayroon isa pa rin dimensyon sa katanungan ng sakit at pagdurusa. Ang pagtitiyaga at pagtitiis ay lubos na iginagalang at ganap na gagantimpalaan mga pinahahalagahan sa Islam. Sa kabanata - *Ang mga* ***Pangkat (Az-Zumar) (39): 10***

*"Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang ( walang hangganan)."* At sa Kabanata –Propeta Luqman (Luqman) (31):17 kung saan ay sinabi na :- "*Katotohanang naririto ang mga Tanda sa lahat ng tao na matiyaga at nagbibigay ng pasasalamat."*

Itinuro ng propeta Muhammad na "kapag ang mananampalataya ay may sakit, kahit nang isang panunurot ng tinik o higit pa, ay pinatatawad ng Diyos ang kanyang mga kasalanan, at ang kanyang mga pagkakamali ay *itatapon* gaya ng isang puno habang nalalagas ang mga dahon nito." Kapag - ang ibig sabihin ng pagpigil o pagpapagaan ng sakit ay hindi sapat, ang espirituwal na dimensyon ay magiging epektibo ng husto ay

magagamit upang suportahan ang mga pasyente na naniniwala na ang pagtanggap at pagtitiis sa hindi maiiwasang sakit ay kanyang kanyang kredit sa kabilang buhay, ang tunay at pangmatagalang buhay. Sa isang tao na hindi naniwala sa isang kabilang buhay ito ay magmistulang tulad ng bagay na walang katuturan, nguni't sa isang nakakaintindi, ang euthanasia ay tiyak na walang kabuluhan o kapararakan .

### *Ang Pinansyal Na Mga Dahilan*

Walang hindi pagkakasundo na ang pinansiyal na gastos sa pagsustento o pangangalaga ng walang lunas na sakit at ang ulianin ay isang lumalaking pag-aalala, kung kaya ang ilang mga grupo ay hinigitan ang konsepto ng "karapatang mamatay" sa "tungkulin na mamatay." Inaangkin nila na kapag ang makina ng tao ay nadaig nito ang pagkakapakinabang or produktibong tagal na ang pagpapanatili nito ay isang hindi katanggap-tanggap na pasanin ng mga produktibong saray ng lipunan, at dapat itong itapon, at ng agad-agad kaysa pahintulotan ito upang unti-unting o *dahan-dahang* lumala (Jacques Atalli: La gamot en paratang - sa Michel Solomon ' L 'avenir de la vie', Coll. Les visages de L'avenir. Ed. Seghers, Paris, 1981, p. 273-275). Ang

lohika na ito ay ganap na *walang puwang* sa Islam. Ang mga halaga *ay higit na priyoridad* kaysa sa presyo. Ang pangangalaga para sa mga mahihina, matatanda at walang kaya ay may isang likas na halagahan na kung saan ang mga tao ay handang isakripisyo ang mga oras, pagsisikap at pera, at ito ay nagsisimula, natural sa sariling mga magulang at sa Kabanata Ang Gabing Paglalakbay (Al Isra) 17: 23-24 binigyan diin at sinbi na:-

"*At ang inyong Panginoon ay nag-utos na huwag kayong sumamba sa iba pa maliban sa Kanya, at kayo ay maging masunurin sa inyong magulang. Kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa matandang gulang sa (panahon) ng iyon buhay, huwag kang mangusap sa kanila ng isa mang salita ng kalapastangan, gayundin ay huwag manigaw sa kanila, subali't ikaw ay mangusap sa kanila sa paraan na karangal-rangal.*

*At iyong gawin ang iyong sarili na masunurin at maawain sa kanila na (may taglay) na habag at magsabi: O aking Panginoon! Igawad Ninyo sa kanila ang Inyong Habag, na*

*katulad ng kanila pag-aaruga sa aking nang ako ay batang paslit pa."*

Dahil ang gayong pag-aalaga ay isang kabanalan na itinadhana at gagantimpalaan ng Diyos sa mundong ito at sa kabilang-buhay, ang mga mananampalataya ay hindi na ito bilang isang debit nguni't bilang isang pamumuhunan. Sa isang materyalistikong komunidad na nakabatay sa dolyar (dolyar-sentrik), ang lohika na ito ay walang kuwenta nguni't hindi gayon sa *halaga* na nakatuon sa Diyos na namamalaging komunidad ng mga tapat o mga mananampalataya.

Kapag ang indibiduwal na kabuhayan ay hindi maaring masakop ang kinakailangang pangangalaga, ito ay magiging, ayon sa Islam, ay sama-samang pananagutan ng lipunan, at ang pananalapi na mga prayoridad ay binago upang mapanguna ang mga pinahalagahan iyon sa mga kalayawan o kaligayan, at ang tao ay nakakuha ng higit na kaluguran mula sa pagsunod sa mga pinahahalagahan kaysa paghahangad ng iba pang mga kaligayahan. Siyempre ang isang pangunahing kailangan ay ang isang kumpletong moralidad at espirituwal na *reoryentasyon* ng isang lipunan na hindi sang-ayon sa mga ganitong paniniwala.

**Klinikal Na Mga Kalagayan**

Sa isang Islamikong pagtatakda sa usapin (tanong) ng euthanasia ay kadalasang hindi lumabas, at kung gayon nga, ito ay inaatasang labag sa batas. Ang pasyente ay dapat tumanggap ng bawa't posibleng sikolohikal na suporta at habag (pakikiramay) mula sa pamilya at mga kaibigan, kabilang ang mga espirituwal (relihiyosong) na mapagkukunan ng pasyente. Ang doktor ay nakikilahok din dito, at nagbibigay ng mga panterapeutika na panukala para sa *kaginhawaan* ng sakit. Magkakaroon ng isang mahirap na kalagayan kapag ang dosis ng *pamuksa ng kirot* ay kinakailangan upang maibsan ang sakit na nagtantiya o nagsasanib sa mga nakamamatay na dosis na maaaring maging sanhi ng kamatayan ng pasyente. Ang katalinuhan sa bahagi ng mga doktor ay kailangan upang iwasan ang mga ganitong sitwasyong, nguni't mula sa isang relihiyosong pananaw ang kritikal na isyu ay ang intensyon ng doktor: pumatay ba o upang *magpakalma*? Ang balak o intensiyon ay lampas sa pagtitiyak ng batas nguni't ayon sa Islam ay hindi ito matatakasan kailanman maging sa mapagmasid sa tuwina na mga mata ng Diyos ayon sa banal na Qur'an na makikita sa kabanata – Ang

Nagpapatawad o Ang Sumasampalataya (S Al-Ghafir O Al – Mu'min) (40:19) sinabi na:-

*" Si Allah ang nakababatid kung ano ang dumaraya sa mga mata, at kung ano ang lahat ng itinago ng puso (ng mga tao)."*

Ang mga kasalanan na hindi tumutupad sa pamantayan ng isang legal na krimen ay lampas sa mga dominyo ng hukom nguni't mananatiling mananagot sa Diyos. Ang Kodigo ng Medikal na Etika sa Islam – Islamic Code of Medical Ethics (1981 p.67), ay nagsasaad: "Sa kanyang pagtatanggol ng buhay, gayunpaman, ang doktor ay maayos na pinayuhan na unawain ang kanyang limitasyon at hindi lumabag dito. Kung ito ay siyentipiko na tiyak na ang buhay ay hindi maaaring maibalik, ito ay walang saysay upang masigasig na panatilihin ang pasyente sa isang hindi aktibo na estado (*mala gulay)* sa pamamagitan ng kabayanihan paraan o upang mapanatili ang pasyente sa *ilalim na sisidlang palamigan* o sa iba pang mga artipisyal na pamamaraan. Ito ay ang proseso ng buhay na ang doktor ay naglalayong mapanatili at hindi ang proseso ng pagkamatay. Sa anumang kalagayan, ang doktor ay hindi dapat kumuha ng isang positibong hakbang upang wakasan ang buhay ng pasyente."

Ang paghahanap ng medikal na paggamot mula sa karamdaman ay ipinag-uutos sa Islam, ayon sa dalawang kasabihan ng propeta: “Humanap ng paggamot, mga tagapaglingkod ng Diyos, sapagkat sa bawa’t sakit ay ginawan ng Diyos ng lunas,” at “ang iyong katawan ay may karapatan sa iyo.” Ngunit kapag ang paggamot ay nagtataglay ng walang pag-asa ito ay hindi na maging sapilitan o hindi na kinakailangan. Ito ay angkop kapwa sa kirurhiko at/o parmasyotiko na mga panukala, at, ayon sa karamihan ng mga iskolar, sa animasyon na artipisyal na kagamitan. Ang mga karaniwang pangangailangan sa buhay ay karapatan ng bawa’t nabubuhay na tao at kung saan ay hindi nakategorya bilang “paggamot” ay itinuturing na naiiba. Kabilang dito ang mga pagkain at inumin at pangkaraniwang pangangalaga , at hindi sila dapat ipagkakait hangga 't buhay ang pasyente.

### *Komentaryo*

Ang talakayan ng pagpatay dahil sa awa o euthanasia ay hindi dapat ihiwalay mula sa kabuuang ideolohiko na background ng isang partikular na komunidad. Ang mga Muslim, na naniniwala sa Diyos at sa isang banal na itinakda ng Shari'ah ay likas na

magkakaroon ng magkakaibang mga pananaw mula sa iba na hindi naniniwala sa Diyos, o yaong mga kumikilala sa Diyos nguni't ipinagkait o itinanggi sa Kanya ang anumang awtoridad upang sabihin sa amin kung ano ang dapat o hindi dapat gawin. Sa dami ng kontemporaryong Sankakristiyanuhan ang konsepto at ang paghihiwalay ng Simbahan at estado ay itinutulak na ang ibig sabihin ay ang pagbubukod ng Diyos mula sa mga gawain ng tao bagaman hindi sila magkapareho. Ang mas naunang nakaranas ng pagpatay dahil sa euthanasia sa Nazi Alemanya ng mas maaga sa siglong ito ay iniwan kaming namulat ang aming mata. Ito ay inindorso, pinangunahan o pinasimunuan at ipinatupad ng mga medikal na manggagawa (practitioners) ng may pinakamataas na kaayusan ng katalinuhan at propesyonal na katayuan. Sa sandaling payagan ang konsepto ng "isang buhay na hindi karapat-dapat sa pamumuhay" ay kinundena at tinanggap, ang pundasyon ay inilagay para sa gayong uri ng mga desisyon na sa huli ay humantong sa mga kasidak-sindak na pangyayari. Limampung taon na ang nakalipas, ang pangkat ng tao na sumang-ayon sa euthanasia ay muling nagtipon-tipon o nagsama-sama sa Netherlands at ang pinupuntirya ay ang Europa at Amerika. Tinatanong ng kanilang mga kalaban ang

diumano 'y malayang pahintulot ng pasyente, na nasa ilalim ng matinding personal na kagipitan o pagkabalisa, sa karagdagan ay dapat din madama ang pag-iingat na pasanin ng kanyang karamdaman at paggamot ay inilalagay ang sikolohikal at pinansyal sa pamilya ng pasyente. Ang pahintulot na ibinigay ng pamilya ay bukas sa mga posibilidad ng tunggalian ng interes. Sinimulan ang labanan at ang kinalabasan ay nananatiling hindi pa **makikita;** ngunit ito ay isang salungatan na kung saan ay maaaring maiwasan sa Islam dahil sa isang mas malawak, mas malakas na lakas ng teolohikal.

### *(4) Jihad*

Ang salitang ito ay madalas na ginagamit ng medya o mamamahayag sa Kanluranin sa nakaraang ilang taon, direkta o banayad na ipinaliwanag, na ang ibig sabihin ay "banal na digmaan." Sa katunayan ang salitang "banal na digmaan" ay likha sa Europa sa panahon ng Krusada, na ang ibig sabihin ay digmaan laban sa mga Muslim. Wala itong kapilas o katumbas sa talasalitaan sa Islam, at tiyak na hindi Jihad ang pagsasalin nito. Ang salitang Jihad ay nangangahulugan na nagsusumikap. Sa pangunahing kahulugan nito, ito ay isang panloob na bagay,

sa loob mismo ng sarili, upang alisin ang mga ito mula sa abang-abang mga kilos o pagkahilig, at pairalin ang katapatan at pagtitiyaga sa pagkamit ng mas mataas na pamantayan ng moralidad. Dahil ang Islam ay hindi lamang para sa mga hangganan o nakatakda sa isang tao kundi maging para sa pangkalahatang kapakanan ng lipunan at sa sangkatauhan, ang indibidwal ay hindi maaaring panatilihin ang pagpapabuti ng kanyang sarili sa paghihiwalay mula sa kung ano ang nangyayari sa kanilang komunidad o sa mundo sa kabuuan, samakatuwid, nakasaad sa banal na Qur'an para sa mga bansa ng Islam na gawin bilang isang tungkulin "*ang itaguyod ang mabuti at pagbawalan ang masama*." Ito ay matatagpuan sa Kabanata – Ang Pamilya ni Imran (s Al-Imran) (3:104) sa kabuuan na:-

"Hayaang may tuminding mula sa lipon ninyo na isang pangkat na nag-aanyaya sa lahat ng mabuti (Islam), na nagtatagubilin ng ***Al-Ma'ruf*** *(ang pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah, at lahat ng ipinag-uutos ni Allah na dapat gawin) at pagbabawal sa* ***Al-Munkar*** *(pagsamba sa maraming diyus-diyosan, kawalan ng pananalig at lahat ng ipinagbabawal sa Islam.)"*

Ito ay isang tungkulin na kung saan ay hindi eksklusibo para sa mga Muslim nguni't naaangkop o nalalapat sa sangkatauhan, na alinsunod sa Qur'an, ay kinatawan (o tagapagtaguyod) ng Diyos sa lupa. Ang mga Muslim, gayunman, ay hindi ito maaaring umiwas kahit na ginagawa na ng iba. Ang mga paraan upang matupad ang mga ito ay iba-iba, at sa ating makabagong mundo ay sumasaklaw sa lahat ng legal, diplomatiko, arbitratibo, pangkabuhayan o pang-ekonomiya, at pampulitika na instrumento. Nguni't hindi ipinagbawal ng Islam ang paggamit ng puwersa upang sugpuin o mapuksa ang kasamaan, kung wala ng iba pang maisasagawang kapaki-pakinabang na alternatibo.

Isang tagapagpauna (tagapagsalita) ng sama-samang prinsipyo ng seguridad at kolektibong pamamagitan upang ihinto ang agresyon (pagsalakay), kahit na sa teorya, tulad ng ipinahayag sa Charter ng mga Nagkakaisang Bansa, ay ang mga sanggunian sa Qur'an at matatagpuan sa Kabanata - Ang Mga Nagigitnang Silid ( S Al- Hujurat) (49 :9) : -

*"At kung ang dalawang pangkat sa lipon ng mga sumasampalataya ay humantong sa isang tunggalian, kung gayon, inyong pagkasunduin sila sa isa't isa datapuwa't kung*

*ang isa sa kanila ay lumampas sa hangganan ng pagmamalabis laban sa isa, kung gayon inyong labanan ang nagmamalabis hanggang sa ito ay magbalik (sa pagsunod) sa kautusan ni Allah,"*

Samakatuwid, ang pagkilos ng militar ay isang pulutong (subgroup) ng Jihad at hindi ang kabuuan nito. Iyon ang binigyang-diin ni Propeta Muhammad sa kanyang mga kasamahan nang pauwi na mula sa isang kampanyang militar, sinabi niya sa kanila: "Sa araw na ito kami ay bumalik mula sa maliit na jihad (digmaan) tungo sa mga pangunahing jihad (pagpipigil sa sarili at pagpapabuti)." Ang Jihad ay hindi isang deklarasyon ng digmaan laban sa iba pang mga relihiyon at tiyak na hindi laban sa mga Kristiyano at Hudyo gaya ng nais palabasin ng iilang media at ng sirkulong o lupon pampulitika. Hindi nilalabanan ng Islam ang ibang mga relihiyon. Ang mga Kristiyano at Hudyo ay itinuturing bilang kapwa tagapagmana ng mga Abrahamikong tradisyon ng mga Muslim, sa pamamagitan ng pagsamba ng iisang Diyos at pagsunod sa mga tradisyon ni Abraham. Ang mahigpit na pamantayan para sa isang "makatarungan digmaan" sa Islam ay binanggit na,

gayundin ang mga hadlang sa moralidad at etikal na dapat sundin. Ang makabagong pakikidigma ay hindi pinahalagahan ang mga pamantayang moral o kagandahang-asal; at samakatuwid, ang digmaang ay dapat mapalitan ng iba pang alternatibong resolusyon ng hidwaan o pag-aaway. Ang isang naliwanagan at matatag na pampublikong opinyon sa mundo ay maaaring mangibabaw o magtagumpay at supilin ang mga nakatuon (oriented) na mentalidad sa digmaan. Ang susi ay ang pagbabago ng puso. Tulad ng isang nakabubuti o makabuluhang papel para sa pagpapatawad sa interpersonal na relasyon, kaya posible ito sa internasyonal na ugnayan basta 't ibinigay ang katarungan, at hindi puwersa, ang huling *tagahatol*. Dapat nating kilalanin muli, alang-alang sa kapakanan ng katapatan, na ang kasaysayan ng lahat tradisyon, Muslim, Kristiyano, Hudyo pati na rin ang iba, ay nagkaroon ng kanilang pagsalungat sa tapat na pagsunod sa mga pinahahalagahang mga pamantayan ng kanilang relihiyon o pilosopiya. Tayong lahat ay nagkakamali, at ginagawa pa rin natin. Ang mga Muslim ay walang pagbubukod at muli ang relihiyon ay pinagsasamantalahan ng mga ambisyosong maniniil (tyrants) o lumabag na mga mangmang na mga mandurumog (mobs). Ito

ay hindi repleksyon sa relihiyon, nguni't ipinakikita nito kung gaano ang desperadong sangkatauhan ay nangangailangan ng mas mahusay na edukasyon, mas matibay na malasakit para sa dignidad o karangalan ng tao, mga karapatan at kalayaan, at mapagbantay na pagtugis ng hustisya, kahit na sa presyo ng paghadlang sa kasakiman sa pulitika at ekonomiya.

### *(5) Bio-Medikal na Etika*

Ang seksyon na ito ay naglathala ang ilang mga bahagi o ilang lugar na nangunguna sa larangan ng bio-etika, at kung saan ang pinagkasunduan ng Islam ay pantay na itinatag.

#### *I) Reproduktib na Isyu*

#### *A - Regulasyon ng Pagkamayabong Kontraseptibo (pagpipigil sa pagbubuntis)*

Pinahihintulutan ng Islam ang paggamit ng kontraseptibo o pagpipigil ng pagbubuntis hangga 't ito ay hindi nagkakaroon ng radikal na paghihiwalay sa pagitan ng pag-aasawa at ang pag-aanak na reproduktibo nito. Yamang noong panahon ni Propeta Muhammad ang kontraseptibo ay isinagawa na, nguni't ginawa niyang malinaw na ito ay dapat na sa isang magkasamang

desisyon sa pagitan ng mag-asawa. Ang pangkalahatang rekomendasyon ay para sa mga bansa ng Islam upang magparami at lumago sa mga bilang, nguni't sa kalidad at hindi pangkaraniwang numero ay mahusay na binigyang-diin ito ng Propeta Muhammad. Ang isa sa kanyang napaka-propetik na kasabihan ay: "Darating ang isang araw kung saan ang iba pang mga bansa ay babagsak sa iyo tulad ng gutom na kumakain sa isang mangkok ng pagkain." Nang tanungin kung ito ay dahil sa kakulangan ng bilang sinabi niya. "Hindi. Sa araw na iyon kayo ay magiging napakarami, ngunit (sa matalino na kalidad) gaya ito ng isang parang bula sa ibabaw ng malakas na agos." Sa buong kasaysayan ng Islam ay pinapayagan ng mga hurado ang pagpaplano ng pamilya para sa ilang kadahilanan: kalusugan, sosyo-ekonomika, atbp hanggang sa pangangalaga o pagpapanatili sa kagandahan ng katawan ng babae. Ang parehong mga likas at nakapagpapagaling na paraan ng pagpipigil sa pagbubuntis ay katanggap-tanggap, kung ang pamamaraan na ito ay hindi nakapipinsala at hindi gumagana bilang isang pampalaglag.

Ang pagpaplano ng pamilya ay dapat lang na sa kagustuhan (pagpili) ng indibidwal na pamilya nang walang pagpipigil. Ang mga bansa na nagpapatupad ng isang patakaran ng populasyon ay maaaring mapunta sa malawak na kampanya ng edukasyon upang matiyak na ang aksesibilidad ng mga kontraseptibong teknologiya, nguni't ang pasiya ay nakasalalay sa pamilya. Ang pag-aalinlangan tungkol sa mga programa ng populasyon na idinisenyo ng mga Kanluraning bansa sa ikatlong daigdig ay binanggit dito ng mas maaga. Mayroong kamalayan tungkol sa isang "digmaang demograpiko" upang alisan ang populasyon ng kanilang sheer (***manipis***) na kapangyarihan sa mga bilang o upang ang karamihan ay mabawasan ng maging minorya sa ilang lugar. Mayroong din alarma tungkol sa kontraseptibong materyales na ipinagbawal ang paggamit sa (Kanluranin) mga bansa na pinagmulan habang magkanapabay na iniluwas nang maramihan sa Islam at sa ikatlong daigdig na mga bansa, *ilagay sa kompromiso* ang mga pamantayan na kaligtasan. Lalong marami ang pamumuhunan sa pagbuo ng mga mapagkukunan at isang kahandaan upang ilipat ang mga kinakailangan teknolohiya sa bahagi ng Kanluran ay nananatili pa rin ipapatupad.

### *Ang Pagpapasuso*

Ang pagpapsuso ay binigyan ng pangunahin pagpapahalaga sa turo ng Islam. Bilang isang paraan ng pagpaplano ng pamilya ay hindi ito maaasahang **tagubilin** para sa mga indibidwal na pamilya; nguni't ito ay tinatansya sa isang kolektibong batayan upang maging isang mas mabisa na kontraseptibo kaysa lahat ng iba pang mga pamamaraan na magkakasama, sinusukat sa pamamagitan ng pagbababa ng marka ng pagkamayabong sa isang komunidad ng mga nagpapasusung mga kababaihan. Binanggit sa banal Qur'an ang pagpapasuso at inirerekomenda na ang likas na haba nito ay dalawang taon. Gayunpaman, *sa Islam, ang pagpapasuso* ay higit *pa sa isang nutrisyon (o pagpaplano ng pamilya)* na proseso. Ito ay isang "halaga" at espesyal na ugnayan, kaya ang isang babae maliban sa isang natural na ina na nagpasuso ng isang sanggol ay nagtamo ng isang espesyal na katayuan sa batas ng Islam na tinatawag na "pasusuhing pagiging magulang," at ang babaeng ito ay tinatawag na "ina ng saggol" sa paggagatas." Upang magpatingkad ang halaga nito, ang "ina sa paggagatas" ay binigyan ng katayuan ng likas sa pagiging ina sa ilang legal na

mga pasiya hinggil sa kasal. Ang kinaratnan ay tulad ng isang ina ng likas na mga anak ay itinuturing na “magkakapatid sa paggagatas” ng napasusong sanggol, na anupa 't hindi maaaring pakasalan ang sinuman sa kanila.

### *Ang Intra-Uterine Na Aparatu*

Kung ang aparato ay kumilos upang maging sanhi ng pagpapalaglag ay hindi ito magiging katanggap-tanggap. Ang pagkilos nito, gayunman, ay ipinaliwanag batay sa mga pagpigil sa pagtatanim. Ang kasalukuyang henerasyon ng mga aparato na ito ay naglalaman ng isang tansong kawad na nagpapalabas ng ***spermicidal ions*** ng tanso ions, o kasama ang progesterone na mga hormon na kumapal o lumapot sa uhog sa mga kanal ng bahay-bata kaya hindi ito tumagos o makapasok ang tamud.

Ang parehong mga aksiyon ay naglagay ng mga aparato sa kategorya ng pagpipigil sa pagbubuntis at hindi pagpapalaglag. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng inilabas na pahayag mula sa Organisasyon ng Pandaigdigan Kalusugan (World Health Organization).

## ***Pagpapalaglag***

Walang mga 'maka - buhay' at 'maka - pagpili' lobbies sa komunidad ng Islam, na may isang nagngangalit na labanan tulad ng nagaganap sa Amerika. Ang pananaw ng Islam hinggil sa pagpapalaglag ay napakaiba mula sa mga kontraseptibo, dahil ang ***una*** at nagsasangkot ng paglabag sa buhay ng isang tao. Natural na lalabas ang mga tanong na kung ang katagang "buhay ng tao" ay kinabibilangan ng mga "buhay ng mga sanggol" sa sinapupunan. Ayon sa Islamic jurisprudence ay kinabibilangan nito. Sa Islam ang sanggol (***sa sinapupunan***) ay binigyan ng katayuan bilang "hindi ganap na zimma." Zimma ay ang isang legal na pagpapahalaga na nagpapahintulot sa mga karapatan at mga tungkulin, at ang sanggol ay hindi kumpleto sa kahulugan na mayroon itong mga karapatan nguni't walang mga tungkulin na dapat gampanan. Ang ilan sa mga karapatan ng sanggol ay: (a) kung ang isang asawang lalaki ay namatay habang ang kanyang asawa ay buntis, ang batas ng pagmamana ay kinikilala ang mga sanggol bilang isang tagapagmana kung ipinanganak na buhay. Ang iba pang mga tagapagmana ay makakatanggap ng kanilang mga pagbabahagi alinsunod sa itinakdang sukat ng

***huridikal***, nguni't pagkatapos lamang ng bahagi ng hindi pa isinisilang ay isinantabi upang hintayin ang kapanganakan nito. (b) kung ang isang sanggol ay nalaglag o nakunan (ang ina) sa anumang yugto ng pagbubuntis at nagpapakita ng mga palatandaan na buhay tulad ng isang ubo o paggalaw at pagkatapos ay namatay ito, ang naturang sanggol ay may karapatang magmana ng anumang bagay na may legal na karapatang magmana mula sa sinumang namatay matapos nagsimula ng pagbubuntis. Matapos mamatay ang sanggol na ito, kung ano ang minana nito ay mamanahin ng kanyang mga legal na tagapagmana.

c) kung ang isang babae ay gumawa ng isang krimen na pinarurusahan ng kamatayan at napatunayang buntis, pagkatapos, ay ang pagpapatupad ng kaparusahan ay dapat ipagpaliban hanggang sa kanyang kapanganakan at maalagaan ang kanyang sanggol hanggang sa ito ay tumigil ***(sa pagsusu).*** Nalapat ito na hindi isinaalang-alang ang mga tagal ng pagbubuntis, gaano man kaaga, sumasagisag sa karapatan ng sanggol sa buhay mula sa umpisa. Ito ay naaangkop kahit na ang pagbubuntis ay hindi naayon sa batas, na nagpapakita na ang

isang sanggol ay ipinaglihi ng labas sa kasal ay may karapatan din sa buhay. Ang lahat ng mga sekta at hurisdikang paaralan ay buong pagkakaisang itaguyod ang pasiyang ito. Mayroong ding multang pera na para sa pagpapalaglag kahit na ito ay di-sinasadya. Ito ang tinatawag na "ghorra." Kung ang pananalakay o kusang pagkilos ay naging sanhi ng aborsiyon, ang angkop na kaparusahan ng korte ay ipinapataw din. Natalakay sa usapin ang pagsisimula ng buhay simula pa noong unang panahon, dahil ang pagtanggap ng pagpapalaglag ay nakasalalay sa pagkakarooon o pag-iiral ng buhay (ilang makalumang hurado ay pinahintulutang ang pagpapalaglag bago ang apat na buwan, ang iba bago maging pitong linggo, ng pagbubuntis, sa palagay na, ang buhay ay hindi pa nagsimula sa pagbubuntis.) Ilang mga sampung siglo na ang nakararaan, isang tanyag na iskolar na tinatawag na Al-Ghazali ay wastong inilarawan ang isang yugto ng buhay na hindi napapansin, bago ang bahagi na nararamdaman ng ina sa pamamagitan ng <u>pagpapabilis</u> ng sanggol (Espiritung nagbibigay buhay). Kamakailan ang Kongreso ng Huridisko ay nirepaso ang mga paksa na isinasaalang-alang ang mga aplikasyon ng makabagong teknolohiya, at napagpasiyahan na ang yugto ng buhay ng isang

indibidwal na maaaring tawaging sa simula ay dapat matugunan (mabigyan-kasiyahan) ang lahat na mga sumusunod na pamantayan:

(1) ito ay dapat na isang malinaw at maliwanag na pangyayari; (2) ito ay dapat na magpakita ang pangunahing katangian ng buhay: paglago; (3) kung ang pag-unlad ay hindi nagambala, ito ay natural na hahantong sa mga kasunod na yugto ng buhay tulad ng alam natin (sa kanila); (4) naglalaman ito ng henetikong huwaran na ugali ng lahi ng tao (o sangkatauhan) sa pangkalahatan, at ng isang natatangi ding indibidwal; at (5) na ito ay hindi sinundan ng anumang iba pang mga bahagi na pinagsasama ang unang apat. Walang alinlangan na, ang mga pagsasalungat na ito ay tumutukoy sa pagpapabunga. Ang pagpapalaglag, gayunman, ay pinahihintulutan kung ang pagpapatuloy ng pagbubuntis ay magdudulot ng isang banta sa ina. Isinaalang-alang ng Shari'ah ang ina na maging ugat at ang sanggol na maging sang***ay***; ang huli na isasakripisyo kung ito ay kinakailangan upang iligtas ang una. Mayroong ilang mga pangangatuwiran din na pabor sa pagpapalawak ng pagtanggap ng pagpapalaglag upang masakop ang marahas na mga kaso ng

mga katutubong katiwalian at pangsanggol na karamdaman di-magkatugma sa magagawa ng buhay kung isinasagawa bago ang pagbubuntis ay maging apat na buwan. Isterilisasyon maliban na ginawa para sa isang malinaw na medikal na mga indikasyon ang operasyon na ito ay karaniwang sinisimangutan (hindi katanggap-tangap). Gayunpaman, Ito ay pinapayagan, para sa mga kababaihan na may makatwirang bilang ng mga anak at malapit na ang katapusan ng kanilang pagsasabuhay na buhay. Ang kusang-loob at may sapat na kaalaman pahintulot ay dapat ibigay ng mag-asawa, na hindi nagbibigay ng mga pangako ng isang garantisadong matagumpay na pagkabaligtad o pagpanumbalik na operasyon kung sakaling magbago ang kanilang isip. Walang patakaran ang pamahalaan na dapat magpilit ng tao na sumasailalim sa isterilisasyon. Ang doktor ay may karapatan upang tanggihan ang pagsasagawa ng operasyon kung hindi kumbinsido ito ay sa pinakamainam na kapakanan ng pasyente.

### *B - Paggamot sa kawalan.*

Ang pagtugis ng pagbubuntis ay lehitimo at ang indibidwal ay maaaring gumamit ng kinakailangang paraan basta't hindi sila lumalabag sa Shari'ah.

### *Artipisyal na Pagpapabinhi*

Ito ay pinahintulutan lamang kung ang tamud ay kabilang sa mag-asawa (AIH). Ang semilya (AID) ng nagkaloob (donador) ay hindi maaaring gamitin dahil ang pagkakaroon ng anak ay lehitimo lamang sa loob ng kontrata ng pagpapakasal at ang mga elemento (sa mag-asawa) na partido dito.

### *Ang In-vitro Pagpapabunga (IVF)*

Ang teknolohiyang ito, na karaniwang kilala bilang ang test tube na sanggol teknolohiya, ay katanggap-tanggap sa Islam hangga 't ito ay sa pagitan ng mag-asawang lalaki at babae, ie. sa loob ng mga hangganan ng kontrata ng kasal. Ang kontrata ng kasal ay dapat na balido at buhay. Dahil ang diborsyo o pagkabalo ay nagdadala ng kontrata ng pag-aasawa sa isang konklusion at pagkatapos sila ay hindi na mag-asawa, sumusunod rito na ang babae ay hindi maaaring magpabinhi ng semilya o tamud ng

kanyang dating asawa na pinanatili sa ilalim ng sisidlang palamigan sa isang bangko ng tabod. Ang interbensyon ng isang ikatlong partido maliban sa mag-asawa at maydala ng kanilang henetikong materyal (tamud at ovum) ay hindi pinahihintulutan dahil ito ay isang panghihimasok sa kontrata ng kasal na umiiral sa magpares. Ang "Alien na tamud," o ang "alien na itlog," o isang "alien na sinapupunan" (upang dalhin ang embryo ng mag-pares) ay hindi pinapayagan.

### *Ang Pangalawa Na Pagiging Ina*

Ang pangalawa na pagiging ina, kung saan ang isang babae ay nagdadala sa kanyang sinapupunan ng sanggol ng isa pang magpares, ay ganap na hindi katanggap-tanggap sa Islam. Nagbubunga ito ng paghihiwalay ng pagiging ina sa katangiang namamana at biolohiko (genetic at biologic) samantalang ang mga ito ay dapat na iisa. Ito rin ay nagsasangkot ng pagbubuntis sa labas ng isang kontrata ng kasal. Ang kumpetisyon sa pagitan ng dalawang ina (!) ay nauwi sa legal at iba pang mga suliranin sa Amerika. Ang isang kontrata na nagpapasiya sa kapalaran ng sanggol ay tiyak na nakapababa-ng-pagkatao o puri habang tinatrato nito ang sanggol bilang

isang kalakal. Ang mga implikasyon ay maaaring makatulong upang maging malayong maabot dahil ang mga kababaihan sa unang pagkakataon sa kasaysayan ay kusang loob na pumapasok sa buong pagbubuntis (at paghahatid) sa naunang layunin na ipamigay ang sanggol. Dahil nangyari na ito, sa karamihan ng mga kaso, para sa isang negosasyon na presyo, binabawasan nito ang pagiging "ina" mula sa isang "halaga" sa isang presyo. Kung ito ang nagiging matatag na kagawian, ang pangmatagalang epekto sa pagsasalinlahing bigkis o pagkakaisa ay maaaring ganap na mawawasak.

### *II Ang Pagbigay ng Organ at Paglipat*

Sinabi as banal na Qur'an: "at sinumang magligtas ng isang buhay ay parang iniligtas niya ang buhay ng lahat ng mga tao." Marahil ay walang mas mainam na paraan upang maipatupad ang mga konseptong ito kaysa sa bahagi na nakapagliligtas ng buhay sa pamamagitan ng pag-alis o paglipat ng mga organong ibinigay upang palitan ang di na gumagana na mga mahahalagang organo. Gayunpaman, ang konklusyon na ito ay kinailangang marating matapos ang ilang pagbubuo ng mga panuntunan sa Islam. Talaga, ang paglabag sa katawan ng tao,

maging buhay o patay, ay laban sa mga rulings ng Islam. Susundan nito ang pagbubukas o pagbubutas sa katawan ng isang buhay na donor o ng isang bangkay at pagkuha ng mga organo upang ibigay ito, ay hindi sana maaring ipagkaloob (pahihintulutan), kung hindi dahil sa panawagan ng dalawang tuntunin patakaran ng batas na madaling malutas ang hindi pagkakasundo. Ang una ay ang panuntunan ng mga "Pangangailangan ay mangibabaw sa ipagbabawal." Ang ikalawa ay ang "pagpili ng mas nakabababa sa dalawang kasamaan kung ang pareho ay hindi maaaring iwasan." Dahil sa pagliligtas ng buhay ay isang pangangailangan na nagdadala ng mas higit pang timbang kaysa sa pagpepreserba o pagpapanatili ng integridad ng katawan ng nagbigay o ng patay at dahil sa pinsala sa katawan ng mga nagbigay ay mas masama kung ikukumpara sa pag-iwan ng pasyente upang mamamatay, ang pamamaraan ng donasyon ng organ at transplantasyon ay pinapahintulutan. Hindi dapat malagay sa panganib ang mga nagbibigay, kung kaya sinisiguro medikally. Dapat sundin ang mga alituntunin ng malayang pahintulot ng wala sa lahat ng mga uri ng presyur habang ang donor (o kabilang ang kamag-anak ng yumaong donor) ay nagpapahiwatig ng kanilang pagiging handa.

### *Paglipat ng Nerbiyos (Kabado) na Tissue*

Kamakailan lamang ay ipinakita ang paglipat ng kabado na tissue. Ito ay ayon sa ilang pangako sa paggamot ng ilang mga karamdaman. Ito ay naaayon sa batas kung ang pinagmulan ay ang mga glandula ng adrenal medulla o isang sanggol ng hayop, o ng isang sanggol ng tao ***nagkasabay*** makunan kapag ito ay namatay nang natural. Ito ay labag sa batas na isakripisyo ang isang buhay o maaaring mabubuhay na sanggol ng tao para sa mga layunin. Sa isang legal na pagpapalaglag (gayon upang iligtas ang buhay ng ina) ang isang sanggol ay maaaring gamitin. Paglikha ng mga sanggol o pagsasagawa ng pagpapalaglag para sa layunin ng paglipat ay labag sa batas.

### *Ang Anencephalic ng Isang Sanggol*

Ito ay tumutukoy sa isang katutubo na abnormalidad kung saan ang hanay ng mga bungo at mga utak hemispheres ay wala. Ito ay maaaring *ipinanganak* na buhay, nguni't mamamatay sa kalaunan matapos ang panahon ng variable na maaaring palawigin o pahahabain hanggang ilang araw. Hangga 't ito ay buhay, ito ay hindi dapat gamitin bilang isang pinagmumulan ng mga organo para sa paglilipat (trasplantasyon). Ang artipisyal na

pagwawakas ng kanyang buhay ay labag sa batas. Ito ay maaaring pamalagiin sa pamamagitan ng artipisyal na resuscitation upang mapanatiling malusog ang tisyu nito, hanggang sa ang utak (stem) ay mamamatay at pagkatapos nito ay ayos o tama lang na kumuha ng bahagi ng mga organ nito.

### *Paglipat ng mga Glandula ng Kasarian*

Ito ay labag sa batas ang paglilipat ng bayag na may kakayahang pang gumawa at MAGDISKARGA ng tamud o obaryo na may kakayahang mag-obulasyon sa ibang tao, sapagkat ito ay magdudulot o hahantong sa pagkalito ng *talaangkanan* at ang pagbuo ng mga sanggol sa pamamagitan ng gametes na hindi nagkakaisa sa isang tunay na kasal, dahil ang mga naturang tamud at ova ay laging nabibilang na bahagi ng nagkakaloob at hindi ang tumatanggap. Ang mga glandula ng kasarian na baog (hindi makabuong gametes) nguni't ay aktibo na hormon ay hindi kasama sa pagbabawal na ito, nguni't ang kanilang paggamit ay walang puwang sa klinikal na propesyon.

### *III Ang Kahulugan ng Kamatayan*

Ang kahulugan ng ***sandaling*** kamatayan ay may kinalaman hindi lamang sa mga medikal na mga isyu tulad ng pagiging

posible ng pagtanggal ng mga artipisyal na animasyon o ang pagkuha ng isang tanging mahahalagang organo para sa paglipat o transpantasyon (tulad sa puso), nguni't pati na rin ang hurisdikang mga usapin o isyu tulad ng simula ng panahon ng paghihintay na kailangan maghintay ng isang babaeng balo pagkatapos mamatay ang kanyang asawa bago muling mag-asawa (ay apat na buwan at sampung araw, o kung buntis, ang katapusan ng pagbubuntis), at ang pagbabahagi ng bahagi ng pamana kung dalawa o higit pang mga tagapagmana dapat mamatay nang maghalili o magkakasunod. Tinanggap kamakailan ng mga huridiskang Kongreso ang isang bagong kahulugan ng kamatayan batay sa kabuuang kamatayan ng utak (kabilang na ang ***stem*** ng utak) kahit na ilang mga pisiyolohikal na *tungkulin* ay pinananatili pa rin sa pamamagitan ng artipisyal na animasyon. Ang bagong kahulugan ay ginawang posible sa pamamagitan ng isang proseso ng "analohiya" sa isang lumang tuntunin sa batas na kinikilala ang konsepto ng isang nakamamatay na sugat. Maraming siglo na ang nakalilipas, pinagpasiyahan na kung ang isang tao ay sinaksak na humahantong sa pagpilit ng kanyang bituka, ito ay itinuturing na isang nakamamatay na pinsala kahit na ang biktima ay patuloy

na nagpapakita ng paggalaw at iba pang mga palatandaan ng paglihis ng buhay, *teknikally* tinutukoy bilang "ang kilusan ng napatay." Kung ang pangalawang salarin pagkatapos ay tuluyang patayin ang biktima na naging sanhi ito ng kamatayan, ang pagpaslang na kaso ang isasampa pa rin sa unang sumalakay, at ang pangalawa ay masasakdal din nguni't hindi sa pagpatay ng tao. Yaong mga tao na may kamatayan sa utak na ang organo/sistema ng katawan ay nananatili, gayonman, artipisyal na pinanatili, ay binigyan ng katayuan ng "paggalaw ng napatay," nakikita na ang pagbabalik ng kanyang buhay ay imposible scientifically. Magiging walang krimen samakatuwid kung ang animasyon na ito ay *pinatay*, o kung (ang sariwa at buhay) na puso ay kinuha para sa paglipat sa isang pasyente na ang puso ay nasira at hindi na gagaling.

## *IV Genetic Engineering*

Ang Genetic Engineering ay partikular na nakakuha ng mahaba-habang talakayan ng mga iskolar na Muslim dahil sa isang parirala sa Qur'an tungkol di umano sa "***pagbabago ng nilikha ng Diyos.***" Ayon sa Qur'an, pagkatapos tuksuhin ni Satanas sina Adan at Eba upang magkasala sa pamamagitan ng pagkain

mula sa ipinagbabawal na punong-kahoy, siya ay *nasiraan ng loob o nabagabag* na makita silang nagsisisi at pinatawad at pinarangalan sa pamagitan ng kanilang misyon sa planetang lupa bilang kinatawan o tagapaglingkod ng Diyos. Hiniling ni Satanas sa Panginoon na pagkalooban pa siya ng isa pang pagkakataong upang patunayan na ang mga tao ay hindi na mapagkakatiwalaan pagkatapos ng lahat. Kung papayagan na subukan ang mga ito sa lupa, isiniwalat ni Satanas ang ilan sa kanyang mga pakana upang lituhin sila. Ito ay matatagpuan sa kabanata - Ang Kababaihan (S An-Nisa) (4:119).

"*Katotohanang sila ay aking ililihis (sa Tamang Landas), at katiyakang aking pag-aalabin sa kanila and huwad (makasalanan) na pagnanasa (upang sa gayon ay hindi na nila isaalang-alang ang Muling Pagkabuhay); at katiyakang aking ipag-uutos na gilitan nila ang mga tainga ng mga bakahan (katulad ng mga ginagawa nila bago pa man ang Islam), at katotohanang aking ipinag-uutos na palitan nila ang kalikasan na nilikha ni Allah, (papalitan nila ang likas na pagkilala kay Allah sa kawalang-pananampalataya sa Kanya).*"

Ang pagpapahalaga para sa pariralang ito ng mga iskolar ng Islam at mga medikal na practicioner ay nakakaapekto rin sa kanilang mga pasiya sa mga isyu na gaya ng sekswal na operasyon ng pagpapalit (ng kasarian). Gayunman, sa kabutihang palad, ang pinagkaisan ay ang talatang ito ng Qur'an ay hindi maaaring gamitin o ipagsang-alang bilang isang ganap at radikal na pagbabawal sa genetic engineering. Kung masyadong malayo ang dala nito ay sumasalungat sa maraming paraan ng nakarereremedyong operasyon na tumutukoy din sa ilang pagbabago sa nilikha ng Diyos. Maraming mga isyu sa etikal na pinalaki ng pang-agham na pag-unlad ng genetic engineering. Ang paglikha ng mga bagong bakteryang *mabagsik upang* gamitin sa bayolohikal na panlaban ay isang seryosong *pag-aalala* sa mga naunang bahagi ng pitumpuhan kapag ang teknolohiya ng ***recombinant*** DNA na unang inilarawan. Malinaw na ang ganitong aplikasyon ay maling mali. Ang mga aplikasyon tulad ng diyagnosis, pagpapanatag, lunas o pag-iwas sa mga sakit na namamana ay katanggap-tanggap at maging kapuri-puri. Ang pagpapalit ng gene ay mahalagang pagtitistis sa paglipat kahit na sa antas ng molekular. Ang mga potensyal na posibilidad ng mga

pharmaceutical ng genetic engineering ay magbubukas ng napakalaking tanawin sa paggamot ng maraming sakit at maging ang mga posibilidad sa agrikultura at paghahayupan ay maaaring maging palatadaan sa paglutas ng mga problema ng taggutom sa buong mundo. Ang pangunahing alalahanin tungkol sa genetic engineering ay nakasalalay sa bahagi na hindi alam o batid at sa hindi inaasahang hinaharap. Ang posibilidad ng *paghuhugpon***g** ng mga bagong genes ay hindi lamang sa selula ng somatik kundi pati na rin sa mga selulang mikrobyo na nakakaapekto sa darating na mga henerasyon, maaaring mamya ay nauugnay sa trahedya sa nagpapatuloy na sariling mutasyon. Ang mga panganib na dulot ng atomic radiyasyon ay hindi malinaw para sa ilang mga panahon, ni hindi rin maaaring maisaayos ang pinsala at ang mga tulos na may genetic engineering ay mas mabigat. Ang pagpapakilala ng genetic na materyal mula sa isang uri at sa isa pa, ay halos nangangahulugan ng paglikha ng isang bagong uri sa may halo-halong tampok. Kung ipinagpatuloy ang nakakahiligan ng tao para sa paghahanap ng kawalang-katiyakan hanggang sa ito ay mabatid at ang hindi makamit hanggang sa ito ay matamo kung gayon ang sangkatauhan ay maaaring harapin ng mga *modelo*

ng buhay na lumitaw sa mga biyolohikal na yugto. Maaaring isipin ng agham na ang lahat ay napipigilan samantala ang kaso ay hindi talaga. Dagdag pa, ang pagmamanipula ng mga supling ng tao ay maaaring mapalawig ng higit pa sa pagsugpo ng mga sakit sa paglilinang ng ilang tiyak na pisikal na katangian na itinuturing na kanais-nais humantong sa elitismo at diskriminasyon laban sa (normal) mga individual na kulang sa mga katangian Ang mas masahol pa ay ang pagmamanipula ng pa-uugali kung ang mga gene na tumutukoy sa pag-uugali ay nakahiwalay. Ang alituntunin ng pakikialam sa pagkatao at ang kakayahan nito para sa mga indibidwal na responsibilidad at pananagutan ay tiyak na isinumpa ng Islam. Ang eknolohiya mismo, ang umakit ng malalaking kapital para sa mga namumuhunan, at tiyak na ang mga namumuhunan ay hindi maaring hindi humingi ng pinakamababang pinansiyal na pagbabalik. Ipinagpalit ng maraming siyentipiko ang kanilang mga tore na garing para sa gintuang buhay at ang diwa ng bukas at **walang pag-iimbot** na pakikipagtulungan para sa kalakalan-paglilihim at patentadong paraan ng buhay. Ang mga alalahanin sa moralidad ay ipinahayag nang madala sa pagkakapantay-pantay, katarungan, at ang mga karaniwang pakikitungo.

Marahil ito ay oras na para sa isang komprehensibong pampublikong talakayan at ang inaasahang pagbabalangkas ng isang etikal na Kodigo para sa genetic engineering. Ang isang mahabang kuwento ay nasa paghihintay, at ito ay nagsisimula pa lamang (na magbukas!)

## *PANGHULING SALITA*

Ito ay magiging kaawa-awa kung matigil ang aklat na ito sa yugto na nagbibigay sa mambabasa ng mga impormasyon na nilalaman o nakapaloob dito. Kahit na kung ang mambabasa ay naniniwala sa bawa't salitang isinulat ko at nagtatapos na sana, pakiramdam ko ay napakalayo pa sa tagumpay. Maliban na lang kung ang nagbibigay-malay na yugto ay inililipat sa isang psyco-motor na yugto, ang misyon ay nananatiling hindi nakamit. Maliban kung ang kaalaman ay bumubuo ng isang damdamin (sa puso) na kung saan ay sumasalamin ng pag-uugali, ay mananatili itong kabataang kaalaman tulad ng isang puno na hindi namumunga. Sa aking huling ika-animnapung taon, at pagkalipas ng habang-buhay na pag-aaral, pagmumuni-muni at kaalaman sa pananampalataya sa Islam, nararamdaman ko na ang aking puso ay punong-puno o busaksak ng

pagmamahal. Ito ay isang walang katulad na pagmamahal ng walang mensahe na nakalakip dito. Ang mga puso ay hindi maaaring magkaroon ng vacuum at dapat na puno ng pag-ibig, poot o kawalang-bahala o kawalan ng tiwala. Nararamdaman ko ang pagmamahal sa aking kapwa tao, mga hayop, mga ibon, mga puno, mga bagay, lupa, at ang sansinukob na ating tinitirhan o ginagalawan, at sa kaibuturan ng aking puso nais ko sana na ito ay nakahahawa. Ang pagmamahal ay hindi maaaring maging kapalit ng pulitika, ekonomiya, industriya, pamamahala, paggawa, negosyo o kahit na digmaan. Subali't ang mga tao ay dapat magsimula ng isang paglunsad ng pad. Sa ngayon ito ay naging nakararami ang pagkamakasarili, pagkaganid o kasakiman, kredo o paniniwala, lapastangan o kawalan ng damdamin o paki-alaman, kauna-unahang kahihitnan (ako muna) atbp na nakakalungkot ay gumagana pareho sa mga indibidwal at sa internasyonal na antas.

Kung ito ay maaaring magbago, pagkatapos, ang lahat ay magiging masaya, maging yaong mga handa o nais isakripisyo ang kanilang estilo sa pamumubuhay. Ang pilosopiya ng pag-ibig bilang isang pangunahing pag-uudyok o motibo ay hindi na

bago, ngunit sa ating mga panahon karamihan sa mga tao ay hindi tanggapin o yakapin ito. Umaabot ito sa kabuuan ng (iba't ibang) relihiyon at lahi, kaya ang kahalagahan ng pagtulong, o pag-abot at pagsapi sa isa 't isa. Sa pagkamaging minorya ay walang hadlang sa atin, kung ang pagpigil o pagsupo ay patuloy na umaangat o tumataas. Ito ay isang pangangailangan ng tao na nararamdaman ng sangkatauhan. Ang mga tao ay nagsawa na sa mga lumang paraan, at mayroong espirituwal na pagkauhaw na nagnanais na mapalabas. Sa sandali na ang isang napakaliit na kritikal na masa ay nakikilala, ito ay bubuo ng isang sunud-sunod na reaksyon sa isang nakamamanghang kapangyarihan. Ang mundo ay magbabago, ngunit mas mahusay na ginagawa natin ito mula ngayon, aktibo at masigasig. Tatapusin ko sa mga pagbati sa Islam: Nawa'y ang kapayapaan ay sumasainyo.